



ANG UNANG YANIG NG PADYAK. Binuksan ni Lt. Mendez ang unang araw ng PADYAK sa kanilang *educational talk* tungkol sa *communism, terrorism, and security*.

EDUKASYON AT AKSIYON. Pinangunahan ni Bb. Papa ang *educational talk* ukol sa SSR Bill at ang mga bahagi nito sa ikalawang araw ng PADYAK.

Ang KADLUAN

Sandigan ng Katotohanan. Kanlungan ng Paninindigan.

Maling Liko, Saan Patungo?



5 EDITORIAL

Luha ng Kalangitan



9 LATHALAIN

Sa Pagsapit ng Dilim



13 AGHAM

Casey De Leon, nasulot ang ginto
sa 2022 Asian Taekwondo Championship



20 ISPORTS



BOSES NG MASA, SIGAW NG MADLA. Naglaan ng oras sa PADYAK para sa *open forum* upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa SSR Bill at MROTC.

PADYAK ng Ang Kadluan, umarangkada

Nilunsad ng opisyal na pahayagan sa Filipino ng Makati Science High School (MSHS): Ang Kadluan, ang *two-day educational talk* na pinangalanang PANlipunang Diskusyon at pagpapaYaman sa Ang Kadluan (PADYAK) 2022, kasama ang Kabataan Partylist (KPL) at Philippine Army (PA) sa MSHS Audio Visual Room noong Nobyembre 17-18, na dinaluhan ng mga mag-aaral mula sa ika-11 at ika-12 baitang.

Nilayon ng PADYAK 2022 na makapagbigay ng pahayag ang dalawang panig patungkol sa Safe School Reopening (SSR) Bill at Mandatory Reserve Officers' Training Corps, magkaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral hinggil sa mga nasabing panukalang-batas, at mahasa ang kanilang kritikal na pag-iisip upang maunawaan ang mga argumentong iprinesenta sa ginanap na diskurso.

Nakatuon ang unang araw ng PADYAK sa pagpapakilala ng PA sa kanilang pagtalakay ukol sa Awareness on Communism, Terrorism, and Security

na pinangunahan ng susing tagapagsalita na si 2nd Lieutenant Naomi Mendez.

Umikot naman ang ikalawang araw ng diskurso patungkol sa mga kalakip ng SSR Bill na pinamunuan ng susing tagapagsalita na si KPL Secretary-General Julius Arvin Cantiga, kasama si KPL Education Research Officer Athea Beatrice Papa.

Nairaos ang programa hindi lamang dahil sa pamunuan ng Ang Kadluan, kundi pati na rin sa tulong at suporta na ibinigay ng Supreme Student Government at Senior High School Department.

"Sa palagay ko ang meaning ng programa na iyan is magbigay ng kamalayan kung ano 'yung panlipunang isyu na nagaganap ngayon sa bansa. Definitely, naging matagumpay siya kasi natupad yung layunin," pahayag ni Danica Mariane Tocong ng 11-Leibniz, isang estudyanteng dumalo sa programa.

Renzo Rafael Mabansag Camacho



PANITIKAN
Pahina 17

Magwagi at Manguna G. Bunagan, umupong bagong punong-guro ng MSHS

John Mikko Ogabang Suyat at Lee Ramses Macale Ibañez

"Iba yung pakiramdam ng isang principal na ma-assign dito sa Makati Science High School. Natuwa ako, na-excite, at the same time, natakot din kasi siyempre I will be facing ... smart students and I will be facing smart teachers."

Ito ang nadama ni G. Felix Bunagan nang malaman niyang siya ang magiging bagong punong-guro ng Makati Science High School (MSHS) simula Marso 21, 2023.

Halos pitong taon nang naninilbihan bilang punong-guro si G. Bunagan sa mga matataas na paaralan sa Makati: Hunyo 2016 hanggang Oktubre 2018 sa Bangkal High School, Oktubre 2018 hanggang Oktubre 2019 sa Pitogo High School, Oktubre 2019 hanggang Marso 2023 sa Makati High School, at Marso 2023 hanggang sa kasalukuyan sa MSHS.

Bago pa man makaapak sa MSHS si G. Bunagan ay naniniwala na siyang matatalino ang mga mag-aaral at guro mula rito na agad niyang nakumpirma sa unang pagkakataong nakapagsalita siya sa harap ng mga ito.

"Noong unang nagsalita ako sa harap ... I confirmed my impression, 'no. Ang impression ko is kapag yung mga bata ay nagrespetuhan, sumusunod, these are smart students. And, I saw it when I first speak [spoke] in front of the students in junior high school and senior high school. And of course, yung teachers also, ganoon din." saad ni G. Bunagan sa panayam ng Ang Kadluan.

Mayroong tatlong adbokasiya si G. Bunagan

na kasalukuyan niyang ginagawan ng paraan upang maisulong sa paaralan: *innovation at research* bilang *science major*, at *sports* bilang manlalaro ng basketball.

Ngayong bagong upong punong-guro, inaasahan ni G. Bunagan, kaakibat ng kaniyang lubos na suporta, ang pagwawagi ng mga mag-aaral mula sa MSHS na lumalaban sa mga patimpalak sa loob at labas ng Makati.

"When we join contests within the division or outside, we must win para makilala ang ating eskuwelahan. Diba ang laging nakikilala yung nananal. 'Yun ang gusto ko mangyari sa Makati Science ... Puhunan natin ang ating mga achievements, but of course, para ma-achieve, kinakailangan ng full support ... so what we, what I attempt to do is to give all the necessary support to students, especially to those programs who are aligned to innovation, research, and some other sports," sambit ni G. Bunagan.

Kung may isang salita, para kay G. Bunagan, na maglalarawan ng kaniyang pangitain sa paaralan, ito ay *lead*—bilang isang akademikong institusyong binubuo ng pinakamagagaling na mag-aaral sa lungsod, dapat tayo ang nangunguna sa *academics, innovation, research, sports*, at sa pagiging mabuting tao.

Sa kabila ng mga hangarin niya para sa MSHS, hindig-hindi pa rin makalilimutan ni G. Bunagan ang halo-halong emosyong nadama niya nang mapag-alaman niyang ito na ang bagong paaralang huhulmahan niya para sa ikabubuti nito.



BAGONG PUNONG-GURO PARA SA BAGONG PANAHOON. Ibinahagi ni G. Bunagan ang kaniyang mga saloobin bilang bagong punong-guro ng Makati Science High School.

HYBRID-GADA ESKWELA, ISINAGAWA ONLINE AT FACE-TO-FACE USAPANG PAMPAMILYA AT PANGKALUSUGAN, MASIGLANG NILAHUKAN

Buong giliw na sinalubong ng mga mag-aaral, guro, boluntaryo, at staff ng Makati Science High School (MSHS) ang *kick-off parade* ng Brigada Eskwela (BE) 2022 na may temang “Tugon sa Hamon ng Ligtas na Balik-aral,” noong Agosto 15, 2022, kung saan inulan ng suporta mula sa komunidad ng MSHS ang mga kalakip na aktibidad nito mapa-online man o face-to-face.

Pinangasiwaan ng Armed Forces of the Philippines ang pagpapalit ng mga basag na tiles ng eskuwelahan, kasabay ng kapit-bisig na pakikilahok ng komunidad ng MSHS sa mga taunang gawain ng BE tulad ng pakikiisa sa mga donasyon, pagsinop sa mga pasilidad, at pagpipintura, pati na ang pagtugon sa pinasinayaang Gulayan sa Paaralan 2022 at MakSci Wash-in-school.

Sama-sama ring dinaluhan ng mga tagasuporta ng BE ang programang “Kweentuhan” at “Positive Discipline and Strong Families with Drug Abuse Prevention and Control,” kung saan kanilang napakikingan si Bb. Tatyana Alexi Austria, MakSci alumna at Miss Eco Teen Philippines 2021, at Bb. Jenilyn Suarez pati G. Reynaldo Pontilla, mga kawani ng lungsod mula sa Preventive, Education, Training and Information Dissemination Services division at Makati Anti-drug Abuse Council, na mga susing tagapagsalita ng online seminar noong Agosto 17.

“Kung maganda po ‘yung environment na ating kinabibilangan, most probably ‘yung bata po ay nagiging maayos din compared doon sa mga bata na hindi mayadong maayos ‘yung environment na kinalakihan,” diin ni Suarez sa nasabing palatuntunan.

Aktibo ring nilahukan ng mga batang MakSci, magulang, guro, at mga



PARA SA PAARALAN. Nagtanim ang mga miyembro ng ALERT ng Makati Science High School ng mga bagong halaman bilang parte ng kanilang Brigada Eskwela.

boluntaryo ang isa pang webinar na tumatalakay naman sa “Nutrition and Healthy Lifestyle for Teens and Reading Nutrition Facts,” noong Agosto 19, sa ganap na ika-1 na hanggang ika-3 na, na doo’y naging panauhing tagapagsalita si Bb. Jelleivic Lagrazon, registered nutritionist-dietitian ng Philippine General Hospital.

Ipinunto sa talakayan kung paano dapat tugunan ang epektong dulot ng puberty sa mga adolescent na siyang nakaaapekto sa pangangailangang sustansiya ng kanilang katawan; kaya naman, bukod sa pagkonsumo ng masusustansiyang pagkain, inirerekomenda ang pamamalagi ng healthy active lifestyle sa pagpapatibay ng resistensiya.

Naging magandang oportunidad ang programa upang maisulong pa ang Pinggang Pinoy mula sa Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology.

“Ang Pinggang Pinoy po ay may mga rekomendasyon sa tamang pagkain ng bawat tao upang matugunan ‘yung pangangailangan ng katawan...ito po ay nagpapakita ng inirerekomendang proporsiyon ng pagkain mula sa Go, Grow, at Glow foods,” ani Lagrazon sa programa.

Isinagawa sa Zoom ang talk at dalawang webinar habang sabay ring naka-livestream sa Facebook para sa mas kombenyenteng paraan ng pagdalo ng mga naganais.

Pinasalamatan naman ng MakSci faculty ang Rotaract Club of Makati sa pamamagitan ng maikling programa sa school grounds noon ding Agosto 19 para sa pagkakawanggawa ng organisasyon na pamahagian ng infographics at signages ang paaralan ukol sa pangkaligtasang health protocols ng mga estudyante sa pagbabalik ng face-to-face classes sa gitna ng pandemya noong Agosto 22.

Jerah Bernard Lumaban Eusebio

MSHS Alumni, bilang kalihim ng SGC kasama sina Brgy. Cembo Captain Hon. Romeo Millo, Sangguniang Kabataan (SK) chairperson at SK Federation President of Makati Hon. Rodolfo San Pedro, at Cembo Parents Organization President G. Edwin Galigao.

Kasapi rin ng konseho bilang Non-Voting Members sina SSG Adviser G. Oliver Borromeo, Pangulo ng Makati Secondary Schools Editors Guild Iseyaa Patingo, Punong Patnugot ng The MSHS Vision Ana Zoe Davad, Head Guard G. Randy Raner, Leadman ng Alert Cleaning Services G. Reden Pechardo, School Nurse Bb. Janine Angela Engana, Head Teacher Bb. Michelle Yakit, at SPTA Vice President Gng. Maribell Terrado.

“We turn the room into a war room so balitaktakan ‘yan, we weigh in, we consider pros and cons, approve ba or hindi ganoon, ‘yun ang kagandahan ng SGC,” ani G. Vidallo.

Tiwala naman si G. Michael Mercado, nagdaang officer-in-charge ng paaralan, na malaki ang maitutulong nito upang palakasin ang mga mabubuong polisiya sa hinaharap.

Naipanukala ng SGC ang Retention Policy para sa kasalukuyang taon kabilang na rin ang No Homework on Weekend Policy.

Symmon Rei Belleza Coliat



KONSEHO TUNGONG KATAGANI! Itinatag ang Supreme Governance Council sa Makati Science High School sa bisa ng DepEd Order No. 26, series of 2022 na naglalayong suportahan ang edukasyon ng mga mag-aaral dito.

School Governance Council, itinatag

Isinatuparan sa bisa ng DepEd Order No. 26, series of 2022 ang pagbuo ng School Governance Council (SGC) sa Makati Science High School (MSHS) noong Oktubre 2022 na naglalayong lalong pagtibayin ang mataas na antas ng edukasyon ng mga mag-aaral.

Pinangungunahan ni G. Mark Anthony Vidallo ang Internal Voting Members ng komite bilang co-chairperson, kasama sina Prefect of Discipline G. Ulysses Bert Vasquez, Senior High School Subject Group Head G. Owen Ombid, Faculty Club President Gng. Jenny

Olinares, kasapi ng School Parent-Teacher Association (SPTA) Board of Directors G. Mark John Macola, School Disaster Risk Reduction Management Coordinator G. Ernell Placido, Guidance Coordinator Gng. Marites Delariarte, Administrative Officer G. Antonio Mateo, Supreme Student Government (SSG) President Lee Ramses Ibañez, at SSG Vice President Lorraine Grace Basada.

Itinalaga naman si G. Zeon Valdez, pangulo ng SPTA, bilang co-chairperson ng External Voting Members at si Bb. Melody Italio, coordinator ng

Unang radyo ng MSHS, namayagpag

Andrew James Ja-luag Tulin

Inulan ng positibong komento ang kauna-unahang radyo ng opisyal na pahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati: Ang Kadluan, na nagngangalang Lakbay Kalayaan, sa kanilang paglunsad ng proyektong Yumayabong na Adhikain sa Pamamahayag ng Ang Kadluan (YAPAK) 2022 noong Agosto 24-29, gamit ang Facebook live.

Itinulak ng proyektong ito na mailahad sa nakararami ang mga orihinal na akda, karanasan, at kahusayan ng mga mag-aaral sa paraang pagsasahimpapawid online.

Isinaad ni Iseyaa Anir Patingo, pangulo ng Makati Secondary Schools Editors Guild, na naging makulay ang reaksiyon ng mga mag-aaral mula sa iba’t ibang baitang dahil sadyang naging kawili-wili ang YAPAK dulot ng paglalahad nito ng mga kuwento sa segmentong ‘Basta’t MakSci-ya Ka,’ mga bigkasang tula at akdang pampanitikan sa ‘Haraya ng Maya,’ mga lokal na awitin sa ‘Oh, PM,’ at mga inter-aksiyon sa mga

tagapakinig sa ‘Isang Tanong, Isang Sagot’.

Dagdag pa ni Patingo na ang biglaang paglabas ng Department of Education Order No. 206, na siyang nagbabawal sa paggambala sa mga oras ng klase, ay naging hadlang sa paglunsad ng proyekto na kinailangan nilang solusyonan sa pamamagitan ng paggamit ng alternatibong plataporma upang mailahad ang radyo sa

publiko.

“Hindi naging madali kasi sobrang laking change niya for us dahil nag-practice na kami nang naka-speakers, tapos biglang bawal pala. However, natuwa rin naman kami sa naging kinalabasan kasi nakikita namin ‘yung live reactions ng mga mag-aaral,’ hayag ni Patingo.



ANG RADYO NG DIYARYO. Inilunsad ng Ang Kadluan ang kauna-unahang radyo, ang DZMK 89.5, sa Makati Science High School.



BALIK SA ESKWELA, BALIK SA EKSENA! Muling tumapak sa loob ng Makati Science High School ang mga mag-aaral matapos ang mahigit dalawang taong distance learning.

MAKSCI, BALIK ESKWELA NA

Balik face-to-face classes (F2F) na ang mga mag-aaral sa junior at senior high school ng Makati Science High School (MSHS) noong Agosto 22, 2022, matapos ang mahigit dalawang taong distance learning.

Alinsunod sa DepEd Order (DO) No. 034, series of 2022 na nilagdaan ni Vice President at DepEd Secretary Sara Duterte, nakatakdang magsimula ang mga klase sa nabanggit na petsa at magtatapos naman sa Hunyo 7, 2023.

Batay rin sa nabanggit na DO, wala nang karagdagang pangangailangan ang mga paaralan at kaya nang ipatupad ang limang araw ng F2F, liban na lamang sa pagsunod sa mga karaniwang pre-pandemic regulatory tulad ng tamang pagsusuot ng face mask, paghuhugas ng mga kamay, pati na rin ang paggamit ng air purifier, UltraViolet-C Light, at alcohol dispenser sa bawat silid-aralan na inihanda naman ng pamunuan ng MSHS.

Ayon kay G. Michael Mercado, nagdaang officer-in-charge ng MSHS, kabilang ang nasabing paaralan sa 37 paaralan ng Makati na sumabak sa hamon ng pagbabalik-eskwela na nagpatupad ng 100 porsiyentong in-person classes.

Dagdag pa sa naging preparasyon ang pagsasagawa ng Brigada Eskwela kung saan nagkaroon ng school tour para sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang, oryentasyon para sa mga magulang at guro, mga kagamitan para sa pagsunod ng paaralan sa health and safety protocols, at mga pangangailangan ng mga gurong makatutulong sa pagbabalik ng mga mag-aaral.

“Nagbukas ng full face-to-face noong August 22 dahil ready tayo at kaya nating, ika nga, harapin kung ano ‘yung mga challenges na ibibigay ng full face-to-face kaya we are proud of that,” ani G. Mercado.

Khrysthine Laurhen Enciso Bechayda

ILUSYON, nagbalik entablado matapos ang apat na taon

“ESTERORISTA,” ITINANGHAL NANG TATLONG BESES



ESTERORISTA, KAMI'Y PAMILYA. Ipinamalas ng ILUSYON ang kanilang angking talento sa pagganap, pagkanta, at pagsayaw sa kanilang produksiyong pinamagatang “Esterorista.”

Binuksan muli ng teatrong Ipinapakita ang LUMalagong Sining at Yamang Obrang Natatangi (ILUSYON) ang telon nang itanghal nila ang produksiyong “Esterorista,” ang ikatlong produksiyon kasunod ng “Pinagmulan ng Aswang” noong 2019, sa entablado ng Makati Science High School (MSHS) noong Marso 4, 2023.

Naglaan ng tatlong time slots ng pagtatanghal ang ILUSYON upang mabigyan ng pagkakataon ang buong komunidad ng MSHS na masaksihan ang produksiyon: 9:00 nu hanggang 11:00 nu para sa ika-7 at ika-8 baitang, 1:00 nu hanggang 3:00 nu para sa ika-9 at ika-10 baitang, at 4:00 nu hanggang 6:00 ng, para sa mga mag-aaral sa senior high school, mga magulang, at alumni.

“Ipinamamalas ng produksiyong ito ang tunay na kalagayan ng ating lipunan ... ang

pagtrato ng mga mayayaman sa mga nakatira sa estero bilang terorista o sa madaling salita, ang mababang pagtingin ng mga nasa itaas sa mga taong nasa laylayan,” ani Allena Erica Cruz, direktor at pangulo ng ILUSYON.

Pinarangalan naman sa huling bahagi ng pagtatanghal ang mga miyembro ng ILUSYON mula sa ika-12 baitang alinsunod sa kanilang tradisyong kilalanin at pasalamatang ang dedikasyong inilaan ng mga ito sa teatro.

Nagsagawa ng display picture blast ang mga miyembro ng ILUSYON noong Pebrero 28, 2023 kasunod ng pagpapakilala ng mga pangunahing tauhan ng “Esterorista” sa kanilang official Facebook page, bilang promosyonal na materyales ng noo’y papalapit na pagtatanghal.

Ashley Nicole Peralta Fajardo

LUNGSOD NG MAKATI, PINARANGALAN NG GAWAD KALASAG AWARD

Dawn Aldrin Tubo Francisco

Nagkamit muli ang lungsod ng Makati ng karangalan sa ika-22 Gawad KALAMIDAD at sakuna LAbanan, SARiling Galing ang kaligtasan (KALASAG) National Awarding Ceremony na pinangunahan ng National Disaster Risk Reduction and Management Council sa The Manila Hotel noong Disyembre 7, 2022.

Tinanggap nina Makati City Mayor Mar-len Abigail Binay at Makati Disaster Risk Reduction Management Chief Richard Rodriguez ang Gawad KALASAG Seal of Excellence Award, matapos manguna ang lungsod sa Local Disaster Risk Reduction and Management Councils and Offices category na may *“Beyond Compliant”* rating na 2.58.

“I am delighted with the results of the 22nd Gawad KALASAG. We are grateful for this recognition as it affirms our commitment to a disaster-ready and resilient Makati,” pahayag ni Mayor Binay.

Mandatory ng isinasagawa ang Gawad KALASAG upang parangalan ang *local government units* na nagpamalas ng kanilang kahusayan sa pagpapatupad ng mga programa laban sa mga sakuna at kalamidad.

Maaalaalang noong Setyembre 2022 ay kinilala rin ang Makati bilang kauna-unahang *resilience hub* sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya ng United Nations Disaster Risk Reduction.



K HINAHARAP, HANDANG HARAPIN! Nagwagi ang lungsod ng Makati sa muling pagtamo ng gantimpala sa ika-22 Gawad KALASAG National Awarding Ceremony na pinangunahan ng NDRRMC.

MakSci Mathletes, kampeon sa PSA Statistics Quiz Guild ng Makati

Luis Maverick Guacena Encarnado

Nagpamalas ng galing sa nisipnayan ang tatlong mag-aaral ng Makati Science High School (MSHS) matapos nilang magtagumpay sa kauna-unahang Intercity Statistics Quiz - Group Category ng Philippine Statistics Authority na idinaos sa EDSA Grand Residences, Quezon City noong Oktubre 28, 2022, bilang bahagi ng selebrasyon ng ika-33 National Statistics Month na may temang *“Boosting the Country’s Recovery with Informed Decisions, Better Policies.”*

Kinilala sina Matthew Ivan Galvez ng 11-Descartes, John Clarence Cruzado ng 11-Fermat, at Joseph Benedict Gatmen ng 12-Biyo bilang mga kampeonato sa nabanggit na patimpalak.

Isinaad ni Galvez na naging malaking tulong sa kanilang pagkapanalo ang mga materyales pang-matematika na ibinigay ni

Gng. Reverie Vargas, tagapagsanay ng grupo, dahil ang mga nilalaman nito ay sadyang humasa sa kanilang kakayahan.

Ayon naman kay Cruzado, hindi na bago sa kanila ang naging karanasan sa kompetisyon dahil mula noong elementarya ay sumasabak na sila sa mga paligsahan na kung minsan ay kalaban pa niya ang ngayong kakampi na si Galvez.

Nakilahok din sa patimpalak ang lungsod ng Navotas, Valenzuela, Taguig, at Malabon, kung saan nagtagisan ng galing ang mga grupo ng mag-aaral mula sa nabanggit na mga lungsod upang makahakot ng pinakamaraming puntos sa paligsahan.



K MAGSISILBI NANG TAPAT. Nahalal sa pagkapangulo ng FESGOM si Ibañez (pangalawa mula sa kanan) na kung saan ay nangakong maglilingkod siya para sa ikabubuti ng mga mag-aaral ng Makati.

F2F Club Fair, sumiklab muli sa MakSci

Renzo Rafael Mabansag Camacho at Andrew James Ja-luag Tulin



K HALINA'T SUMAMA KA! Ginanap ang *face-to-face club fair* sa Makati Science High School sa pamamahala ng SSG matapos ang dalawang taong pagsasagawa nito online.

and Technology Organization (SciTech), Youth for Environment in School's Organization (YES-O), Student Anti-Drug Abuse Council (SADAC), at ang The Makati Science Vision.

Ayon kay Ashley Nicole Fajardo, pangulo ng SADAC, isang bagong tatag na organisasyon sa paaralan, inaasahan na niyang magiging mahirap ang unang *face-to-face* na paglulunsad nila ng *recruitment* kaya aminado siyang hindi ito naging pulido ngunit maayos namang nairaos.

“In-expect ko na magiging difficult yung execution since maraming freshmen, like tatlong

batches ang hindi pa nakakaranas ng club fair face-to-face so parang masyadong mataas yung expectations. Paano ba 'yung club system sa MakSci? Hindi nila alam,” paliwanag ni Fajardo.

Batay naman sa pangulo ng SSG na si Lee Ramses Ibañez, nais niyang maipagpatuloy sa susunod na taong panuruan ang naumpisahan ng kaniyang termino sa muling pagdaraos ng *club fair*.

“We did what we could, lalo na kagagaling lang from pandemic, pero I hope next year mas maayos na dahil nasimulan na this year,” pahayag ni Ibañez.

ILUSYON, namayagpag sa DokyuBata 2022

Sinungkit ng opisyal na teatro ng Makati Science High School (MSHS): Ipinapakita ang LUmalogong Sining at Yamang Obrang Natatangi (ILUSYON), ang Best Story (Children's Division) at Gender Sensitive Documentary (Children's Division) sa kanilang produksiyong pinamagatang *“A Man's Best Friend”* sa birtwal na paggawad ng parangal ng DokyuBata 2022 noong Nobyembre 11, 2022.

Tampok sa palabas si Lorraine Grace Basada bilang Gail Salor, at sina Leila John Lumbao, James Vincent Enriquez, Symmon Rei Coliat, at Jann Rhyxczy An Inocencio bilang mga pang-suportang aktor.

Ani G. Jayfel Balingasa, tagapayo ng ILUSYON, layon ng maikling pelikula na bigyang-inspirasyon ang mga kabataang

dumaranas ng malaking dagok sa kanilang mga buhay, gaya ng *cancer survivor* na si Gail Salor, sa tulong ng modernong *“man's best friend,”* ang teknolohiya.

“Ito ay tungkol kay Gail, sa isang batang nadugtungan ang buhay gamit ang cellphone, dahil sa pagtutulongan gamit ang cellphone,” pahayag ni G. Balingasa.

Dagdag pa niya, ang pagkapanalong nakamit ay hindi lamang para sa ILUSYON kung hindi ay para din sa mga estudyante ng MSHS na ang kakayahan ay higit pa sa siyensya at matematika lamang.

Kinalakipan ng dalawang tropeo ang naging tagumpay ng ILUSYON na kasalukuyang nasa pangangalaga ni G. Balingasa.

Cristine Jalina Magistrado



Batang MakSci, Batang may YES!

Youth Excellence Award (YES), iginawad ng DOST-SEI sa mga Batang MakSci

Ginawaran ng Department of Science & Technology-Science Education Institute (DOST-SEI) ang ilang mag-aaral mula sa Makati Science High School ng Youth Excellence in Science (YES) Award sa isang seremonyang isinagawa online noong Nobyembre 25, 2022.


Kabilang sina Ron Aldwyn Abustan ng 11-Curie, Matthew Ivan Galvez ng 11-Descartes, Dennis Gabriel Sta. Catalina ng 10-Faraday, at Samantha Mykhyle Francisco ng 10-Maxwell sa 1,082 mag-aaral na nagkamit ng parangal.

Ang YES Award ay isang pagkilala sa mga estudyanteng

nanalo ng ginto, pilak, o tansong medalya sa mga internasyonal na patimpalak sa larangan ng agham at matematika.

Ayon kay Abustan, ang kaniyang pagkahumaling sa matematika at suporta ng mga magulang ang nagbigay sa kaniya ng motibasyon upang magpursigang makuha ang gantimpala.

“Siyempre po una sa lahat, thankful ako kasi 'yung award na 'to parang hindi basta-basta mo makukuha. May mahabang proseso at paghihirap



and ayun lang,” pahayag niya sa panayam ng Ang Kadluan.

“It is a humbling moment for us at the Department of Science and Technology to be given the opportunity to celebrate the wins of four young geniuses who bagged awards from various international mathematics and science competitions,” puri naman ni DOST-SEI Director Dr. Josette Biyo sa mga pinarangalan.

Mercy Grace Maccay

Maging Tulay ng mga Mag-aaral at Guro Ibañez, itinalagang Pangulo ng FESGOM

Hinirang bilang pangulo ng Federation of Student Governments of Makati (FESGOM) si Lee Ramses Ibañez, presidente ng Supreme Student Government (SSG) ng Makati Science High School (MSHS), sa naganap na halalan noong Setyembre 27, 2022 na nilahukan ng 12 presidente at pangalawang pangulo ng SSG mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ng lungsod.

Nailuklok na sa ikaanim na pagkakataon bilang pinuno ng FESGOM ang presidente ng MSHS-SSG kaya naman ibig tapatan ni Ibañez ang mga naitalagang *standards* ng mga nagdaang pangulo sa pamamagitan ng patuloy na pagtugon sa kaniyang responsibilidad bilang pangunahing kinatawan ng buong *student body* ng Makati.

“Isa sa mga responsibilidad ng student-leader na maging tulay between student and teacher kasi iyon naman talaga

ang isang student-leader,” sambit ni Ibañez sa panayam ng Ang Kadluan.

Naitalaga rin siya bilang *board member* sa nagdaang eleksiyon ng Regional Federation of Supreme Student Government para sa taong panuruan 2022-2023 noong Oktubre 18, 2022 na ginanap sa opisina ng Department of Education-National Capital Region (NCR).

Dinaluhan ni Ibañez, kasama ang iba pang pangulo ng pederasyon ng bawat lungsod ng NCR, ang Training on First Aid, Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) with AED and Basic Life Support noong Nobyembre 28-29, 2022 kung saan natamo niya ang sertipikong nagpapatunay sa kaniyang kakayahang makapagsagawa ng CPR sa oras ng emerhensiya.

Jerah Bernard Lumaban Eusebio

Mga Guro ng Makati, pinarangalan sa Gawad Katapatan 2022



KATUWANG NG KATAPATAN SA KABATAAN. Kinilala't pinarangalan ang mga guro ng Makati sa mensahe ni Gng. Riddle sa ginanap na Gawad Katapatan, Gawad Pasasalamat, at Gawad Tanglaw

Pinarangalan ng gantimpala ang mga guro ng Makati sa Schools Division Office (SDO) of Makati: Gawad Katapatan, Gawad Pasasalamat, at Gawad Tanglaw, na ginanap noong Disyembre 15, 2022 sa Makati Coliseum.

Malugod na binati nina Mayor Mar-len Abigail Binay-Campos, Vice Mayor Monique Yazmin Maria Lagdameo, Cong. Luis Campos Jr., Cong. Romulo "Kid" Peña Jr., at ng iba pang mga konsehal ang mga gurong tinaguriang *loyalty awardees* para sa Gawad Katapatan Fiscal Year 2022, dahil sa kanilang patuloy na paglilingkod sa loob ng maraming taon.

Binigyang-paggalang ang 721 *loyalty awardees* at 73 *retirees* na mga guro ng lungsod at ginantimpalaan ng insentibo batay sa haba ng kanilang serbisyo bilang guro, pati na rin ng *bronze pin*, *silver ring*, *gold medallion*, at Department of Education-Makati *customized wrist watch*.

Kinilala ang ilan sa mga guro ng Makati Science High School tulad ni Gng. Lourdes Maglalang sa kaniyang 30 taong serbisyo.

Binigyang-pugay rin sina Gng. Editha Cuenco, Gng. Maria Del Socorro Leonida, at Gng. Maria Theresa Muñoz, kasabay ng mga *admin* ng paaralan na

sina G. Jean Thaddeus Baptista at Gng. Maria Dapalla sa kanilang 20 taong pagseserbisyo.

Pinagkalooban naman ng parangal para sa 15 taong paglilingkod sina G. Oliver Borromeo, Gng. Marites Esquejo, Bb. Daisy Gacha, Gng. Desiree Joy Gumapac, G. Andrian Mesa, Gng. Luzviminda Ramos, Bb. Marissa Razon, Bb. Esperanza Sabangan, G. Aver Sister, at G. Mark Anthony Vidallo.

Ginawaran din ng pagkilala sina Gng. Liana Antonio at Gng. Jacquelyn Cariaga sa kanilang 10 taong pagseserbisyo.

Nagdaos ang SDO-Makati ng mga palaro at *pa-raffle* para sa mga guro at nag-alay rin sa kanila ng kanta ang mang-aawit na si Niño "Nyoy" Volante.

Muling inilunsad ng SDO-Makati ang Gawad Katapatan matapos ang dalawang taong pagpapaliban bunsod ng pandemyang COVID-19, upang maipagpatuloy ang pagbibigay-pugay sa mga opisyal, guro, at empleyadong patuloy na naglilingkod sa ilalim ng pamahalaan.

Mica Ella Pagar Rivero

Irlandez, wagi sa GSA Spring Challenge

Nasungkit ng estudyanteng mananaliksik na si Marianne Irlandez ng 12-Zara, miyembro ng Team Power On, ang kampeonato sa birtwal na Global STEM Alliance (GSA) Spring Challenge sa ilalim ng "Flexible Use of Electricity-Junior Academy" noong Hunyo 22, 2022.

Inorganisa ng GSA ang Spring Challenge upang maipamalas ng mga estudyante mula sa iba't ibang panig ng mundo ang kanilang kakayahan sa paglutas ng mga napapanahong problema sa samot-saring sektor ng agham.

Kinilala ng GSA ang solusyon sa wasto at makabagong paggamit ng koryente ng Team Power On sa pamamagitan ng tatlong *apps*, kabilang na ang *educational app* para sa pagtuturo ng mga konsepto ukol sa kalakalan ng koryente, pangalawa para sa pagkokontrol at pamamahala ng koryente sa bahay, at pangatlo ang *forecasting and demand app* na kayang manipulahin ang kalakalan ng enerhiya sa pagitan ng mga nangangailangan nito at mga nagbebenta ng naimbak na enerhiya sa kanilang *solar*

panels.

Bukod kay Irlandez, binubuo rin ang Team Power On ng iba pang mga mananaliksik mula sa iba't ibang bansa, kabilang na si Abhi Gupta ng India, Elijah Umana ng Nigeria, Shreya Jain ng Canada, at ang tagapayo na si Muhammad Mahad Malik ng Pakistan.

Ayon kay Irlandez, ang paggamit ng enerhiya ay karapatan ng

bawat mamamayang Pilipino, bata man o matanda, at karapatan din ng lahat na maging edukado ukol sa kung paano ito gagamitin sa pinakamabisang paraan.

"We, as a team, are working on a method never to let the light go off, for this is the future that we envision, so we are Power On!" saad ng Team Power On.

Pauline Stump Galias



PAGTANGGAP NG HAMON. Umuwing tagumpay si Irlandez at ang kanyang mga kagrupa sa Team Power On na mula sa iba't ibang bansa sa GSA Spring Challenge na ginanap online.



MakSci Mathletes, nagpakitang gilasp sa TIMO National Heat Round

Angel Cris Tandog Maligro

Humakot ng mga parangal ang anim na mag-aaral ng Makati Science High School (MSHS) sa ginanap na Thailand International Mathematical Olympiad (TIMO) National Heat Round noong Oktubre 23, 2022 na isinagawa online.

Nagwagi ng pilak na medalya si Samantha Mykhyle Francisco ng 10-Maxwell sa Senior Secondary Level, samantalang nagtamo naman ng tansong medalya sina Rayver Cruz ng 7-Archimedes sa Secondary 1 category

at Patricia Nicole Tan ng 8-Darwin sa Secondary 2 category.

Hinirang na *bronze medalist* sina Frances Deborah Arcalas ng 9-Becquerel at Rhianna Mikaella De Sotto ng 9-Lavoisier sa Secondary 3 category, habang *merit award* naman ang nakamit ni Denise Summer Bajar ng 9-Roentgen sa parehong categorya.

Ayon kay Tan, labis ang kagalakang naramdaman niya nang magwagi sa pinakaunang paligsahang nilahukan niya bilang mag-aaral sa

MSHS.

"Nung nanalo ako, hindi ko mailarawan kung gaano ako kasaya, kasi hindi ko talaga inaasahang mananalo ako ng parangal sa ganitong kompetisyon dahil ito ang isa sa mga una kong math contests na pinasukan dito sa MakSci," ani Tan, isa sa mga nagkamit ng parangal.

Magpapatuloy sa *final round* ng TIMO ang mga mag-aaral na nagkamit ng *gold*, *silver*, at *bronze medal* na birtuwal na gaganapin sa Marso 31 hanggang Abril 3, 2023.

MakSci Mathletes, nanaig sa PhIMO Final Round

Namayagpag ang dalawang piling mag-aaral ng Makati Science High School sa *final round* ng Philippine International Mathematical Olympiad (PhIMO) na ginanap noong Setyembre 25, 2022 sa pamamagitan ng *online website* na ClassMarker.

Kapuwang nagwagi ng tansong medalya sina Alexandrelle Pancubila ng 7-Copernicus sa Primary 6 category at Jairus Alfred Cruz ng 8-Leeuwenhoek sa Secondary 1 category ng kompetisyon.

"Naging mahirap pa rin ang kompetisyon dahil nahirapan pa rin ako sa paghahanda. Naging madali naman ang pag-set-up ng mga kailangan bago ang kompetisyon, gaya ng laptop, headphones, background, at siyempre ang aking sarili," ani Cruz.

Ipinahayag din ni Cruz ang kasiyahan para sa natamang gantimpala at ang pasasalamat para sa suportang ipinamalas ng kaniyang ama.

"Hindi ko talaga makakalimutan dahil sa tindi ng saya na ibingay sa'kin ng premyong nakuha ko. Pinasalamatan ko rin ang tatay ko dahil siya ang nagturo sa'kin ng

mga bagay na nagamit ko sa kompetisyong ito," saloobin ni Cruz.

Inanunsiyo ang mga nagwagi sa kompetisyon sa opisyal na Facebook *page* ng PhIMO noong Oktubre 15, 2022 at birtwal naman silang ginawaran ng parangal sa YouTube *channel* ng Math Olympiads Training League Inc. nang parehong araw sa

ganap na 7:00 ng gabi.

Matatandaang noong nakaraang taon ay nag-uwi si Cruz ng pilak na medalya sa Secondary 1 category ng parehong patimpalak.

Hazel Ann Dueñas Frane



KAHUSAYAN SA MATEMATIKA. Nakuha ng dalawang estudyanteng sina Cruz at Santos ang pagkapanalo sa 18th International Mathematics Competition sa Singapore pagkatapos ipakita ang kanilang gilasp sa sipnayan.



PANG-MATH-IGASAN. Ipinamalas ng mga MakSci Mathletes ang kanilang galing at katatagan nang makaabot sila sa *final round* ng Philippine International Mathematical Olympiad.

Ang
KADLUAN
Journal of Education, Journalism and Publicity

OPISYAL NA PAHAYAGAN SA FILIPINO NG
MATAAS NA PAARALANG PANG-AGHAM NG MAKATI
KALAYAAN AVENUE, BARANGAY CEMBO, LUNGSOD
NG MAKATI, PILIPINAS

JOHN MIKKO OGABANG SUYAT
PUNONG PATNUGOT

MARIE CONCEPCION PADUA SOLIVEN
PANGALAWANG PATNUGOT

CARISSA DANIELLE ACUYONG BREIS
TAGAPAMAHALANG PATNUGOT

HAZEL ANN DUEÑAS FRANE
PATNUGOT SA BALITA

LHEIZA JHOY JUEN CARO
PATNUGOT SA ISPORTS

ZULLIAN SCIATZY PACHES GOMEZ
PATNUGOT SA LATHALAIN

JOHN MIKKO OGABANG SUYAT
PATNUGOT SA AGHAM AT KALUSUGAN

MARIE CONCEPCION PADUA SOLIVEN
ISEYAA ANIR CARLOS PATINGO
PATNUGOT SA PANITIKAN

JERAH BERNARD LUMABAN EUSEBIO
PAGWAWASTO AT PAG-UULO

LEE RAMSES MACALE IBAÑEZ
PAGKUHA NG LARAWAN

ALBERTO CAINTIC TORRES JR.
JULIANA DE JOSE MUHI
ARABELLA RYANNA ANDAYA REYES
CHELSEA JEMIMAH VILLENA GUPO
ROAN JESSA PAROHINOG BODINO
RICHARDSON GANCEA TUBO
ALLEN YEZA SILVESTRE MAGPANTAY
PAGLALAPAT AT DISENYO

CHELSEA JEMIMAH VILLENA GUPO
MARIE CONCEPCION PADUA SOLIVEN
JONATHAN ALISTAIR BRISO DIMAYUGA
DANIEL LEGASPI EMBAT
HAZEL ANN DUEÑAS FRANE
BROADCASTING TEAM

MARIANNE LOTIVIO IRLANDEZ
PUBLIC RELATIONS MANAGER

JOANA MARIE MENCIAS DUKA
TAGAPAYO, ANG KADLUAN

ARLENE PACHECO FORMENTERA
TAGAPAG-UGNAY

FELIX TUNGCU LUNAGAN, PhD
PRINCIPAL III

I-ACCESS ONLINE ANG PAHAYAGAN
NG ANG KADLUAN PARA SA TAONG
PANURUAN 2022-2023



I-ACCESS ANG OPISYAL NA
FACEBOOK NG ANG KADLUAN



MALING LIKO, SAAN PATUNGO?



Naglunsad ng dalawang araw na tigil-pasada ang mga lokal na *transport group* upang magprotesta laban sa inaasahang *jeepney phaseout* sa ilalim ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) na isinusulong ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB). Mahigit-kumulang 100,000 tsuper at *operators* ang lumahok dito matapos ilabas ng LTFRB ang Memorandum Circular 2023-013, kung saan nakasaad na ang taning ng *pag-consolidate* ng mga tradisyonal na dyip ay sa Hunyo 30 na. Bagaman kalaunan ay naurong ito sa katapusan ng taon, iginigiit ng mga tsuper na mawawalan pa rin sila ng pagkakakitaan sapagkat hindi pumapabor ang PUVMP sa mga katulad nilang nasa laylayan ng lipunan.

Ang PUVMP ay naisyu na noong 2017 pa lamang sa ilalim ng Department Order (D.O.) No. 2017-011 ng Department of Transportation (DOTr). Nilalayan nitong paigtingin ang ligtas, mabilis, maaasahan, at malinis na pampublikong transportasyon sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga tradisyonal na dyip na siya namang papalitan ng mga *modernized units* nito. Ang ideya mang ito ay nakahahalina sa pandinig, dahilan kung bakit ito ipinanukala at lumarga, kailangan muna nating pumreno sapagkat nakalilimutan natin ang lubos na mababangga rito—ang mga tsuper at *operators*. Mayroon lamang silang dalawang opsiyon: tanggapin na mawawalan sila ng hanapbuhay dulot ng *jeepney phaseout* o malubog sa utang dahil sa ipapalit na halos ₱2.6 bilyon *modernized unit* ng dyip. Masasagasaan ang aspetong pinansiyal ng mga tsuper at *operators*, patunay lamang na ang implementasyon ng PUVMP ay isang maling liko mula sa tamang daang patungo sana sa magandang layunin nito.

Ayon sa Asia Pacific Foundation

of Canada, ang pangunahing lubak sa PUVMP ay ang gastos na kailangang sagutin ng mga tsuper at *operators* para sa programa. Ang halaga ng isang *modernized unit* ng dyip ay naglalaro mula ₱2.4 hanggang ₱3 milyon, mahigit ₱2 milyon ang sa pinakamahal na tradisyonal na dyip. Naging salik sa nakalululang presyo nito ang patuloy na pagtaas ng palitan ng piso sa dolyar at mga makabagong teknolohiyang ginamit para sa bawat *unit*. Subalit, hindi pa kasama rito ang *amortization costs* na kinabibilangan ng 6% *interest* at *depreciation costs* na posibleng umabot sa ₱750,000. Kung susumihin, kailangang maglabas ng ₱3.15 hanggang ₱3.75 milyon ang bawat tsuper upang maipagpatuloy ang kanilang kabuhayan bilang isang *jeepney driver*. Hindi pa nito saklaw ang gagastusin para sa gasolina at *maintenance* ng *modernized jeepney* na tinatayang nakabubutas-bulsa rin sapagkat sa ibang bansa nanggaling ang mga materyales na ginamit dito. Saan kukuha ng ganito kalaking pera ang mga tsuper at *operators* ngayong unti-unti pa lamang silang nakababangon sa pinansiyal na dagok na idinulot ng pandemya? Kahit na magbigay ang gobyerno ng ₱360,000 na subsidiya o tulong-pinansiyal, malaki pa rin ang kailangang ilabas na puhunan ng mga tsuper at *operators*.

Hinggil naman sa pag-aaral ni Teodoro Mendoza, isang propesor sa University of the Philippines Los Baños, bukod sa gastusin para sa mga *modernized unit*, mayroon ding nakaabang na bayarin sa pagbuo ng sariling kooperatiba o korporasyon na dapat ay mayroong mahigit 15 *modernized units* bago sila mabigyan ng prangkisa. Aabot mula ₱20,000 hanggang ₱40,000 ang kinakailangan upang maging kasapi ng isang kooperatiba na masusuklian lamang ng ₱10,000

na sahod kada buwan—halos isang-katlo lamang sa kasalukuyan nilang kinikita sa mga tradisyonal na dyip. Ipinunto naman ni Ricardo Rebaño, presidente ng Federation of Jeepney Operators and Drivers Association of the Philippines, na aabutin ng ₱475,000 ang buwanang *amortization* upang maka-*operate* ng 15 *modernized units*. Kasabay rin ng pagiging miyembro ng kooperatiba ang pagtalikod sa indibidwal na prangkisa at kanilang dyip, isang sugal na lalaruin ng mga tsuper at *operators*.

Mabubundol din ang mga *commuter* at ordinaryong mamamayan sa umaarangkadang PUVMP dahil sa *domino effect* na maidudulot ng programang ito. Ayon kay Kilusang Mayo Uno Secretary General Jerome Adonis, sapagkat malaking salapi ang iaalay ng bawat tsuper at *operator* para dito, inaasahan na tataas ang *jeepney base fare* na aabot ng ₱40. Nakasaad naman sa pananaliksik ni Mendoza na ang pagbulusok ng pamasaha sa mga dyip ay magdudulot ng *inflation* sa presyo ng mga pang-araw-araw na pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, at damit. Dahil dito, hihingi ng dagdag-sweldo ang mga manggagawa upang masustentuhan ang gastos ng pamumuhay—isang indikasyon ng *business instability* na magreresulta sa mas magulong komunidad. Kung ilalagay sa sitwasyon ng isang mag-aaral na may baon na ₱100, ₱64 ang gagastusin para lamang sa balikang transportasyon sa pagitan ng kaniyang bahay at paaralan. Ang ₱36 na natira ay para sa pagkain o *school supplies* na hindi rin magiging sapat sapagkat tataas ang presyo ng mga ito sa panahong na-*phaseout* na ang mga tradisyonal na dyip.


Patungomansaikauunladnatin ang kasalukuyang biyahe ng PUVMP, tila lumiko ito mula sa tamang daang

tinahak nito na makasagasa pa sa ating lahat. Kailangan munang hilain ang kambyo at pumreno para mapagtanto na papunta ito sa maling landas. Bubutasan nito ang gulong ng buhay ng mga tsuper at *operators* na magpapanatili sa kanila sa ibaba nito at masasagi nito ang mga mag-aaral, guro, manggagawa, at iba pang ordinaryong mamamayan dahil sa nagbabadyang paglobo ng presyo ng mga bilingin. Walang makaliligtas sa implementasyon ng PUVMP na minamaneho ng kaskasero nating pamahalaan.

Bago muling lumarga ang PUVMP, tandaan nating walang salita sa ibig sabihin nito ang kasingkahulugan ng pagtanggap. Hindi kinakailangang palitan ang mga tradisyonal na dyip kung tunguhin natin ang ligtas, mabilis, maaasahan, at malinis na pampublikong transportasyon, bagkus ipaayos na lamang ito. Ayon sa lokal na *transport group* na Piston, mas praktikal ang ₱900,000 na gagastusin sa *pagre-rehabilitate* ng mga dyip upang malinya sa Omnibus Franchising Guidelines ng DOTr kaysa sa pagbili ng bagong *modernized jeepney unit* na umaabot ng ₱3 milyon. Dagdag pa rito, makabubuti kung maglalabas ng malinaw at detalyadong hakbang ang gobyerno upang madaling masundan ng mga tsuper at *operators* ang kanilang programa. Maliban dito, nararapat ding taasan ng gobyerno ang subsidiyang ibibigay nila sa mga tsuper at *operators*. Ang lahat ng ito ay ang magbabalik ng PUVMP sa tamang daan patungo sa maayos na sistema ng transportasyon mula sa maling likong ginawa nito noong ianunsiyo ang *jeepney phaseout*. Kung wala na ring masasagasaan ang programang kalaunan ay magdudulot ng pasakit sa mga mamamayan, hudyat na ito upang paandar ang makina at lumarga.

PAYAG KA NA BA SA F2F CLASSES?

Nagsagawa ng sarbey ang **Ang Kadluan** sa 886 na mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati kung payag na ba sila maglunsad ng *face-to-face classes* simula Enero 9 hanggang Enero 25 ng taong 2023.



678

ang sumagot na payag

208

ang sumagot na hindi payag

NILILIBING NA KALULUWA

Natuldukan ang mahigit dalawang taong agam-agam sa 2022 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections matapos lagdaan ni Pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. ang Republic Act (RA) 11935 na naglalayong kanselahin ang lokal na halalan noong Disyembre. Sinuportahan ng kongreso at Senado ang nasabing batas matapos umani ng 264 at 17 mga boto mula sa mayorya. Samantala, patong-patong na apela at pagtutol mula sa panig ng kabataan ang ibinato sa mga mambabatas habang niraratsada ang panukala. Ang pagkansela sa 2022 Barangay at SK Elections ay muling nagbukas ng debate hindi lamang sa kapasidad ng mga kasalukuyang hanay ng gobyerno, kundi pati na rin sa hangganan ng ating demokrasya.

Nakasaad sa RA 11462 na ang magkasabay na halalan para sa Barangay at SK ay dapat isagawa kada tatlong taon sa unang Lunes ng buwan ng Disyembre. Ngunit tila naisantabi ito nang ilipat ang lokal na halalan sa Oktubre 2023. Bilang isang bansang demokratiko, ang pakikilahok ng mamamayan sa isang malinis at patas na eleksiyon ay susi sa pagsasaayos ng hanay sa gobyerno. Ang pag-antala sa 2022 Barangay at SK Elections ay balakid sa pagsasabuhay ng karapatan ng taumbayan, lalo’t higit ng kabataan, na makilahok at bumoto. Ngayong nahaharap pa rin sa krisis ang ating bansa, lalong tumitindi ang pangangailangan sa maayos na pamamahala na mailuluklok lamang ng mga balotang hawak ng sambayanan. Maituturing na isang malaking dagok ang pagpapaliban sa halalang kinabukasan

ang nakataya.

Naganap ang huling Barangay at SK Elections noong 2018 matapos itong ipagpaliban ni dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong 2016. Ang mga nahalal ay inasahang maglingkod hanggang Hunyo 2020 subalit nadagdagan pa ito ng dalawang taon nang kanselahin ang botohan dulot ng pandemya. Ayon kay Kabataan Partylist Representative Raoul Danniel Manuel, mayroong mahigit-kumulang 34,000 bakanteng posisyon sa SK ang naghihintay na mapunan. Ang karamihan sa mga dating opisyaes ay napilitang lumisan dahil na rin sa pangangailangang suportahan ang kanilang mga sarili at pamilya. Ang malaking kakulangan sa hanay ng SK *officials* ay isang pahiwatig na kinakailangan na ang bagong henerasyon ng mga kabataang lider. Ang paghahalal sa mga handa at kalipikadong SK *officials* ay isa sa mga hakbang upang magkaroon ng representasyon ang kabataang Pilipino sa loob ng pamahalaan. Dahil kung mayroon mang tunay na nakauunawa sa karanasan ng mga kabataan sa gitna ng lumalalang krisis, iyon ay walang iba kundi ang kapuwa kabataan din.

Nakababahalal man ang kalagayan ng liderato ng SK *officials*, binigyang-diin ng mga mambabatas ang paglalaan ng sana’y ₱8 bilyong pondo sa pagpapabuti ng COVID-19 *response*. Ayon kay Southern Leyte Second Congressional District Representative Christopherson “Coco” Yap, makatutulong ito upang maiwasan ang paggastos sa isang panibagong eleksiyon. Dagdag pa rito, sila ay naniniwala na kinakailangan ng Commission on

Elections (COMELEC) ng mas mahabang panahon upang maghanda matapos ang 2022 National Elections. Kung matatandaan, halos 2,000 *vote counting machines* ang pumalya na nagresulta sa pansamantalang tigil-operasyon ng mahigit 1,000 presinto. Bukod sa kahandaan ng COMELEC, iiniini ni Davao Oriental Representative Cheeno Miguel Almario na ito rin ay magbibigay ng panahon sa mga mamamayan na magkaroon ng “*national healing*” mula sa nagdaang pambansang halalan. Sa katunayan, kaliwa’t kanang mga batas ang isinulat para dito matapos ang buwan ng Mayo. Nakapagtataakang isipin na tila naging isyu lamang ang mga suliraning inihain nang maging malakid na ang mga ito sa gaganaping halalan sa Disyembre.

Taliwas sa paniniwalang hiwalay ang pagkakaroon ng halalan sa pagpapanday ng ating sandata laban sa mga epekto ng COVID-19, ipinakikita ng patuloy nating lumalagapak na realidad ang kasalungat nito. Matapos ang mahigit dalawang taon, malinaw na pinadapa ng pandemya ang ating ekonomiya nang umakyat sa 8.1 porsiyento ang *inflation rate* sa Pilipinas. Hindi makatatakas ang mahigit 216,000 kabataan sa bangungot na ito na ayon sa Commission on Higher Education ay bilang ng mga estudyanteng pinagsasabay ang pag-aaral at trabaho. Ayon sa National Citizens’ Movement for Free Elections, ang lokal na pamahalaan ang pangunahing naglalalatag ng mga plano at solusyon sa suliraning kinakaharap ng kanilang mga nasasakupan. Bagaman hindi kontrolado ng mamamayan ang mga salik sa pagbulosok ng mga pang-

“Sa bawat itim na minamarka sa mga balota, dalawang realidad ang nanganganib na magbago—iyong sa mamamayang Pilipino at pasakit sa gobyerno.”



Ashley Mae Vidal Reña

sa pagboto ang isinasabuhay ng mga mamamayan, kundi pati na rin ang paghahangad sa mas maayos na kinabukasan. Mas mapagtutuoan ng pansin ng mga bagong halal na opisyaes ang pangangailangan ng kanilang mga nasasakupan dahil sila ay aktibong nakikipamuhay sa kanila. Sa sektor ng kabataan, magkakaroon ng pagkakataong hubugin sa murang edad ang bagong henerasyon ng mga lider sa ating bansa. Magsisilbing daan din ito upang mapakigngan ang hinaing ng mga kabataan. Sa halip na ipagpaliban, dapat pagtuonan ng pansin ng pamahalaang solusyunan ang mga maaaring maging balakid sa mga darating pang halalan. Dapat siguraduhing maglaan ng sapat na pondo sa pagsasaayos ng mga *vote counting machines* upang maiwasan ang mga aberya. Panahon na upang iwaksi ang kaisipang hindi natin prayoridat ang pagkakaroon ng maayos at malinis na eleksiyon kung patuloy pa rin na niyuyurakan ng bulok na pamamahala ang ating lipunan. Mayroong tungkulin ang masa na igiti ang karapatan sa aktibong pakikilahok sa gawaing politikal lalo na sa paghuhusga ng mga iluluklok sa puwesto. Nasa ating mga palad pa rin nakasalalay ang hangganan ng ating demokrasya kaya maging mapagmatyag sa mga tusong nagtatago sa anino ng kanilang kapangyarihan. Ang itim sa balota ay simbolo ng paglaban sa ating karapatan, hindi tanda ng paglululksa sa tila nilililing na kaluluwa ng ating kalayaan.

MINTIS SA KAMALAYAN



Iseyaa Anir Carlos Patingo

Umigting ang pagkabahala ng masa hinggil sa lumalalang krisis sa edukasyon nang pasadahan sa ulat ng World Bank (WB) ang nakalululang *learning poverty rate* ng bansa noong Hunyo ng nakaraang taon. Mula sa nasabing ulat na pinamagatang “The State of Global Learning Poverty: 2022 Update,” kasalukuyan itong nasa 91 porsiyento at kabilang sa mga nangunguna sa rehiyong Silangang Asya-Pasipiko. Bagaman pinatunayan ng apdeyt na hindi maikakahon sa iisang dahilan lamang ang suliraning pampagkatutong ito, pinaniniwalaan na ang bulabog ng COVID-19 ang humila pataas ng nakaalarmang numero. Nagpunla ang balita ng kaliwa’t kanang diskurso patungkol sa kung paano ito aaksiyunan ng Department of Education (DepEd).

Ayon sa ulat, ang *learning poverty rate* ay tumutukoy sa bahagdan ng mga batang may kakulangan pa rin sa kakayahang magbasa at umunawa ng isang simpleng teksto pagtuntong sa edad na 10. Sa isang batang mag-aaral, unang hakbang ang karunungan magbasa bago pa man siya mapagkalooban ng pagkakataong galugarin ang mga pansariling interes at paunlarin ang mga karanasan. Ang kakayahang ito ay pundasyon pa lamang ng isang murang kaisipang naghahanda para sa mas malawakang pagkatuto sa hinaharap. Isa itong karapatang hindi maaaring hadlangan at ipagkait ng

“Maski hindi man bago ang isyu ng edukasyon sa lipunan, lalong hindi bago ang katotohanan na nasa palad ng pamahalaan ang kakayahang upang masalba, maresolba, at mapabuti ang kalungkot-lungkot na sitwasyon nito.”

kahit na sinuman. Gayunpaman, ang pagtamo ng mayorya ng mga batang Pilipino ng kasanayang ito ay patuloy na magiging hamon kung ang mga dilemmang nakaangkla sa isyu ng *learning poverty* ay hindi agarang susuongin at tutuldukan.

Bilang pagbabalik-tanaw sa estado ng *reading comprehension* sa bansa bago pa man nito salubungin ang COVID-19, naging maugong na usap-usapan ang resulta ng 2018 Program for International Student Assessment na isinapubliko noong Disyembre 2019. Mga mag-aaral mula sa ikasiyam na baitang ang naging kasapi ng pag-aaral. Nakakuha lamang ang Pilipinas ng 340 kabuoang puntos sa pagbasa—higit na mababa nang 147 sa pamantayang iskor na 487 at 215 naman sa iskor ng Tsina. Bukod sa nakababahalang marka, lumagapak din ang bansa sa huling puwesto. Kung ang mga mag-aaral na nasa edad na 15 ay may kahinaan pa rin sa pagbasa at pag-unawa, paano pa silang mga nasa elementarya pa lamang? Ang kawalan ng matibay na pundasyon ay maaaring makasira sa kanilang abilidad na umintindi ng mga konseptong pang-akademiko. Isang masidhing patunay ito na bago pa man maperhuwiso ng nakagigimbalang *virus* ang bansa, mayroon nang problema sa edukasyon na hindi pa naiibsan—problemang higit lamang na umaatungal sa pagtagal ng panahon.

Sa usaping COVID-19, pinatutunayan ng iilang mga pag-aaral na ang haba ng pagsasara ng mga paaralan bunga nito ay direktang proporsiyonal sa depektibong pagkatuto. Isa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakanaantalang

pagbubukas ng klase, *face-to-face*, na umabot sa dalawa’t kalahating taon. Pinunto ni Oyunsai Khan Dendevnorov, kinatawan ng UNICEF Philippines, na ilan sa mga kinahinatnan ng matagal na pagsasara ng mga paaralan ay ang pagtaas ng bilang ng *dropouts* at ng *learning loss*. Sa kabuoan, umakyat na sa 70 porsiyento ang tinatayang *global learning poverty rate* ng mga bansang may maliit at katamtamang kabuoang kita. Bukod pa rito, matatandaan din ang pag-arangkada ng iba’t ibang *learning modalities* gaya ng *modular*, *online*, at *blended distance learning* na ipinatupad ng DepEd bilang bahagi ng kanilang mga pagsisikap na mabigyang-daan ang edukasyon sa kabila ng masidhing pananalasa ng *virus*. Ngunit sa kasamaang palad, marami pa ring mag-aaral ang napag-iwanan base sa sarbey na isinagawa ng Social Weather Stations (SWS) noong 2021. Sa datos ng SWS, apat sa kada 10 mag-aaral ang walang gadyet para makasabay sa *distance learning*. Batay sa mga nasabing ebidensya, mahihinuhan ang paglala ng *learning poverty* ay haguipit ng kawalan ng harap-harapang inter-aksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro sa loob ng mahabang panahon. Maski hindi man bago ang isyu ng edukasyon sa lipunan, lalong hindi bago ang katotohanan na nasa palad ng pamahalaan ang kakayahang upang masalba, maresolba, at mapabuti ang kalungkot-lungkot na sitwasyon nito.

Madali mang sabihin ang pangangailangan sa kongkretong plano, kakuwestiyon-kuwestiyon naman ang aktuwal na pagsasagawa nito. Isa sa mga itinuturong nagbunsod ng drastikong lagay ng pagkatuto sa bansa ang kakulangan ng *public expenditure* para sa sektor ng edukasyon. Mula sa datos ng Philippine Business for Education, napag-iwanan ang Pilipinas na 4.3 porsiyento lamang ng *gross domestic product* (GDP) ang inilalaan para sa pagkatuto kumpara sa mga karatig-bansa na umaabot sa 5 hanggang 10 porsiyento. Hindi pa nito napapantayan ang 6 na porsiyentong *global standard*. Makikita

ang manipestasyon nito sa kakulangan ng mga maaayos na silid-aralan na tinatayang umabot sa 165,000 noong 2022. Mula sa isang sarbey ng Pulse Asia, 52 porsiyento sa 1,200 respondente ang naniniwala na ang kakapusan ng bilang ng silid ang nangungunang suliranin na dapat pagtuonan ng pansin ng DepEd. Ayon naman kay Education Undersecretary Epimaco V. Densing III, “*Based on our projections, we need at least P100 billion a year to be able to zero out the shortage of classrooms all over the country.*” Kadalasan, ang sangay tungo sa malawakang kaalaman ay nag-uugat sa mumunting silid-aralan. Paano lalago ang isang paslit na naghahangad matuto kung hindi niya ito matatagpuan?

Patungkol sa kawalan ng prayoritisasyon sa de kalidad na edukasyon noong mga nagdaang taon, minabuti ng Department of Budget and Management na ituan ang isyung pangkalusugan ng populasyon. Sa katunayan, ikatlo ito sa Sustainable Development Goals ng United Nations, samantalang ang edukasyon ay ikaapat lamang. Hindi rin lingid sa kaalaman ng mga politiko ang iba pang mga patlang sa sektor ng edukasyon na nararapat mapunan. Sinalungguhan na ni Vice President at Education Secretary Sara Duterte ang importansiya sa pagbuo ng pangkabuoan at pangmatagalang solusyon. Nangako siyang sosolusyonan ang mga mintis ng sektor kung dadagdagan ng ₱100 bilyon ang ₱710 bilyong hati ng DepEd sa National Expenditure Program. Tinanggihan naman ito ni Deputy Minority Leader ACT Teachers *party-list* Representative France Castro dahil kahit pa magpatuloy ang plano, hindi pa rin maaabot ang 6 na porsiyentong GDP na itinuturing na *global standard*. Walang sapat na basehan ang proposisyon upang makumbinsi ang iilang mga mambabatas dahil hindi pa rin natutunton ang puso ng konsepto. Sa ngayon, isa pa lamang itong magarbang ideya na nagkulang sa pagsukat sa realidad.

MAY DUNGIS ANG BAGONG BIHIS!

IBARRA

Ilang usad na lang ay muling dadagok sa katayuan ng kabataan ang programang dati nang sapilitang humimok sa tunay na kahulugan ng nasyonalismo.



Deyzon Christian Crisostomo Entrata

Plantsado na sa Kamara ang ikatlo at huling pagbasa ng niraratsadang House Bill (HB) No. 6687 o mas kilala bilang National Citizens Service Training Program (NCSTP) na naglalayong patindihin ang *citizen reserve force* ng bansa, palitan ang kasalukuyang National Service Training Program (NSTP), at gawing opsiyonal ang Reserve Officers' Training Corps (ROTC). Ito ay pinaigting pa rin sa kabila ng laksa-laksang pagtututol mula sa panig ng kabataan. Sa bisa ng panukalang ito, mandatoryong sasailalim sa 2-year course na may saklaw na *citizen soldier training* ang mga estudyanteng naka-enroll sa *undergraduate degree programs* sa lahat ng *higher education institutions* sa bansa—publiko man o pribado.

Bagaman nakapupukaw ang pundamental na inisyatiba ng NCSTP, nagbabadyang isa lamang itong bihis ng dati nang binuwag na *mandatory* ROTC (MROTC) na kilala sa mahabang kasaysayan nito ng pang-aabuso, karahasan, at korapsyon. Ilang usad na lang ay muling dadagok sa katayuan ng kabataan ang programang dati nang sapilitang humimok sa tunay na kahulugan ng nasyonalismo.

Presko

man sa paningin ang NCSTP, hindi maikakaila na pahapyaw na sinisilayan ng pagkakabalangkas at ng *citizen soldier training* nito ang kahindik-hindik na sinapit ng mga sumailalim dito noong kasagsagan ng MROTC. Mitsa nga ba ng pagbabago ang pagsulpot ng NCSTP o muli nitong pinalulutang ang tanong na: kung napatunayan na ng kasaysayan na hindi epektibo ang MROTC, bakit pilit itong ibinabalik sa kasalukuyan sa ilalim ng ibang pangalan?

Bukod sa *citizen soldier training*, pinagtittibay ng Article 4, Section 7 ng NCSTP na magkasintulad ang *curriculum* nito at ng MROTC. Isinasaad din sa Section 8 ng *bill* na maliban sa walang takas at walang pagpapaliban ang NCSTP, kailangang mapagdaanan ito upang makapagtapos sa kolehiyo ang isang estudyante. Idinidiin naman ng Article 5, Section 17 na nagsasabing *"The ROTC cadets shall serve as cadet officers and instructors for NCST trainees,"* na kahit 'iba' na ang sistema, mismong mga kadete pa rin ng ROTC ang mangunguna sa pagsasagawa ng mga NCSTP *trainees*. Lantaran namang pinatutunayan ng awtomatikong pagpasok sa National Service Reserve Corps at *reserve force* ng Armed Forces of the Philippines ng mga tatapos ng NCSTP na bagong anyo lamang ng MROTC ang NCSTP.

Sa likod naman ng agarang pag-apruba sa HB No. 6687, isinagawa ang una at ikalawang pagbasa nito nang walang sinumang kinatawan mula sa sektor ng kabataan—na siyang pangunahing maaapektuhan at magdurusa sa panukalang batas na ito. Binigyang-diin din ni Polytechnic University of the Philippines (PUP) Sentral na Konseho ng Mag-aaral Vice President Benhur Quequegan na walang sapat na batayan ang NCSTP na umarangkada upang palitan ang kasalukuyang NSTP. Nakapaloob man sa bill ang layunin nitong *"provide the students with practical and applicable knowledge and skills that are necessary, essential, ideal for survival, and for attaining resilience,"* pasok pa rin naman ito sa layon ng mga kasalukuyang programa ng NSTP gaya ng Literacy Training Service, Civic Welfare Training Service, at opsiyonal na ROTC.

Kahina-hinala rin ang pagsesertipiko ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa *bill* bilang *urgent* dahil taliwas ito sa Article 6 Section 26 ng Philippine Constitution na nagsasabing magiging *urgent* lamang ang isang *bill* sa oras na mapatunayang kailangan ang agarang pagsasabatas nito upang matugunan ang isang *'public calamity or emergency'*. Kung tutuusin, mas *urgent* sa mata ng kabataan ang pagharang sa pagtaas ng matrikulang patuloy na kumakagat sa pag-aasam nilang makapagtapos ng pag-aaral at pagsulong ng makamasa at de kalidad na edukasyon—hindi militarisasyon. Isinisigaw rin ng ilang *youth organizations* ang dagdag-pondo sa 114 *state universities and colleges* na matatandaang napuntarya ng P10 bilyong tapyas-pondo sa ilalim ng House Resolution 403.

Ayon pa sa Department of

National Defense, umaatikabong P61.2 bilyon ang tinatayang kakailanganing badyet para sa pagpapatupad ng MROTC. Sa pahayag ni Education Undersecretary Epimaco Densing III sa Rappler, ang halagang ito ay katumbas ng pagpapatayo ng mahigit-kumulang 24,480 *classrooms* na anino lamang ng 91,000 kulang-kulang na *classrooms* para sa taong panuruang 2022-2023 sa ulat ng Department of Education.

Umaalma ang bantang bitbit ng NCSTP sa pang-akademikong kalayaan lalo na't ang programang ito ay magbibigay-daan sa presensya ng pulisya at militar sa mga paaralan. Malalabag ng NCSTP ang mga kasunduang itinakda sa ilang unibersidad tulad ng PUP at University of the Philippines na nagbabawal sa pagkakaroon ng puwersa ng pulisya at militar sa paligid ng unibersidad. Hindi rin maikukubli na bukod sa mas magiging vulnerable sa galamay ng *red-tagging* ang mga estudyante, may bantang bitbit din ang NCSTP sa akademikong karapatan ng mga mag-aaral.

Kung may dagdag oras sa loob ng dalawang taon ang NCSTP, kabalikat naman nito ang dagdag pasanin sa gastusin, oras, pagkain, at iba pang pangunahing pangangailangan hindi lamang sa mga mag-aaral, ngunit pati na rin sa mga magulang at sa magiging kalakip ng naturang programa. Bukod sa kailangang pumasok tuwing Sabado, obligado ring bumili ng uniporme at kagamitan ang mga mag-aaral. May kalayaan din ang mga pamantasan na maningil ng dagdag-bayad sa porma ng NCSTP *fee*. Sa ulat ng World Bank, nasa 90.9 na porsiyento ang *learning poverty* ng Pilipinas noong *pre-pandemic*, lalo pa itong lumala nang lumobo ang *out-of-school youth* dahil sa pandemya. Hindi

ba mas mainam na pagtuonan ng pansin ng gobyerno ang nakababahalang pagtaas ng *learning poverty* at hindi ang dumagdag pa rito?

Kagaya ng normal na taong tuwing nagbibihis ay ayaw na nakikita siya ng ibang tao, nagsisilbing pantakip lamang ng tunay na intensyon ng MROTC ang bihis nitong NCSTP. Wala pa man sa kasalukuyan ang pagsasakatuparan ng NCSTP, sinusulyapan na agad nito ang malagim na nakaraang pilit na ikinintal sa isipan ng kabataan—ang diwa ng huwad na nasyonalismo. Kung titimbangin, mas mabigat ang mga rason kung bakit hindi dapat tuluyang isakatuparan ang NCSTP kaysa sa ikabubuting dala nito. Ang kadudadudang pagmamadali ng nakatataas at pagbingi-bingihan sa pahiwatig ng kabataan ay ang tagos na bakas ng kanilang walang pagsasaalang-alang at walang pakundangan sa magiging kahihinatnan ng kinabukasan ng bayan.

Kawangis ng MROTC, isang hamon na magpapasiklab sa tunay na nasyonalismo nating mga Pilipino, sakaling ilunsad ang NCSTP. Imbis na tuluyang paragasain, panawagang huwag itong gawing mandatoryo, sa halip ay boluntaryo. Maaari ding palawigin na lamang ang nakagawiang NSTP tulad ng mungkahi ng Kabataan Partylist na HB No. 1159. Tungkulin ng bawat mamamayan ang manindigan at tumindig lalo na kapag nakataya ang kapakanan ng kinabukasan. Itatak sa isipan na hindi lamang sa pagkalabit ng gatiyo maipapamalas ang pagmamahal sa bayan, saksi rin dito ang pag-ugat sa kabayanihang ipinamalas noon ng mga Pilipino at pagmamahal sa sariling atin. Pumiglas sa siklong ito ng dahas at sama-samang puksain ang anumang madungis na bihis ng MROTC.

PAGKAGAPOPOS SA INAASAHANG PAGTATAPOS

Umani ng samot-saring pagpuna ang nag-viral na serye ng mga estudyanteng *trans woman* na hindi pinayagang makapagtapos at magmartsa sa kani-kanilang mga *graduation ceremonies* sapagkat tumanggi silang magpagupit ng buhok at sundin ang itinalagang pamantayan sa pananamit. Naganap ang mga insidente bandang Hunyo 2022 sa mga paaralang Muntinlupa National High School at Upper Bicutan National High School. Sa pagbabalik-eskuwela sa kasunod na buwan, naging batubalani ng diskriminasyon ang mga nasabing mag-aaral dahil sa kanilang pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian.

Ipinangangako ng mga institusyong pang-akademiko sa ilalim ng Department of Education (DepEd) ang pagkakaroon ng *gender equality, gender equity, gender sensitivity*, kawalan ng diskriminasyon, at pagkilala sa karapatang pantao. Subalit, mayroon mang mga batas hinggil sa usaping ganito tulad ng Anti-Bullying Law of 2013, maging ang hindi pa tuluyang naisasabatas na Sexual Orientation and Gender Identity Expression (SOGIE) Equality Bill, kadalasan pa rin itong naisasawalang-bahala. Bilang resulta, ibinaba noon lamang Agosto 19, 2022 ng Commission on Human Rights (CHR) ang Office of the Undersecretary for Governance and Field Operations (OUGFO) No. 2022-02-0153. Isinasaad dito na kinakailangang muling maghigpit at ipatupad ang DepEd Order No. 32, s. 2017 o Gender-Responsive Basic Education Policy, matapos ang kabi-kabilang hinaing tungkol sa naturang pagbibingi-bingihan at sadyang kakapusan sa kamalayan ng karamihan. Karapat-dapat at napapanahon ang implementasyon ng naturang kautusan sapagkat kailangan nang tuldukan ang nararanasang pangungutya, pagsasawalang-bahala, at maging ang kaimbihan na umaaligid noon pa mang nauna nang mga dekada. Kung kaya, ang malaking tandang pananong ng nakararami ngayon ay nararapat nga ba talagang pagyan na magkaroon ang mga kabataan ng sinasabing kalayaan sa pagpapahayag o *freedom of expression* pagdating sa kanilang kasarian habang nasa kalagitnaan pa sila ng pag-aaral?

Nakipanayam ang Human Rights

Watch sa 98 mag-aaral at 46 na magulang, maging mga guro, tagapayo, administrador, *service providers*, at eksperto sa larangan ng edukasyon sa 10 lungsod sa Luzon at Visayas. Dito napatunayang hindi maganda ang implementasyon ng nasabing kautusan dahil iregular ang pagpapatupad nito. Dagdag pa rito, ang mga patakaran at gawi ng sekondaryang paaralan ay kadalasang nauuwi sa diskriminasyon at bigong pagpapabatid ng impormasyon at suporta sa mga estudyante ng LGBTQIA+ *community*. Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa naman ng American Psychological Association, ang *gender diverse students* na nakararanas ng *stressors* na may kinalaman sa kanilang kasarian ay mas madalas na nauuwi sa pagliban sa klase, mas mababang GPA, mas mataas na antas ng depresyon, pagkalulong sa droga, at mas mataas na *suicide rate*. Dahil dito, mas pinipili ng ilang mag-aaral na itago ang kanilang tunay na *gender identity*.

Hindi lamang kapuwa estudyante ang dahilan ng kawalan ng *inclusivity* sa mga paaralan sapagkat tulad na nga lamang ng nabanggit tungkol sa hindi pagpayag na makalakad sa *graduation ceremonies* ng mga *trans women*, mismong mga eskuwelahan ang nagbabawal na ihayag ng mga mag-aaral ang kanilang sarili. Isang patunay rito ang sitwasyon nina Nicole Reyes, Kendy Clatero, Jade Brittany Gozo, at Rey Bergado, magsisipagtapos sa *senior high school* sa dalawang nabanggit na eskuwelahan, kung saan sinabi sa kanila na *"formal event"* ang dadaluhan at tutubo naman ulit ang buhok nila kahit na gupitan ito. Gayunpaman, hindi naging hadlang ang pagsubok na ito sa apat sapagkat naulinigan at naalarma rito si Miss Trans Global 2020 Mela Franco Habijan kung kaya'y binigyan niya ang mga estudyante ng sarili nilang *graduation photoshoot*. Ani Habijan, *"Why can't they be themselves in an occasion they worked hard for? Why aren't they allowed? Why do they have to compromise their identities?"* Bukod pa rito, dumulog ang *beauty queen* sa samot-saring mga ehekutibo ng DepEd upang mabigyan ang apat ng seremonyang nararapat sa kanila na naging dahilan ng paglagda ni Undersecretary Revsee Escobedo at Assistant Secretary Panchet Bringas sa OUGFO No. 2022-02-0153. Kinalauna'y pinayagan din ang tatlong makapagmartsa sa paraang gusto nila, ngunit hindi pinalad

si Jade at pinagsabihang itali ang kaniyang buhok at magsuot pa rin ng damit panlalaki. *"Siempre po nakakapanlumo kasi matagal po naming pinaghirapan iyon matagal po kami sa high school. Lahat po talaga bawal. Bawal yung mahaba yung buhok kasi ano kailangan pagupitan, then yung cross dresser bawal din po,"* saad ni Gozo.

Wala ring kawala sa ganitong sitwasyon ang mga mag-aaral na *trans men*. Sa isang naunang isyu sa parehong taon, si Dylan Tansico Silva, isang *journalism student* sa Cavite State University, ay nakararanas ng kahalintulad na problema; hindi pumayag ang kaniyang paaralan na magsuot ang mga mag-aaral ng damit ayon sa kanilang *gender expression*. Walang ibang pinayagang mag-crossdress maliban sa *trans man* na nakapagpatanggal na ng dibdib at dumaan sa *hormone therapy*. Subalit, hindi lamang limitado ang pagiging *transgender person* sa pisikal na mga pagbabago. Hindi pumayag ang kolehiyo na magbigay ng litratong binibigyan si Silva ng *diploma* sa entablado sapagkat nakasuot siya ng *polo* at *necktie*. Pumayag na lamang si Silva na i-edit upang tanggalin 'yung suot niyang *necktie* upang may maipakita pa ring retrato sa pagtatapos niya. *"I was planning not to go anymore, but that cannot be,"* ayon sa *journalism student*. Isa pang dapat bigyang-pansin ang pag-deadname kay Silva, o pagtawag sa kaniya sa pangalang hindi niya na ginagamit. Nakarating din kay Habijan ang hinaing na ito't tinawag niyang *"another case of discrimination and exclusion."*

Hindi naman nakasasagabal sa pag-aaral ng mga estudyante ang pagsuot ng mga ninanais nilang uniporme't haba ng buhok, kung kaya, bakit ipinagkakait sa kanila ang kalayaan na ihayag ang kanilang sarili sa pamamaraang ninanais nila? Patunay rito ang mga nabanggit na mag-aaral na nagsipagtapos pa rin naman kahit na parte sila ng LGBTQIA+ *community*. Walang kinalaman ang ekspresyon ng kanilang kasarian at sa katunayan nga'y hindi ito naging balakid upang pagbutihin pa rin nilang makamanta ang kanilang mga pinapangarap. Hindi ba't sinasabi na ang paaralan ay isang *"safe space"* para sa kabataan? Kung tunay nga ang sinasabi nilang ito, *be truly inclusive*. Hindi maaaring maging *close-minded* ang mga institusyon patungkol sa mga ganitong isyu sapagkat

"Hindi naman nakasasagabal sa pag-aaral ng mga estudyante ang pagsuot ng mga ninanais nilang uniporme't haba ng buhok, kung kaya, bakit ipinagkakait sa kanila ang kalayaan na ihayag ang kanilang sarili sa pamamaraang ninanais nila?"



SAKMIL

nasa kontemporaryong siglo na tayo.

Sa kasalukuyan ay nasa ikaapat na markahan o ikalawang semestre na ang karamihan sa mga paaralan sa Pilipinas, nangangahulugang muling nalalapit ang pagtatapos ng libo-libong mga estudyante sa bansa. Hindi maaaring maulat ang dinaranas ng mga mag-aaral na nagsipagtapos noong mga nakaraang taon; nararapat mapatupad nang maayos ang naturang polisiya upang tunay na maramdaman ang pagiging *"safe space"* ng mga eskuwelahan. Magiging malaking tulong sa mga estudyanteng parte ng LGBTQIA+ *community* ang DepEd Order No. 32, lalo na kung maisasagawa talaga ang *"strict implementation and compliance"* na hinihingi ng naturang *memorandum*, subalit, hindi naman ito mangyayari kung wala ang partisipasyon ng taumbayan.

Carissa Danielle Acuyong Breis

Nararapat na mas mabatid ng masa ang karapatang mayroon ang mga kabataang ito. Sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap ng madla sa mga hinaing ng mag-aaral, unti-unting makawawala ang mga ito sa likod ng rehas na ngunit sa kanila ng kalayaan bilang indibidwal. Hindi lamang ito magiging benepisyo't pagkapanalo sa panig ng mga mag-aaral—sapagkat kaakibat ng tagumpay ng mga kabataang ito ang mas maganda ring kinabukasan para sa minamahal na Perlas ng Silanganang—kundi pati na rin isang malaking hakbang tungo sa matagal nang inaasam na pagkakaisa sa pagitan ng sambayanang Pilipino at LGBTQIA+ *community* na nakapaloob dito.

LIHAM SA PATNUGOT

Magandang Araw, Kadluan!

Buong puso kong sinusuportahan at pinapasalamat ang KadluanSapagkat nakapaghatid kayo ng mga mabubuting mensahe sa pamamagitan ng pagsusulat. Nagpasalamat ako dahil kayo ang naging inspirasyon ng ibang mag-aaral upang sumulat, sapagkat nakikita sa inyong mga gawa na binubuhos nyo ang buong puso nyo sa pagsusulat, Napaka dedikado!

Hindi lang yon' dahil ginagawa ninyong nakakatuwa at nakakatawa ang ating mga school events, tulad ng Lakhay Kalayaan. Sa pamamagitan ng panunulat, naipakikita ninyo ang kahusayan at ang pagiging malikhain ninyo. Lubos na gumagalang,

Kei Gabrielle V. Lagrisola, 7-Copernicus

Kei Gabrielle,

Lubos naming ikinagalak ang iyong patuloy na pagsuporta sa Ang Kadluan. Isang malaking pribilehiyo sa aming mga manunulat na malamang nagiging makabuluhan ang aming mga munting ginagawa. Tunay kaming nagpapasalamat dahil lubos ninyong pinahahalagahan ang aming mga pagsisikap na itaguyod ang malayang pagkampus na pamamahayag. Kayo ay makakaasa na patuloy namin kayong paglilingkuran, at walang pagdadalawang-isip na ilalahad ang nararapat malaman ng bawat mag-aaral. Patuloy naming gagampanan ang mga tungkuling nakaatag sa amin upang manatiling sandigan ng katotohanan at kanlungan ng paninindigan.

Lagi't lagi, Patnugutan, Ang Kadluan

Para sa mga Patnugot at iba pang bumubuo sa likod ng Kadluan,

Aking pinupuri ang naging performance ng organisasyon sa pagpapadala ng mga mahahalagang impormasyon at serbisyo sa paaralan. Pansin na pansin ang kanilang dedikasyon sa kanilang mga ginagawang aktibidad at mga gawain.

Writer,

Tunay na nakalalambot ng puso ang iyong mga salita. Nais kang pasalamatang patnugutan ng Ang Kadluan sa iyong pagkilala sa mga programang hatid ng organisasyon upang higit na mapalapit ang pamamahayag at mga mag-aaral. Ipagpapatuloy ng Ang Kadluan na maglingkod nang maayos at tapat sa paaralan upang makatulong na magkaroon ng isang komunidad na sumasandig sa katotohanan at kabutihan.

Lagi't lagi, Patnugutan, Ang Kadluan



Para sa anumang komento, suhestiyon, o puna, mangyaring magpadala lamang ng email sa kadluan@makatiscience.edu.ph o magmensahe sa opisyal na Facebook page ng Ang Kadluan, @MSHSAngKadluan.

KOLUM

PAGTANGGAL NG STIPEND:
ANTAK SA BAWAT APAK

John Mikko Ogabang Suyat

Bagaman ilang buwan na ang nakalipas, hinding-hindi ko pa rin malilimutan ang araw na inanunsyong wala nang matatanggap na buwanang *stipend* kaming mga *senior high school* (SHS) sa Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati. Halo-halo man ang mga emosyong namutawi sa mga mag-aaral at magulang noon, iisang tanong lang ang kanilang sigaw: Bakit biglaang tinanggal ang ₱1,500 na sana ay buwan-buwang natatanggap ng mga estudyante?

Naaalalakonghalos mag-aklaskaminoonsapagkat maliban sa wala namang *memorandum* o opisyal na dokumentong inilabas tungkol dito, sa kalagitnaan pa ng taong panuruan naimplementa ito. Hindi naman kami masisisi sapagkat ngayon pa kami nawalan ng suportang pinansiyal kung kailan pinakakailangan namin para sa aming *research studies*. Nariyan din ang iba pang gastusin para sa mga proyekto, transportasyon, pagkain, at iba pang mga bagay na tumaas ang presyo dulot ng *inflation* sa kasalakuyang panahon. Napakalaking dagok sa mga mag-aaral ng SHS ang pagtanggap ng buwanang *stipend*. Tila ba tinanggalan kami ng saplot sa paa sa matinik na daan patungo sa aming mga pangarap.

Karamihan sa mga pananaliksik sa aming *batch* ay eksperimental kaya inaasahang malaki ang gagastusin. Ilan sa mga hindi maiiwasang paglalakipan ng pera dito ay ang mga mahal na *sample*, nagtataasang *rates* ng mga *testing site*, at bayad sa samot-saring bersiyon at kopya ng *research paper* na kailangang *i-print*. Ang kabuoang gastos ng bawat grupo ay naglalaro mula ₱5,000 hanggang ₱40,000. Magiging malaking tulong sana ang buwanang *stipend* sapagkat makakaltasan nito ang nakabubutas-bulsang gastos para sa aming mga *research*. Dahil sa pagtanggap ng buwanang *stipend* sa kalagitnaan ng taong pampanuruan, maraming pananaliksik ang nakompromiso at mayroong mga napilitang magbago ng *research study* upang mas maging abot-kaya ang kanilang kailangang ilabas na pera.

Isa pang pinansiyal na pasanin sa mga mag-aaral at magulang ay ang transportasyon. Karamihan sa amin ay nagko-*commute* lamang papuntang paaralan at pauwi sa bahay. May iilan pang sa labas ng Metro Manila naninirahan katulad ng Cavite, Rizal, at Batangas kaya umaabot ng ₱500 ang kanilang lingguhang pamasahang sa mga dyip at bus. Karagdagan dito, mas lalo lamang pinaigting ng mga naganap na proyekto at *integrative assessment* ang pangangailangan namin sa *stipend*. Dahil sa *inflation*, nagsimahan ang halaga ng mga tela, kahoy, *colored papers*, *cartolina*, *glue*, at *tape*.

Ang buhay estudyante, sa kabuoan, ay isang malaking hamong pinansiyal. Ito ang dahilan kung bakit iisa lamang ang sentimyento ng mga mag-aaral at mga magulang—ang ibalik ang buwanang *stipend*. Kahit patapos na ang taong panuruan, nagkukumahog pa rin kami sa kung paano namin pagkakasiyahin ang hindi ganoon kalaking *allowance* araw-araw. Dagdag pa rito, hindi lamang kasi aspetong pinansiyal ang kailangang masustentuhan upang magpatuloy kami sa pag-aaral kaya napakalaking dagok sa aming estudyante at maski sa aming mga magulang ang pagtanggap ng *stipend*.

May kasalakuyang binabalak ang paaralan upang maibalik ang *stipend* sa SHS—ang pagdaragdag ng asignaturang Robotics upang maiba ang kurikulum namin sa ibang eskuwelahan sa Makati. Bagaman maaaring ito nga ang maging sanhi ng panunumbalik ng *stipend*, mayroon pa ring nagkakahalagang ₱15,000 ang hindi naibigay sa bawat mag-aaral ngayong taong panuruan. Nawa'y mabigyan kami ng kaunting halaga upang masustentuhan ang perang inilabas nila at ng aming mga magulang bilang tulong at bilang pagkilala na rin sa paghihirap ng mga mag-aaral, lalo na sa aming mga tutungo na sa susunod na kabanata ng aming buhay. Panawagan namin ay mahilom kahit papaano ang mga sugat at antak na idinulot ng pag-apak sa daan patungo sa aming mga pangarap dahil sa pagtanggap ng buwanang *stipend* sa SHS.

KOMENTARYO

CETs ERA

Jasmin Claire Fangonilo Cagaoan

Laging maririnig ang mga komosyong “*Tapos ka na ba sa applications mo?*”, “*Huy, nag-apply ka ba sa kolehiyo na ito?*”, at “*Nakapag-fill-up na ba si ma’am/sir ng recommendations form mo?*” ng mga mag-aaral sa ika-12 na baitang sa buwan ng Agosto hanggang Disyembre. Hindi man klaro ang rason para sa ibang tao, ngunit ang mga katanungang ito ay nagpapahiwatig na dumating na ang tinatawag kong “*College Entrance Tests (CETs) Era*,” o ang mga buwan kung saan walang humpay na kumikilos ang mga magsisipagtapos para lamang makapagpasa ng kanilang mga aplikasyon sa mga unibersidad na nais nilang pasukan sa susunod na taong pampanuruan. Iba-iba ang nagiging karanasan ng bawat mag-aaral sa tuwing dumarating ang CETs Era, lalo na sa aming taon kung saan nagpasiya ang ilang mga pamantasang ibalik ang kanilang mga *admissions test*, na masasabing isa sa mga pinakamahahalagang pagsusulit sa buhay ng mga mag-aaral sa hayskul.

Matatandaan na sa dalawang taon ay hindi natuloy ang mga CETs dala ng pandemya, kaya nagsimula ang pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento ng mga mag-aaral sa mga *online portals* ng mga iba’t ibang unibersidad. Hindi ako maalam sa proseso ng pag-aaplay sa mga unibersidad bago ang pandemya, ngunit alam ko na kinakailangang maglaan dito ng oras at paglalakbay para lang makapagdala ng isang kayumangging sobrang naglalaman ng Form 137, sertipiko ng kapanganakan, at iba pa. Mas madali ang proseso ngayon ng pag-aaplay, ngunit hindi lahat ng bagay ay perpekto, at kasama ng bagong paraang ito ay ang mga problema tulad na lamang ng mga *website* na hindi gumagana, mabagal na pag-*verify* ng mga dokumentong pinasa dahil sa dami ng mga mag-aaral, mahinang koneksiyon sa *internet* sa mga kabahayan ng mga estudyante, o kaya’y mabagal na pagsagot ng mga Office of Admissions sa mga mag-aaral na may katanungang tungkol sa pagpasa ng mga dokumento. Sa kabila nito, ang pagpasa ng mga dokumento ay masasabi kong pinakamadaling parte ng CETs Era sapagkat ito pa lang ang simula.

Ang pinakahihintay ng mga mag-aaral sa buong CETs Era ay ang mismong pagsusulit. Iba’t ibang kolehiyo, ngunit iisa lamang ang mga paksa na lalabas sa pagsusulit: Sipnayan, Agham, Ingles, at Abstract reasoning. Kung ninanais ng kolehiyo, maaari pa silang maglaan ng karagdagang asignatura, tulad sa De La Salle College Admission Test (DCAT), na naglagay ng isang dedikadong seksiyon sa kanilang test booklet para sa Istatistika at Moralidad. Hindi mawawala sa mga CETs ang *biology*, *chemistry*, at *physics* sa Agham, *business math*, *geometry*, *trigonometry*, *linear equations*, at *logarithm* sa Sipnayan, at pagbasa’t analohiya naman sa Ingles—mga paksa ng napag-aralan na noong *junior high school* pa lamang, ngunit nakalimutan na dahil sa mga taong lumipas. Pare-parehas man ang balangkas, magkakatalo-talo naman ang mga unibersidad sa hirap ng mga katanungan sa kanilang mga questionnaires.

Hindi lang ang mismong pagsusulit ang kaaway ng mga mag-aaral sa bawat *entrance exam*, kung hindi ang nakabibinging katahimikan ng mga *testing rooms*, ang hindi paggana ng *stock knowledge* ng mga mag-aaral, o ang napakalamig na buga ng *air conditioner* ng kuwarto. Hindi mawawala ang kaba sa mga dibdib ng mga mag-aaral at hindi rin mawawala ang nginig ng kamay at binti nang dahil sa lamig o kaya’y sa nerbyos, gaya ng sa University of Santo Tomas Entrance Test (USTET). Tuloy-tuloy ang pagsusulit nang limang oras, walang pahinga ni 15 minuto man lang, at ang tanging ingay na maririnig mo ay ang paminsan-minsang ubo’t singhot ng mga kasama mo sa kuwarto, o kaya ang pagbukas ng plastik ng baon ng iyong katabi na siyang sinusubukang hindi gumawa ng masyadong malakas na ingay.

Kung hindi iyan ang kinatatakutan ng mga mag-aaral, sigurado na ang paghihintay sa mga resulta ng CETs ang isang bagay na magbibigay-kaba sa mga mag-aaral. Hindi mo alam kung nakapasa ka ba sa nais mong unibersidad o kung nakapasa ka sa kahit anong kolehiyong pinasukan mo. Kailangan mong maghintay nang ilang buwan bago ka makapagplano kung ano ang susunod mong gagawin;

maghihintay ka ba ulit nang isang taon, o agaran kang mag-e-enroll?

Tatlo pa lamang ang natatapos kong CETs (ACET, DCAT, at USTET), at sa tatlong iyon, masasabi ko na hinamon ng mga pagsusulit na ito ang aking galing sa pag-aalaala ng mga paksa ng itinuro sa akin sa nakaraang tatlong taon. Sa tulong ng *review center* na pinasukan ko noong Hulyo, mayroon naman akong natandaan, at hindi ako pumasok sa mga *testing rooms* na para bang nawawalang tuta. Ngunit sa kabila nito, masasabi ko rin na minaliit ko ang mga CETs; naramdaman ko muli ang damdamin na kung saan nakapag-aral ka nang mabuti, ngunit walang lumabas sa mga inaral mo, o kaya parang kulang ang iyong binasa. Hindi ka maaaring umasa sa mga *scientific calculators*, ang pinakadakilang tagapagligtas ng mga mag-aaral sa Matematika, kung kaya ang iyong nag-iisang opsiyon ay ang kabisaduhin ang mga pormula para sa *interest*, *area*, *volume* ng iba’t ibang mga hugis, at iba pa. Mararamdaman mong umiikot ang iyong mga enggranahe sa ulo dahil sa pag-iisip kung ano nga ba ang susunod sa hugis sa pagkakasunod-sunod ng mga litrato. Ito bang may itim na nakaikot? Itong walang itim ngunit baligtad? O ito bang hugis na wala namang kinalaman sa mismong litrato?

Nakatatakot ba ang mga *entrance exams*? Hindi. Ngunit, nakakakaba nga ba ang karanasan? Oo. Sa kabila ng mga biro, ang pagkuha ng CETs ay isa sa mga pinakamahahalagang hakbang ng isang mag-aaral sa mataas na paaralan. Hindi lang ito dahil sa makakasama mo ang iba pang mga estudyante mula sa ibang paaralan na maaaring maunahan ka sa pagkuha ng slots sa mga pinili mong kurso, kung hindi ay dahil dito rin nakasalalay ang mga susunod na kabanata ng iyong buhay. Bagaman nakababagot, nakapapagod, at nakatatokot ang proseso ng pag-aaplay sa mga kolehiyo, isa rin itong karanasan na minsan mo lang magagawa, dahil hindi mo mamamalayang nairaos mo na ang lahat ng iyong kailangang gawin: mula sa paggawa ng *account* sa *online portal* ng mga unibersidad, hanggang sa mismong pagsagot ng pagsusulit. Hindi mabubuo ang iyong buhay sa *senior high school* nang hindi nararanasan ang halo-halong emosyong dulot ng CETs Era.

PARA SA EDUKASYON AT PANGARAP:
ANG PAGBABALIK NG CETs

Erik Yumul Lenon

Naging tradisyon na nga ng mga prominenteng unibersidad sa bansa taon-taon na magdaos ng *college entrance exams* (CETs) upang malaman kung sino sa mga aplikante nila ang karapat-dapat na tumuntong sa kanilang mga silid-aralan. Nakaugalian na ng mga mag-aaral na paghandaan ito, hanggang sa natigil ito dahil sa pandemya. Sa loob ng dalawang taon, tanging *grades* lamang sa paaralan ang naging basehan ng performance ng mga estudyante. Marami ang nagreklamang hindi sapat ang marka sa paaralan. Kaya naman sa pagbabalik-normal ng bansa, kabilang mga kolehiyo na ang nagbaba ng anunsiyong ibabalik nila ang CETs. Marami ang natuwa dahil gamay nila ang sistema nito ngunit marami rin naman ang nadismaya.

Base sa aking mga natapos na pagsusulit, halos iisa lang ang pormat ng CETs. Sakop ng mga ito ang mga aralin sa Math, Science, at English noong *junior high school*. Hinahaluhan din ito ng Mental Ability na naglalaman ng mga simpleng tanong sa Math, *analogy*, *conclusion-*

making, at *patterns*. Sinusubok nito ang kakayahang ng pag-iisip ng mag-aaral. Sa loob ng halos apat o limang oras, nakaupo ako sa mga silid habang tinitis ang lamig ng *aircon*—dapat laging may dalang jacket dahil maninigas ang katawan at utak kapag wala.

May nagsabi sa akin noon, “*CETs ang pinakamadaling exam diyen*.” Mukhang tama nga sila, dahil kahit anong aral ang gawin, may huhulaan at huhulaan ka pa rin. Oras ang tanging kalaban, lalo na sa Math. Kahit anong *solve* ang gawin, kung kulang ka na sa *time* ay ishe-*shade* mo na ang *letter* na napili mo. Nagsilbi ring *intuition test* ang mga *vocabulary tests* dahil hindi ko mawari kung saan ba nanggaling ang mga salitang *first-time* ko lang nabasa. Mahirap sabihin kung ano ang mahirap o madali; basta kapag madaling hulaan, madali na agad.

Sa kabila ng aking mga karanasan, hindi patas para sa akin ang pagbabalik ng CETs ngayong kababalik-eskuwela pa lang ng mga mag-aaral. Dalawang taon ang nawala sa mga estudyante. At sa oras na iyon,

maraming isyung pampagkatuto ang lumitaw. Sakop ng mga pagsusulit ang mga araling naituro sa kalagitnaan ng *blended learning setup*, at maaari iyong nakaapekto sa pag-alala sa mga aralin. Mas makatarungan kung bibigyan muna ng oras makaahon ang mga paaralan at makabalik muli sa nakasanayang *set-up* ang mga estudyante bago sumabak sa unang hamon ng bagong kabanata ng buhay.

“*Eh, pwede namang mag-review center?*” Hindi lahat ng mag-aaral ay may kakayahang mag-enroll sa mga *online review platforms*. Malaking isyu na rin dito ang *inflation rate* at pagtaas ng pamasahang na lubos na nakaapekto sa mga estudyante. Sa *online platforms* din naman ginagawa ang *review sessions*—parang nag-*online class* lang din.

Maganda man o hindi ang pagbabalik ng CETs, sa huli, mas maganda kung patas at para sa lahat ang mga unibersidad na pinapasukan natin—pantay at patas na oportunidad sa edukasyon, ika nga. *No student should be left behind*, pati na sa mga pangarap natin.

LUHA NG KALANGITAN

Zullian Sciatzy Paches Gomez

Naranasan mo na bang maligo sa ulan? Iyong tipong magtatampisaw ka sa lusak ng tubig habang masayang nakikipagtawanan sa mga kaibigan. Para bang tumitigil ang mundo ng mga batang natutuwang maglaro sa ilalim ng nakakakalmang ulan. Basaan dito, basaanoon! Nakikita ko ang matatamis na ngiti ng aking mga kuya sa labas habang bumubuhos ang kalangitan. Kalungkutan ang siyang namutawi sa akin noon sapagkat tinatanaw ko lamang sila mula sa bintana ng aming saradong bahay. Sayang, dahil kahit kailan ay hindi ko nasubukan ang mga bagay na ito. Nais ko ring damhin ang bawat patak nito sa balat at bunbunan habang sumasayaw sa tuwa. Subalit, pinipigilan ako ng takot na baka tuluyan akong lamunin ng ulan. Na baka ako ay kagalitan ng aking mga magulang sa oras na subukan kong suungin ang pagbagsak nito. Pangamba ang namayani kaya hindi ko na lang piniling lumabas mula sa lugar na aking nakasanayan.

Iba nga naman ang dalang ginhawa kapag nasa ilalim ka ng komportableng silong na tila ba hindi mo na nanaisin pang bagtasin ang daan palabas sapagkat ikaw naman ay nakararamdam na ng kaligtasan at seguridad. Ngunit, paano mo nga ba malalaman kung tunay ngang masaya at makulay ang buhay sa labas kung hindi mo pipiliing ihakbang ang iyong paa sa labas ng pintuan at damhin ang lupang binasa ng libo-libong luha ng langit? Iyan ang aking natutuhan mula sa babaeng naglakas-loob na tahakin ang landas tungo sa isang mapait na katotohanan—si Klay. Sa isang teleseryeng pinamagatang Maria Clara at Ibarra, si Maria Clara “Klay” Infantes ng modernong panahon ay ipinasok sa masalimuot na mundo ng Noli Me Tangere, ang nobelang isinulat ni Jose Rizal na sumasalamin sa sakit ng lipunan noon hanggang ngayon. Doon ay kaniyang hinarap ang iba’t ibang klase ng diskriminasyon. Mula sa pagkakahati ng mga naghaharing-uri at masa, rasismo ng mga Espanyol sa mga Pilipinong tinatawag nilang “indio,” korapsyon sa gobyerno, pananakit ng mga prayle sa kabataan at kalapastanganang ginagawa nila sa kababaihan, hanggang sa hindi pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae sa usaping edukasyon at karapatan.

Tila binagyo ng progresibong pag-iisip at katapangan ni Klay ang buong San Diego. Isang bagyong nangwasak sa kasinungalingang nakahahalina’t nakaaakit na matagal nang lumalaganap sa Pilipinas. Para bang hinehele tayo ng mapanlinlang na lipunang ito na ‘kala mo’y isang hardin ng pulang rosas, ngunit kung lalapitan ay bakas pala ito ng mga kaluluwang inalay upang mabuo ang pantasyang isinusubo nila sa mga tao. Ginising ng malakas na paninindigan niya ang natutulog na kaisipan ng kapuwa Pilipino at pinilit alisin ang mga kamay sa mata ng mga nagbubulag-bulagan sa sitwasyon. Niyanig niya ang kampanteng mga mapang-api na nag-akalang habang-buhay nilang paiikutin at pamamahalaan ang bayan. Maituturing na delubyo ang pagdating ni Klay para sa mga gustong manatili sa huwad na kapayapaan, kahit na batid nilang maraming nagdurusa, dahil hindi naman sila ang nakararanas nito. Iyon ay sapagkat wala silang pakialam sa kapakanan ng iba basta’t hindi sila ang apektado. Wari’y isang taong nagagalak sa lamig na dala ng ulan, ngunit

hindi nag-aabalang silipin ang labas kung ang iba ba’y may mapagsisilungan.

Tunay ngang nakabibighani na ang itinuturing nilang delubyong nagpadapa ng mga matatatag na bahay at nagpakislap ng mga lampara ay isang babae. Ipinakita ni Klay na ang isang babaeng pilit na hinahamak at minamalit ng mga kalalakihan sa kanilang panahon ang may kakayahang makagawa ng malaking pagbabago sa kanilang bayan. Sa loob ng orihinal na nobela, naranasan niyang makasalamuha ang mga tauhan na may iba’t ibang karanasan. Magkaiba man ang kanilang mga mundo at mga kinalakihang paniniwala’t gawi, hindi nito nahadlangan ang pagkakaibigan nila ng kaniyang katukayo na si Maria Clara de los Santos, ang bidang babae sa libro ni Rizal. Pareho man ng ngalan ay magkaibang-magkaiba sila ni Klay. Kung si Klay ay maituturing na bagyong hindi nagpapatalo at sumusuko, si Maria Clara naman ay tila isang ambon; siya’y mahinahon at mabini. Wagas siyang magmahal sa Diyos, pamilya, nobyo, at mga kaibigan. Patuloy na bumubuhos ang kaniyang pag-ibig at habag sa kapwa na animo’y wala itong katapusan. Siya ang ambon na nakapagpapabukadkad sa mga bulaklak sa daan. Sinisimbolo niya ang pag-asa na sa kabila ng kasakiman ng mundo, maaari pa ring maniwala sa purong kabutihan—isang tanglaw sa karimlan.

Si Maria Clara man ay mayumi, hindi nangangahulugang siya ay mahina. Ang ambon ay malumanay, ngunit nararamdaman. Naroon pa rin ang kagustuhang magsalita at mapakinggan. Malupit ang karanasan ng kababaihan sa dating panahon sapagkat itinanim sa kanilang mga utak na ang kanilang tanging kakayahan ay mahalina ang Diyos at maging mabuting asawa. Si Klay ang siyang tumulong sa kaniyang makita ang kaniyang tunay na halaga at kapangyarihan ng kaniyang boses. Ang walang hanggang pagmamahal sa puso ni Maria Clara ang kaniyang naging sandata upang palakasin ang sarili. Kabutihan ang siyang naging lakas niya. Hindi natin kailangang

mamili kung sino ang Maria Clara na dapat na tularan ng kababaihan. Infantes man ng modernong panahon o de los Santos man ng nakaraan, ang pareho ay nagtataglay ng katapangan at paninindigan.

Marami pang mga binibini ang nakilala’t nakasama ni Klay sa loob ng libro na kapwa niya ay binusalan at pinagkaitan ng karapatan sa palabas na ito: Si Sisa na pinagtiisan ang asawa para sa dalawang anak na ninakawanlang dinnaman ng kinabukasan. Si Paulita na piniling sundin ang kasunduang kasal. Si Huli na pinagsamantalahan ng isang prayle. Si Tiya Isabel na sunud-sunuran sa desisyon ng patriyarka. Si Andeng na walang magawa kung hindi ipagkanulo ang kinakapatid dahil pinagbantaan ang buhay. Sina Victoria, Sinang, Iday, at Neneng na mga binibining hinamak si Klay dahil siya’y hindi pangkaraniwan. Si Donya Consolacion na piniling manatili sa mapang-abusong kasal. At higit sa lahat, Si Donya Victorina na sa

paghahangad na mapabilang sa *alta sociedad* ay nagpanggap na Espanyol at ikinahiya ang pagiging Filipina. Hindi sila hahantong sa ganitong mga sitwasyon kung nabigyan lamang sila ng pagkakataong malaman na hindi nila kailangang yumukod sa kautusan ng iba at kaya rin nilang makipagsabayan sa mga kalalakihan. Hindi sila kontrabida, kundi mga biktima.

Ulan. Bagyo. Ambon. Magkakaiba man ng atake at anyo, ngunit iisa ang pinagmulan. Ganoon din tayong mga babae, hindi natin kailangang maging singlakas ni Klay upang ipakita ang ating paninindigan. Hindi rin natin kailangang maging singyumi ni Maria Clara upang ipakita ang ating habag sa kapuwa. Tayo ay may iba’t ibang paraan kung paano maipahahayag ang ating mga sarili. Anuman ang ating kinalakihan, hitsura, hugis, tangkad, lakas ng boses, at kulay ng balat, ang isang babae ay nagtataglay ng natural na tapang na nagmumula sa ating mga puso. Kaya, ipaglaban natin ang karapatan ng bawat isa. Laging tandaan, walang makahahadlang sa taong may ipinaglalaman sapagkat hindi napipigilan ang pagbagsak ng ulan. Hindi naigagapos ng tanikala ang bawat patak. Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ang pumukaw sa ating silipin muli ang bintana at tingnan ang buhos ng ulan sa labas. Si Klay ang nagbukas ng pinto sa apat na sulok ng ating huwad na kapayapaan, ngunit kinakailangang tayo mismo ang magkaroon ng sagot sa simbuyo na iapak ang mga paa sa labas at damhin ang bawat patak sa ating mga balat. Paano mo mararanasan ang sayang hatid ng pagligo sa ulan kung hindi ka magkakatapang na suungin ang luha ng kalangitan?



Nanay, Tatay, gusto kong tinapay
Ate, kuya, gusto kong kape
Lahat ng gusto ko ay susundin n'yo
Ang magkamali ay pipingutin ko
Isa ... Dalawa ... Tatlo ...

Nanay, Tatay ang paborito kong laro. Hindi ko alam kung bakit pero nakaengganyo ito. O baka, dahil siguro sinasalamin nito ang buhay ko. Para bang dinadala ako sa ibang mundo kahit pa nasa tapat lamang ako ng tagpi-tagping tahanan. Masayang umaawit habang isang palakpak, dalawang palakpak, tatlong palakpak, hanggang sa mayroong magkamali—pipingutin na ito! Araw-araw akong nakikipaglaro sa kanilang mga batang gaya ko sa gitna ng mainit na kalye, mainit man, hindi bale dahil masaya ako. Nakalilimutan ko ang mga responsibilidad na sa murang edad ay lulan ko na.

“Nanay, Tatay, gusto kong tinapay,” ngunit paano ko sasabihin kina Inay na kailangan ko nga ng tinapay panlaman sa tiyan? Dahil madalas na kumukulong sikmura ang kalaban sa tuwing naglalaro ako kasama ng aking mga kaibigan. Hindi bale, baka sa susunod na araw ay may sobrang sahod na si Itay at makabibili na ng tinapay. Kailangan ko munang tiisin at ibang bagay ang bigyang-pansin. Pero... habang naglalaro, isip ko’y nagugulo. Bakit kaya ganito? Tila ba pinagkaitan ako ng sansinukob. Sabi nila’y musmos pa lamang ako, wala pang muwang sa kung paano umiinog ang mapaglarong mundo, ngunit alam kong may karapatan akong makakain, makapaglaro, at makapag-aral. Hindi lingid sa aking kaalaman na dahil sa kahirapan, naipagkait ito sa akin ng kalangitan.

“Ate, kuya, gusto kong kape,” kapeng magbibigay ng lakas ng loob upang

tuluyan nang masabi ang mga agam-agam ng dila kong nangangati. Subalit paano ko nga ba masasabi na mahirap maging mahirap? Paano maipaliliwanag sa mga komportable ang kalagayang kabaliktaran ng kawili-wili?

“Lahat ng gusto ko ay susundin niyo...” Kakat’wa bang isipin kung ang hihilingin ko na lamang ay makuha ang mga kailangan sa halip na mga gusto? Nais ko lang ng permanenteng trabaho para kay Itay, maayos na tahanan, makakain nang tatlong beses sa isang araw, at makapaglaro ng Nanay, Tatay na hindi ang mga ito ang pumapasok sa murang isipan.

“Ang magkamali ay pipingutin ko,” sa paglalaro ko ng Nanay, Tatay, madalas akong mapingot dahil nagkakamali sa bilang ng palakpak. Paano’y utak ko’y hindi matahimik at punong-puno ng imik ng paghihimagsik. Siguro’y isa rin sa dahilan kung bakit gusto ko ang larong ito ay dahil ipinakikita nito ang pagkakaiba base sa katayuan sa buhay. Kapag ako’y nagkamali, pipingutin. Ngunit bakit ang sistema natin ay napupuno ng libo-libong pagkakamali pero walang pumipingot? Hayaan mo na, siguro’y ganoon talaga. Buti na lamang ay alam kong sa hamong ito’y hindi ako nag-iisa. Maraming mga matang namulat, namumulat, at mamumulat.

Kasama ko silang mga miyembro at boluntaryo ng

samahang Krayola PH—mga nagsilbing ate at kuya ng mga batang tulad ko rito sa Laperal. Sumama sa akin sa paglaro ng paborito kong pampalipas-oras. Taon-taon silang naghahanda ng Paskuhang Maralita upang karapatan nami’y maipaglaban. Sila ang nagsasalita para sa aming naputulan ng dila. Mga kabataang tumulong sa aking mapagtanto kung gaano nga ba kadaya ang mundo. Natulongang mapagtantong isa akong maralita ngunit hindi naiiba sa kanila. Mga nagsilbing kulay ng aking dating kulay abong mundo. Sinamahan pang maglaro ng paborito ko. Ginawa ring totoo ang mga liriko. Binigyan ng tinapay, binigyan ng kape, at binigyan ng pagkakataong kilalanin kung sino ako at kung ano ang dapat na aking natatamo. Sa pagdating nila’y nabago ang buhay ko. Hindi na lamang naglalaro, bagkus ay inaalala na rin ang mga karapatang may halong pagsusumamo.

“Isa ... dalawa ... tatlo ...” Sa pagpasok ng Disyembre, sa pagdiriwang ng Paskuhang Maralita, kalaro ko’y hindi na lamang basta tatlo, marami na. Mayroon nang mga ate’t kuya na siyang makikipaglaro sa akin at

magbibigay ng pagkain. Isinusulong din ang permanenteng trabaho para kay Itay, maayos na bahay na masayang lilinisin ni Inay, at seguridad sa pagkain—tiyak na matutuwa ang aming mga tiyan! Sa pag-abot ng isang pirasong tinapay, para bang isang yapak na ako papalapit sa mas maayos na buhay.

Sa pag-inom ng mainit na kape,



Rheeverly Bongapat Arcilla

SALUBONG SA DALUYONG

Nakahihiyang maging kakaiba.

Kaya’t kung anong porma nila ay siyang gagayahin ko na lamang. Kung ano’ng uso, siyang papatusin ko rin upang masabi na ako’y ‘in’ at hindi isang *killjoy*. Tunay nga namang nakatatokot na lumihis sa pangkaraniwan at umukit ng iyong sariling daan. Dahil, paano kung hindi ito kaaya-aya para sa kanilang mga mata? Paano kung hindi ito pasok sa kanilang panlasa? Paano kung ang hindi pagtalima sa nakagisnan ay magdulot lamang ng matinding pangamba at kamalian? Bago pa man subuking hamunin ang dagat ng kapalaran ay lunod na agad ako ng sapatnaha. Takot, at nanlalamig ang mga kamay na ako’y ‘di na muling makabalik sa dalampasigan dahil sa desisyon kong lumangoy salungat sa daluyong ng malalim na katubigan.

Ngunit, sadya ba talagang ako’y hanggang dito na lamang? Mananatiling sabay na lamang sa agos na iginigiit ng mundo—walang espasyo upang ako’y umusad nang hindi lamang nagiging sunod-sunuran sa itinakda sa akin ng alon ng buhay. Hindi m a n natin aminin, marami sa atin ang mas pinipili na lamang ang madaling daan, kaya naman nalilimitahan ang ating imahinasyon at naitatali ang ating ekspresyon ng sarili sa kung ano na lamang ang ating kinamulatan. Sa halip na umunlad at makarating sa ibayo, nananatili tayo sa lugar kung saan tayo nagsimula.

Kaya maging sa ating kultura, libangan, at midya ay ‘di mapasusubaliang masasalamin ang pagiging ‘di hamak na imitasyon lamang sa kung anong matunog sa ibang bansa upang tayo’y makasabay sa kanilang kasikatan. Ang

ating mga artista at tanyag na mang-aawit ay kumukuha ng inspirasyon mula sa kanila upang paghanguan ng mga konseptong kanilang gagamitin sa mga susunod na obra. Kung hindi ang paglalapat ng pangkaraniwang sikat na tunog upang maging mabenta sa masa, ang ilan nama’y gagamit na lamang ng generic na pormula upang madaling tangkilikin ng madla. Hindi naman ito masama. Sa katunayan ay isang epektibong estratehiya pa nga, subalit, hindi mo ba kailanman hinangad o inisip na magkaroon naman tayo ng bago? Magkaroon naman ng bagong timpla ang musikang Pilipino? ‘Yun bang, tunog na tunay na natatangi. ‘Yun bang tunay na kakaiba.

Sa muling pagsibol ng *genre* ng P-pop o Pinoy Pop sa bansa simula noong taong 2019, unti-unting nakilala ang makabagong tunog ng OPM. Kasabay nito ang paghampas ng alon ng oportunidad kaya kaliwa’t kanan ang pag-usbong ng mga bagong P-pop groups na mayroong angking husay sa pag-awit, paghataw nang sabay-sabay sa harap ng entablado, at magiliw na personalidad upang makaakit ng libo-libong tagahanga. Ngunit dahil sa dami ng mga bagong grupong nagsisilabasan, mahirap makahanap ng bagay na siyang magpapaangat ng kanilang pangalan at kasikatan lalo pa’t bago pa lang sa pandinig ng mga Pilipino ang k o n s e p t o

ng mga ganitong genre. Suliranin itong nakababagabag sa ilan ngunit hindi para sa grupong akin ngayong ituturan.

Simula’t sapul ay malinaw na ipinahayag ng grupong Alamat ang kanilang misyon bilang isang idol group ng bansa. Ang gamiting instrumento ang kanilang musika upang magbigay pugay at ipakilala ang ating mayamang kultura at kasaysayan saanmang tanghalan ang kanilang mapuntahan.

Sino ba naman ang hindi mapalilingon at mapahihinto upang kilalanin ang grupong mayroong mga miyembrong buhat pa sa iba’t ibang mga probinsyang Pilipinas at bihasang magsalita sa kanilang mga panrehiyong wika? Ilokano, Tagalog, Kapampangan, Bikolano, Waray-waray at maging Bisaya man ay kayang-kaya nilang makipagsabay. Kilalanin ang Alamat na kinabibilangan nina Taneo, Mo, Jao, Tomas, R-Ji, at Alas. Sa ilalim ng pangangasiwa ng Viva Records, ang Alamat ang kauna-unahang idol group sa bansang nagpo-produce ng mga multilinguwal na awiting mismong ang mga miyembro ang nagsusulat. Nagagawa nilang mabigyan ng sariling atake ang mga karaniwang awit ng pag-ibig na sadya namang nakahahalina para sa masa. Tulad na lamang sa kanilang *debut single* na “kbye” na tumatalakay sa isang taong iniwan ng kaniyang sinisinta. Sa unang tingin ay iisiping isa lamang ito sa napakarami nang mga korning love songs na madalas nauuliginan sa mga radyo. Sinong mag-aakalang sa areglo nito’y makaririnig ka ng instrumentong kulintang at ang melodiya ng tinikling ay tiyak na hindi mo rin malalampasan! Sa loob din ng kanilang music video, mababanaag ang paglapat ng mga symbolismong nagpapakita ng kulturang Pinoy tulad ng mga pista, pampasaherong dyip, at makukulay na elementong sinamahan pa ng kanilang mga terno at kasuotang habi ng mga

Ifugao, Yakan, Maguinadanaon, at iba pa. Bawat segundo ay hindi dapat palampasin dahil ang kantang ito ay hindi lamang pista para sa tainga, kundi pati na rin sa mga mata!

Bagaman hindi pangkaraniwan at maraming nagduda sa konseptong inihahain nila sa larangan ng musika, ay nagkaroon din naman ito ng magandang bunga at sila’y umani ng mga masugid na tagasuporta—ang mga Magiliw. Tila naghanay ang mga bituin para sa natatanging grupo dahil ilang buwan lamang matapos ang paglabas nito ay nakapasok din ang “kbye” sa Next Big Sound Chart ng Billboard na nagtatala ng mga kantang umaani ng positibong trend sa social media at online streaming platforms tulad ng Spotify.

Anong galak at tuwa ng Alamat nang sila’y makatikim ng matamis na tagumpay bunga ng kanilang pagiging matapang at malikhaing pakikipagsapalaran. Matapos ng mainit na pagtanggap sa “kbye” ay agad naman nila itong sinundan ng mas mabalasik at malakas na awiting kanilang inilabas—ang “kasmala”. Salungat sa naunang kanta, mas mabigat ang mensaheng pahiwatig ng awiting ito, at sa pamamagitan muli ng kanilang *music video* ay tahasang ipinakita rito ang kontrobersiyal at malupit na kapalarang sinapit ng mga Pilipino sa kamay ng mga Amerikano sa St. Louis World Fair noong 1904. Itinampok dito ang malikhaing interpretasyon sa mga tribo ng Igorot na ginawang atraksiyon at pinagmistulang mga hayop upang gawing katatawanan ng mga dumalo dahil sa kanilang naiibang paraan ng pamumuhay at kasuotan. Nagawa ng awiting ito na magsilbing isang

nagkakaroon ako ng kumpiyansang hindi na kami muling maaapi pa. Sa pagtama ng nanginginig na kalamnan sa kamay ng kalarong mayroon ding inaasam, kasabay ng paglagabong ng nagtamang mga palad ay ang pag-alala na sa larong ito, namulat ako. Namulat sa kung ano ang totoo. Sa kung ano ang nararapat. Sa kung ano ang dapat at sa kung ano ako.

Nanay, Tatay, mayroon nang pag-asa. Ate, kuya, tayo’y may panlaman-tiyan na. Lahat ng kailangan ko’y siya nang abot-kaya.

Rheeverly Bongapat Arcilla

paalala sa madilim na nakaraan ng kolonyalismo at rasismong kinaharap ng ating mga ninuno noon, habang binibigyang-pugay ang pagiging “kasmala” nating mga Pilipino sa anumang hamon na ating harapin.

Ang mga awiting “kbye”, at “kasmala”, ay ilan lamang sa mga obrang nagpapakita na ang Alamat ay hindi takot na gumawa o tumahak ng bagong landas upang sila’y lumago bilang mga musikero. Hindi sila nagiging kampante na manatili lamang sa isang sulok kaya patuloy silang lumilikha at tumutuklas ng mga konseptong ekstraordinaryo habang isinusulong ang kanilang adhikaing ipamalas ang ating natatanging kultura—isang bagay na ngayo’y napakadali nang malimot ng karamihan.

Tunay nga namang ang lalim at mga dambuhalang alon ng karagatan ay nakapanghihina ng loob languyin na minsal’y iniisip na lamang natin itong iwasan o magpaanod na lamang. Mayroon mang dalang panganib at pangamba ang hindi pagsunod sa agos na sa tingin nati’y itinakda na, mayroon din itong kaakibat na dalang pag-asa. Binibigyan tayo nito ng pagkakataong maging bukas sa maraming pagbabago at maipamalas ang pagiging malikhain upang umunlad at ipakilala pa ang ating natatanging kakayahan.

Sa pagsalubong sa daluyong at hindi pagtakbo mula rito, pinatunayan lamang ng Alamat na kaya nating iwaksi at baliktarin ang negatibong konotasyong

Chelsea Jemimah Villena Gupo

Julie

Nagmamahal, Magenta

Isabella Nicole Caliao Andaya

Iridescent. Iyan ang pamagat ng isa sa mga tulang sinulat ko noong tila tula lang ang alam kong likhain. Inilalarawan ng pang-uring ito ang kakayahan ng mga bula na maipamalas ang iba't ibang kulay kapag tinitingnan mula sa iba't ibang anggulo. Hindi ba't lahat naman tayo'y namangha sa kakayahan nilang ito? Ngunit, tinataglay rin ito ng plumahe ng mga ibon, pakpak ng mga paru-paro, *nacre* o *mother-of-pearl* ng mga kabibi, ilang mineral tulad ng opalo, at ng Pantone Color of the Year 2023 na *Viva Magenta*.

Bakit at paano ko nasabing kayang ipakita ng iisang kulay ang iba't ibang kulay? Sapagkat, ang *Viva Magenta* ay ang kulay ng kapirasong lasong natira mula sa hindi inaasahang regalo. Ito ang kulay ng mga bulaklak na kahit ilagay natin sa plorera'y pinakamaganda pa rin kapag tinatanaw sa hardin. Ito ang kulay ng ilaw na suminag at nakisabay sa pagsayaw ng mga magkakaibigang naghilahan palapit, nagtulakan palayo, at nabuhay nang malaya kahit sa gabing iyon lamang. Ito ang kulay ng isang taong nagpatawa, nagpaluha, nagbigay ng tadhanang ipinapanalanging matupad, at nagturo sa aking kaya kong mahalin ang aking sarili. Ito ang kulay na nakita ko sa mga mata ng isang taong isinaraduhang nagturo sa aking kaya akong mahalin ng iba. Ang siyang kulay ng pagmamahal.

Sa sitwasyon ng mundo at ng Pilipinas ngayon, mahirap maghilom. Pero sa huli'y magagawa rin natin ito kahit paunti-unti lang, dahil ang paghilom ay pagpapahinga, at ano ba ang pagmamahal kung hindi pagpapahinga? Ano ba ang pagmamahal kung hindi ang pagkabisa kung kailan babagsak ang ating mga ulo at paghahanda ng kumot at unan para sa atin? Paggising natin ay mahirap ding bumangon at harapang muli ang totoong buhay matapos makahanap ng pahingang matatakbahan. Ngunit sa huli'y magagawa rin natin ito kahit dahan-dahan lang, dahil ang pagbangon ay pagpapatuloy, at ano ba ang pagmamahal kung hindi pagpapatuloy? Ano ba ang pagmamahal kung hindi pagkabisa kung paano tayo gigisingin at paghahanda ng almusal para sa atin? Sa gabi'y masasabi sa akin ng *Viva Magenta*—ng pagmamahal ng aking mga magulang—

"Matulog ka na. Maagapa ka bukas." Saumaga'y masasabi naman nito sa akin, "Bumangon ka na. Hindi ka dapat mahuli sa klase." Sa ilalim ng iisang langit, iisang araw, iisang buwan, at iisang takbo ng oras, iisa rin ang pagbangon at pagpapatuloy nating mga Pilipino—kahit pinagkaisahan tayo ng mga problema, kahit hindi iisa ang ating mga pinagdaraan.

Iridescent. Sa palagay ko'y ganito ang pagmamahal, sapagkat ang kulay ng pagmamahal ay *Viva Magenta*, at taglay nito ang kakayahang tinutukoy ng pang-uring iyon. Hindi ko na sinubukang tuwirang ipaliwanag ang mga katangian ng *Viva Magenta* o ng pagmamahal dahil naniniwala ako sa huling mga linya ng aking tula, *"we are all different shades / of countless neons and pastels / and every other hue / beyond and / in between — and no one ever could describe colors."* Habang sinusubukan ng marami na gumawa ng perpektong paglalarawan ng mga kulay, o ng pagmamahal, o ng mga tao, o ng lahat ng ito, sinusulat ko sa isa pang tula na hindi ito posible. Iyon ay dahil kailanman, mga makamundong wika lamang ang ating magagamit. Mga lengguwahang tinatawag nating makapangyarihan at marikit. Ngunit sa kabila ng mga ito'y wala pa rin silang binatbat sa wika ng ating mga kaluluwa.

Hindi ko alam kung paano, pero kahit magbago ang lahat at kahit madiskubre kong kasinungalingan pala ang mga katunayang pinanghahawakan ko, may isa pa ring bagay na hindi sasabay sa daluyong na ito. May isa pa ring bagay na makasisiguro akong totoo; ang mga hindi mailarawan ng lengguwahe natin ay kabisadong-kabisado ng mga kaluluwa natin. Kung babagal ang oras, kung kaya mong makinig, mapagtatanto mong laging bumubulong sa iyo ang sariling kaluluwa. Subukan mong makinig ngayon... Naririnig mo ba ang sinasabi nito sa iyong puso ukol sa *Viva Magenta*, sa mga kulay, sa pagmamahal, at sa mga tao? Kung oo, sana'y mapangiti ka ng mga bulong nito. Dahil ang ngiting iyan ay ang unang hakbang sa pagiging higit pa sa pag-iral—ang pakiramdam na ikaw ay nabubuhay at hindi buhay lamang. At ano ba ang *Viva Magenta*, ano ba ang pagmamahal, kung hindi ang pagiging nabubuhay?

Juli

SUPERGURO

Juli

Tuwing sasapit na ang hapon, magsisimula nang umalingawngaw sa apat na sulok ng aming tahanan ang mga nakaririnding hiyawan. Hindi dahil sa pag-aaway, kundi dahil parati akong niyayaya ni ate na maglaro kagaya ng aming mga paboritong *superhero*. Palo rito, hampas diyani! Naaalala ko pa nga noon ang mga sermon ni Itay, madalas niyang sambit na hindi naman daw totoo na mayroong mga tagapagligtas. Aniya ay gawa-gawa lamang ang mga ito ng malawak na imahinasyon ng iba't ibang manunulat upang mahumaling ang mga paslit na katulad ko. Nang marinig ko ito sa unang pagkakataon, para bang pinagsakluban ako ng langit at lupa—gumuho ang aking malapantasyang mundo. *"Ang lahat ng ito ay puro lamang kasinungalingan?"* Ang akin noong tinitingalang mga araw na nagbibigay-liwanag at pag-asa sa mapanganib na mundong aking kinatatayuan ay bigla na lamang nagdilim. Ngunit muling nagninging ang aking mga mata at ang aking mga labi'y umabot sa tainga nang tanungin ang aking Inay. Taliwas sa sinabi ni Itay, muling nagliyab ang aking paniniwala nang siya'y sumagot sa *"Totoo po bang mayroong superhero?"*

Makalipas ang ilang taon at ako'y nasa ikapitong baitang na sa Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati. Dito ko unang nakilala si Ma'am Jadelyn De Leon-Martinez, mas kilala ng mga estudyante bilang Ma'am Jade. Unang tapak pa lamang niya sa aming klase ay dama ko na agad ang pagka-*terror* niya. Kahit ang kaniyang pagbati sa amin ay tila ba tipo ng gurong nangangain ng malingay na bata. Kung kaya, sa tuwing nagkikita kami sa *hallway* ay kulang na lamang ay kontrolin ko na ang aking paghinga para lamang hindi ako makagawa ng ingay na ikaririndi ng kaniyang mga tainga. Ngunit, salungat sa aking mga inakala, ang aking guro pala ay mayroong pusong mamon. Kitang-kita ng aking dalawang mata ang kaniyang dedikasyon sa pagtuturo ng sining. Magmula noon ay nagsimula nang magbago ang aking paningin sa kaniya—lalong-lalo na 'nung ako'y kaniyang niyayang sumali sa *chorale*.

Bilang isang batang mahilig kumanta, ang kaniyang simpleng paanyaya ay sapat na para paigtingin pa ang aking pagmamahal sa sining. Naging tulay ang *chorale* sa akin na magbukas pa ng maraming bintana ng oportunidad upang lubos pang mahasa ang aking talento. Habang pinanonood ko si Ma'am Jade sa paggabay sa amin ay biglang sumagi sa aking isipan ang aking inay—partikular ang kaniyang sinabi noong bata pa ako. Doon ko lamang napagtanto na ang gurong inakala kong isang kontrabidang lalamunin ako nang buo ay 'di hamak na isa palang *superhero*. Isa siyang alagad ng sining at edukasyon na ang trabaho sa mundo ay gisingin ang kabataan upang mamulat sa kakaibang kariktag taglay nito. *"Hindi lahat ng superhero ay kinakailangang may suot na kapa't magagarbong damit at armas upang makilala, ang ilan sa kanila ay nakikihalubilo sa iba't ibang anyo katulad ng pagiging guro."* Ayan ang mga katagang tumatak sa aking isipan habang umaasang sana mayroon pang natitirang tagapagligtas sa mundo. Dagdag na bilin pa nga ni Inay na makikilala ko lamang sila kung hahayaan ko silang papasukin sa aking puso kung kaya inisulat ko itong liham para lamang sa'yo.

"Para sa pinakamamahal naming Superguro,

Pebrero 28, isang normal na araw ngunit lingid sa aming kaalaman ay mayroong nagbabadyang paparating na masamang balita. Nagulantang ang lahat dahil tila kahapon lamang ng mabalitaan kong ika'y sumakabilang buhay na. Sariwa pa sa aking isipan ang bawat pangyayari ng araw na iyon. Nasa loob ako ng elevator nang mabalitaan ko mula sa kwentuhan ng aking mga kaibigan na ika'y pumanaw na. Nadurog ang aking pusong iyong pinatibok nang ako'y ipakilala sa sining. Sabi ng iyong mga kapwa guro ay parang kahapon lang daw ay masigla at punong-puno ka pa ng mga klase. Kahit hanggang ngayon ay hindi ko pa rin matanggap na wala ka na.

Nakapanlulumo man ang balita ng iyong pamamaalam ngunit masaya kaming isipin na sa ngayon ay makapagpapahinga ka na. Nais ko na lamang isiping kasama mo nang lumipad ang mga anghel sa alapaap hanggang sa dulo ng walang hanggan. Katulad ng mga nababasa kong mga tagapagligtas sa komiks, ang iyong pangalan ay mananatiling nakatatat sa kasaysayan ng ating paaralan. Hindi ka lamang naging isang guro dahil sa iilan ay ikaw ang tumayong nanay at kaagapay ng mga mag-aaral. Kuwento nga ng iyong kaibigan na noong kasagsagan ng pandemya ay ikaw daw ang bumibili ng pagkain ng estudyanteng pumapasok ng MakSci para makigamit ng computer.

Patuloy kaming magpapasalamat sa iyong naging serbisyo sa larangan ng obra at edukasyon. Isa lamang ako sa ilang daang mag-aaral na tinuruan mong mahalin ang diwa ng sining. Hanggang sa dulo ng iyong hininga, pinanindigan mo pa rin ang iyong titulo bilang isang bayani. Hanggang sa dulo ay nilabanen mo ang iyong sakit upang patuloy na makapagbahagi ng iyong kaalaman sa kabataan. Pinili mong isakripsiyong ang iyong pahinga at tiisin ang iyong iniindang karamdaman para lamang makatulong. Ang mga iniwan mong bakas ang bumubuo ng iyong pangalan bilang isang dakilang tagapagpangalaga ng obra. Taas noo ka naming ipinagmamalaki sa iyong naging kontribusyon sa ngalan ng pagiging haligi ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati.

*Hindi ka man namin maipagtatayo ng isang monumento ngunit hayaan mo akong ialay itong aking isinulat na mula sa aking puso—isang sulat na binubuo ng alaala ko sa iyo bilang isang superhero at guro. Ang iyong paglilingkod bilang isang alagad at tagapag-alaga ng sining ay hindig-hindi namin malilimutan. Binabalot ang iyong pangalan ng walang iba kundi respeto at kamanghaan. Katulad ng mga kalapating lumilipad sa kalangitan, patuloy ka naming titingalain; ang iyong ngala'y taas noo naming aawitin. Taos puso kaming nagpapasalamat sa iyong legasiyang iniwan sa aming paaralan. Nawala'y sa susunod nating pagtatagpo ay hayaan mo akong ipamalas yaong talentong iyong pinalago. Habang-buhay ka nang nakaukit sa aming mga puso, ang tinatangi naming *superguro*.*

*Hanggang sa muli,
Richardson Ganceña Tubo"*



MAHIKA NG MUSIKA



Keyrie Eleison Quinol Balasabas

Saya. *"Yan ang emosyong namumutawi sa silid-aralan ng mga oras na 'yon."*

Hawak-hawak ng iyong klasme't ang gitara. Ang iba'y pahampas-hampas sa lamesa ng plastik na upuan na animo'y tambol ang hawak. Bubuksan sa *cellphone* ang *chords* at liriko ng mga paborito nating kanta at ang lahat ay sabay-sabay na aawit na tila ba'y napasasailalim sa iisang himig. 'Yon bang parang malilimutan mo ang oras sa sarap ng kantahan at mapapadpad ka sa isang mundong malayo sa nakapagagod na mundo ng eskuwelahan. Malilimutan mo ang mga tambak na takda't gawain dahil ang pumapasok lang sa iyong isipan ay *"Ano naman kaya ang sunod nating kakantahin?"*

Ngunit, aakalain mo bang sa bawat kalabit ng gitara ay hindi lamang musika at ritmo ang mabubuo nito? Para sa musikero at manunulat na si Amiel Sol, pangarap ang nabuo nito.

Nagsimula ang awit sa buhay musikero ni Amiel sa isang gitara. Isang munting instrumentong taglay ang munting kagustuhang matuto ng himig nito. Dala ang kaniyang pagpupursigi sa kaniyang sarili, mati-yaga siyang pumupunta sa kanilang kapitbahay upang mas palawakin pa ang kaalaman sa pagtugtog nito. Sa pagpasok niya sa sekondarya sa Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati ay mas nagkaroon siya ng pagkakataong ipamalas ang kaniyang hilig sa paggigitara. Nagsimula siya sa simpleng patugtog-tugtog lamang sa silid-aralan, sa mga nakababagot na araw na nauwi sa *jamming* at awitan. Ang simpleng kasiyahan at katuwaang ito ang naging tulay upang silang magkakaibigan ay bumuo ng grupo at sumali sa patimpalak na Battle of the Bands na taunang isinasagawa sa *school fair* sa MakSci. Sa entabladong iyon, habang hawak-hawak ni Amiel ang kaniyang munting gitara, hindi na lamang kaniyang mga kaklase ang nakaririnig ng kaniyang himig—kundi isang buong komunidad ng mga mag-aaral.

Sa pagpasok ni Amiel sa kolehiyo ay dinala siya ng musika sa mas malalawak na entablado at mas malalaking madla. Mas nagkaroon siya ng pagkakataon na ipamalas ang kaniyang angking galing sa pagtugtog at pagkanta na hindi lamang limitado sa apat na kuwadrado ng paaralan. Nagbukas sa kaniya ang mga pagkakataong makapag-perform sa mga *bar, food park, cafe, at university events*. Sa bawat awit, mas lalong dumadagundong at umuugong sa kaniyang puso ang pag-ibig at hangad sa pangarap.

Ngunit, hindi niya hinayaang magtapos ang kaniyang mga awit sa pagtatanghal sa harap ng mga madla. Dahil alam niyang sa kaniyang puso, marami pa ang kaya niyang abutin.

"Passion ko na talaga yung music ever since. At the back of my mind, gusto ko na talagang i-pursue siya. Pero, lagi kong sinasabi, 'Ah sige, pag graduate ko na lang,' 'Ah sige, kapag natapos ko na 'to.' Pero siyempre, nung dumating 'yung pandemic, nagkaroon ako ng maraming time para makapag-isip-isip. Naisip ko na, 'Kailan ko pa 'to gagawin kung hindi ngayon?' Kaya, doon ko na talaga sinimulan mag-record kahit sa bahay lang at wala naman ako masyadong magandang equipment. At least, I'm taking concrete steps to where I want to be."

Ang mas umiigting na pagmamahal sa musika ay ang kaniyang naging gabay upang simulan ang kaniyang karera sa paggawa at pagsulat ng kaniyang mga sariling himig. Tanging sarili lamang at pagtitiwala sa kaniyang kakayahan ang naging puhunan niya upang simulan ang kaniyang unang kantang 'You Make It Right'. Opisyal niya itong *ni-release* sa iba't ibang *music streaming platforms* noong Marso 27, 2020. Kaya't hawak ang kaniyang munting gitara habang pinanghahawakan ang kaniyang munting pangarap, sinimulan ni Amiel ang panibagong awit ng kaniyang buhay.

"'You Make It Right' was the first song I ever

released. I recorded and produced it in our living room. Madaling araw para walang background noise, and dahil at the time wala akong sariling kwarto at walang kilalang pwede tumulong sa'kin makapag-studio. At dahil 'yun ang pinakauna kong na-produce na kanta, very rough ang final product — maraming noise, 'di malinaw masyado, etc. But, I think those added a certain charm to it."


Ang kaniyang pusong nagpupuyos sa pangarap ay ibinuhos niya sa bawat kantang kaniyang isinusulat. Patuloy siya sa pag-*release* ng mga kanta hanggang sa dumating ang katok ng oportunidad na maging parte siya ng isang *record label*, ang Viva Records. Sila ang naging katuwang ni Amiel Sol upang ipagpatuloy at pag-ibayuhin pa ang kaniyang pangarap sa musika. Mula rito, 'di mabilang na tagumpay na ang kaniyang nakamtan. Ang isa niyang single na 'A Day With You' ay umabot sa pang-21 puwesto ng *Philippine Viral 50 Hits* ng Spotify. Itinampok na rin ang kaniyang kantang 'Getting By' sa Viva Film na 'Ikaw Lang Ang Mahal' na pinagbibidahan ng mga artistang sina Kylie Verzosa at Zanjoe Marudo. At ang kantang naging dahilan ng simula ng lahat, ang 'You Make It Right,' ay naitanghal na rin niya sa Wish 107.5 Bus.

"Kung musikero ka, isa sa gusto mong mangyari 'yung makakanta sa Wish Bus. Kaya nung nakanta ko siya, masaya ako na nagawa ko na siya. Para siyang isang milestone. Kasi, to think na this is just a song that I just recorded sa living room pero ngayon nakanta ko na siya sa Wish Bus. Hindi ko namalayan na malayo na rin pala yung nararating nung kanta."

Doon ko napagtanto ang kapangyarihang taglay ng musika. May mahika itong taglay na dalhin ang umiibig dito sa isang lugar na hindi kayang abutin ng kanilang mga mata, at higit pa sa mga pangarap na kaya nilang abutin.

Dinala nito ang musikero ng si Amiel Sol sa mga entablado ng hindi niya akalaing kaniyang mararating, tanaw ang mga tagahangang sumasabay at nahuhumaling sa kaniyang bawat himig, at taglay ang kasiyahan sa puso 'pagkat unti-unti niyang naabot ang kaniyang pangarap na dati'y hindi niya alam kung papaano sisimulan. Malayo pa ang bukas na walang kasiguraduhan, ngunit habang hawak ni Amiel ang kaniyang gitara't patuloy sinasabayan ang awit ng kaniyang pusong may pagmamahal sa musika, isa lamang ang sigurado.

Saya. *"Yan ang emosyong namumutawi sa puso ng musikero ng si Amiel Sol nung mga oras na iyon."*



Lungsod ng Makati, nagdeklara ng climate emergency

Opisyal na nagdeklara ng *climate emergency* ang lokal na pamahalaan ng Makati City, sa pangunguna ni Mayor Mar-len Abigail “Abby” Sombillo Binay-Campos noong Agosto 5, 2022 sa isang webinar, Cafe Talk for Resilient Makati, na inorganisa ng *disaster and risk reduction unit* ng lungsod. Ang deklarasyon ay ginawa upang bigyang-daan ang Makati na higit pang palakasin ang mga inisyatiba nito sa pagkilala ng pangangailangan ng aksiyon upang matugunan ang *global warming*. Kasabay nito, inaasahan ang isang “mas agresibong” diskarte sa pagprotekta sa kapaligiran at pag-iwas sa matitindi at *irreversible* na posibleng epekto ng mga sakuna. Kabilang dito ang pagpapatupad ng *climate emergency*, pagpupursigi sa mga inisyatibang “*green infrastructure*,” pagrereporma ng lokal na ekonomiya, at higit na pagpapalakas ng proteksiyon sa mga mamamayan, *assets*, at sistema ng impraestruktura ng lungsod.

Kilala ang lungsod ng Makati sa pagsisikap at pagpapatupad ng mga patakaran upang mabawasan ang basura at magkaroon ng pananagutan sa kapaligiran. Kasama sa mga patakarang ito ang *solid waste management*, *plastic waste ban*, *cigarette smoking ban*, *green building*, at *anti-smoke belching* na nakatutulong na maibsan ang *greenhouse gas emissions*. Ang nasabing lungsod ay nakiisa sa mga lungsod ng Bacolod at Quezon bilang iilan sa mga unang lokal na pamahalaan sa Pilipinas na nagdeklara ng *climate emergency*. Nakatuon din ang lungsod sa pagpapalawak ng *open-source* Makati Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) Knowledge Portal at pagsasama ng *tools* at *resources* mula sa global na kolaborasyon ng Making Cities Resilient 2030 sa DRRM Academy nito na naglalayong mas maging ligtas, *sustainable*, *innovative*, at *investment-oriented* ang mga lungsod.

Ang pagdeklara ng lungsod ng *climate emergency* ay isang pagkilala sa pangangailangan para sa isang mahusay, *multi-level*, at *multi-*

stakeholder na sama-samang aksiyon dahil sa kasalukuyang kalagayan ng *climate change* at upang matugunan ang mga epekto nito. Ani Binay, “*We heard the data. We understood the science. We are feeling its impact. Now is a crucial time to act and we need to act fast. Addressing climate change impact and making headway with long-term goals such as net zero and race to resilience require the collaborative effort of the different sectors of society and all stakeholders.*” Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration, inaasahang tataas sa 1.8°C pagsapit ng 2050 ang taunang temperatura ng bansa na isa sa mga ugat ng paglaki ng bilang ng mga *heatwave*, paglakas ng bagyo, pagtaas ng lebel ng dagat, at pagbaha.

Isa sa pangunahing hakbang sa aksiyon ay makipag-ugnayan sa mga residente at negosyo sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa mga epekto ng pagbabago ng klima, at isali sila sa paggawa ng *resilient* at *sustainable development plans*. Inilatag ni Binay ang ilang mga hakbang na ginawa ng pamahalaang lokal ng Makati upang mabawasan ang mga epekto ng *climate change*. Sa ilalim ng pangkalahatang Comprehensive City Development Plan ng Makati, ang Comprehensive Land Use Plan ng lungsod ay gumagawa ng mga probisyon para sa mga insentibo upang isulong ang *flexible*, *innovative*, at *disaster-resilient* na pagpapalano at pagkikilos. Sa *webinar*, hinimok din ni Binay ang mga sektor ng negosyo, komunidad, at iba pang *stakeholders* na magkaroon ng mas aktibong partisipasyon ukol dito. Kasabay ng deklarasyon ng *climate emergency*, ang mga negosyong *eco-friendly* ay sinusupportahan sa pamamagitan ng mga insentibo at subsidiya. Dagdag pa rito, ang Makati ay nagbigay ng malaking pagpapahalaga sa *sustainable tourism* kabilang ang pagtatatag ng mga *tourist centers* at Museo ng Makati na matatagpuan sa Poblacion at Glorietta 2 sa Ayala Center.

Plano ng Makati na magpatupad ng “*green infrastructure*” sa pamamagitan ng



BILANG PAGHAHANDA SA SAKUNA. Naglatag ng detalye si Mayor Abby Binay tungkol sa climate emergency sa isang webinar na inihanda ng Makati Disaster Risk Reduction Management Office.

paglalagay ng *solar panels* sa mga pampublikong paaralan at mga gusali ng gobyerno upang matiyak ang kahandaan nito sa koryente sa panahon ng kalamidad. Simula noong Agosto 2022, ang pag-*install* ng *solar panels* ay inilulusad sa 25 elementarya, 10 *junior high school*, at walong *senior high school*, kung saan nauna ang Comembo Elementary School. Bilang isa pa sa mga hakbang na isinasagawa bilang pagtugon sa *climate change*, itinataguyod ng pamahalaan ang *sustainable mobility*. Ang lokal na pamahalaan ay pumirma ng isang kasunduan sa Korea International Cooperation Agency upang magtatag ng isang *electric bus-based* na *smart public transport system* sa lungsod. Sinabi ni Binay sa Traffic Center ng CNN Philippines noong Agosto 5, 2022 na bilang bahagi ng mga hakbangin tungo sa pagbuo ng “*smart and green*” *public transport system*, plano ng Makati na maglunsad ng humigit-kumulang 30 hanggang 50 *electric bus* sa 2024. Plinano rin ng pamahalaan ang Makati Intra-city Subway project na inaasahang makukumpleto sa 2025. Kasama ng *smart*

public transport system, inaasahan paluluwagin nito ang mga kalsada sa Makati upang mabawasan ang *carbon emissions* ng lungsod.

Ang mga aksiyong ito ay kabilang sa pagiging kasapi ng lungsod ng Makati sa kampanyang Race to Resilience na naglalayong patatagin ang aksiyon sa pagpapalakas at pagbabago ng pandaigdigang ambisyon para sa katatagan ng klima na hinahangad namang patatagin ang apat na bilyong tao na nasa laylayan sa taong 2030. Dagdag pa rito, ang lungsod ng Makati ay ang unang lokal na pamahalaan sa mundo na sumali sa nasabing kampanya. “*We will finalize our Investment and Incentive Code which aims to incentivize green investments and practices and thereby encourage the business sector to take an active role in attaining the city’s climate goals,*” sambit ni Binay. Sa kasalukuyan, mayroong 733 lungsod na “nakikipagkarera” sa pagbawas sa kalahati ng *emissions* pagsapit ng 2030 bilang isang bahagi ng kampanya nitong “Race to Zero.”

Samantha Javier Saquilayan

3DPH InfoSys, inilunsad ng DOST

Cyan Jon Amora Abara

Opisyal nang inilunsad ng Department of Science and Technology (DOST) ang kauna-unahang sentralisadong *database system* ng bansa para sa pag-*visualize* at pagsusuri ng impormasyong may kaugnayan sa ibabaw at ilalim ng lupa—ang 3D Philippines Information System (3DPH InfoSys), na ginanap sa Novotel Manila Araneta City noong Nobyembre 15, 2022. Ang inisyatibang ito ay isang *online* na platapormang pagmamapa na makatutulong sa mga inhinyero, *architect*, at *designers* para sa pagpapatayo at pagpapalawak ng mga matataas na gusaling may kalidad at ligtas na estruktura.

Bukod sa DOST, ang inisyatibang ito ay pinangunahan din ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) at ng De La Salle University (DLSU). Kasama rin dito ang Department of Public Works and Highways at Department of Science and Technology-Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) na magpapaunlad sa kalidad ng 3DPH InfoSys. Ayon sa PHIVOLCS, ang 3DPH InfoSys ay awtput ng 3D Philippines Program. Mahalaga ang pagbuo nito upang makapaghanda sa mga likas na sakuna kagaya ng mga daluyong-bagyo, baha, lindol, *tsunami*, at pagsabog ng bulkan na taon-taon ay may malalaki’t negatibong epekto sa mga tao.

Ang 3DPH InfoSys ay nakaakma sa Geospatial Information Management and Analysis Project for

Hazards and Risk Assessment in the Philippines (GeoRiskPH) na makatutulong sa pananaliksik, pagpapalano ng mga kinakailangang hakbangin, at *disaster risk reduction*. Ang GeoRiskPH ay isang pinagsama-samang *database system* na kinokolekta at pinag-aaralan ang mga impormasyong may kaugnayan sa mga panganib at *risk assessments* ng mga likas na sakuna upang maging mulat at handa ang gobyerno, mga pribadong institusyon, at mga mamamayan. Ito ay nakaangkla sa tunguhin ng gobyerno na gawing *digital* ang pagkuha ng datos sa mga impormasyong may kinalaman sa mga likas na sakunang mayroon ang Pilipinas upang pasimplehin ang mga proseso, makapagbigay ng protokol sa mga sangay ng gobyerno’t mamamayan, at mapabilis ang aksiyon na tulay sa mas ligtas na kapaligiran. “*This event highlights the importance of working together in building a more resilient Philippines by coordinated efforts towards maximizing the use of science and technology in mitigating the effects of climate change,*” ani Dr. Enrico C. Paringit, Executive Director ng DOST-PCIEERD.

Maliban sa *disaster risk reduction*, makatutulong din ang 3DPH InfoSys

para sa pagkakaroon ng mas mainam na kaalaman hinggil sa magkakaibang katangian ng *subsoil* sa isang partikular na lugar. Ayon kay Dr. Jonathan Dungca, *vice president* ng DLSU Laguna Campus at *dean* ng School of Innovation and Sustainability, “*In the construction of every structure, it is important that the characteristic of soil in the site is established. This will serve as a basis of the type of foundation suitable for the structure and the type of soil improvement that is appropriate to mitigate any possible hazards.*” Bukod pa rito, isinaad naman ni DOST Secretary Renato Solidum Jr. ang pagiging epektibo ng *suitability models* na makikita sa 3DPH InfoSys sa pagpapadali ng pagtukoy at pagpili ng mga lokasyong gagamitin para sa mga lugar na gagawan ng proyekto. “*Through this automation, we will continually increase the ease-of-doing-business in the Philippines. In doing so, we will save money and time,*” wika niya.

Ang 3D *visualization* ay matutunghayan ng publiko *online*, sa mga *website* na HazardHunterPH at GeoAnalyticsPH kung saan makikita ang mga *seismic*, *volcanic*, o *hydrometeorological* na mga uri ng panganib sa mga lokasyong nais

malaman nang sila’y makapaghanda sa mga ito. Dagdag pa rito, makikita rin ang mga pangkalahatang lokasyon ng mga *boreholes* sa bansa na may iba’t ibang lebel ng sakop batay sa kung gaano kalayo o kalapit ang iyong nais bigyang pag-aralan. Ang mga *boreholes* na ito ay nagbibigay-impormasyon sa komposisyon ng isang lupa at ang mga *samples* na kinokolekta mula rito ay kadalasang sinusuri sa isang laboratoryo upang matukoy ang kanilang mga pisikal na katangian, o upang masuri ang lebel ng iba’t ibang mga kemikal o *contaminant* na maaaring makita. Dahil dito, magkakaroon ng mga implikasyong magagamit para sa pagsasagawa ng mga teoryang maaaring suriin at patunayan. Halimbawa nito ang paggalugad ng maaaring pagkunan ng tubig, pagsusulong ng mga *suitability models* para sa mga proyektong pabahay, at pag-*plot* ng mga lindol nang 3D.

Patuloy na gumagawa ng mga programa at bumubuo ng makabagong teknolohiya ang iba’t ibang ahensiya ng pamahalaan sa pangunguna ng DOST, katulad ng 3DPH InfoSys, Dynaslope Project, Hybrid Electric Road Train, at Project SARAI o Smart Approaches to Reinvent Agriculture as an Industry in the Philippines.


Ang mga ito ay makatutulong sa komprehensibong paghahanda at pagpapalano na magiging tulay sa pagkakaroon ng mas matibay na mga estruktura at mas ligtas na komunidad.



SA PAGSAPIT NG DILIM

John Mikko Ogabang Suyat

Kadalasang bughaw, hindi maiwasang matanaw, sa kahit na anong araw—ang kalangitan. Sino ba namang hindi pa nakakabisa ang siklo ng langit? Pagkagising pa lamang, makikita na ang madilim na langit. Hanggang sa unti-unting pagliwanag nito dahil sa pagslip ng araw habang tayo ay tumutungo sa trabaho o paaralan. Pagkauwi naman mula sa isang produktibong araw ay sasapit muli ang dilim na siya namang sasabayan ng paglitaw ng buwan at mga bituin. Kung ako ang tatanungin, paborito ko ang langit kapag gabi. Taimtim ang paligid, malamig ang simoy ng hangin, at para sa akin,



sinisimbolo ng gabi ang pahinga pagkatapos ng isang mahabang araw kaya nasasabik ako sa tuwing sasapit na ang dilim. Dagdag pa rito, nakatutuwang tingalain ang mga buntala, bumuo ng mga konstelasyon, at tumakbo habang tinitingnan ang buwan upang magmukhang hinahabol nito. Nakamamanghang pagmasdan ang mga ito subalit minsan nalisisip ko na sana ay nakikita ko rin sila nang malapitan.

Dahil sa aking kuryosidad, pumunta ako sa pinakamalapit na silid-aklatan sa amin upang makakita ng larawan ng mga tala, planeta, at galaksiya, at para na rin matuto tungkol sa mga ito. Subalit, halos puro itim at katiting na kulay lamang ang sumasakop sa mga imahe kaya lumipat na lang ako sa *internet*. Napalaglag-panga ako nang makita ko ang mga makukulay at makikiningang na tala, planeta, at galaksiya. Subalit, nalipat ang aking pagkamangha nang napag-alaman kong lahat ng larawang aking nakita ay nagmula sa iisang teleskopyo o daksipat—ang James Webb Space Telescope (JWST). Ito ay binuo ng mga dalub-agham at inhinyero mula sa National Aeronautics and Space Administration (NASA), Canadian Space Agency (CSA), at European Space Agency (ESA). Noong Disyembre 25, 2021 lamang ito nai-*launch* sa kalawakan, dahilan kung bakit napakalinaw ng mga imaheng na-*search* ko.

Ayon sa sariling pook-sapot ng JWST, nabuo ang kohsepto ng teleskopiyong ito noon pa lamang 1989 nang i-*launch* ng NASA ang Hubble Space Telescope. Ang mga larawan mula sa Hubble ay malabo at puro itim, kaya noong 2004, napagdesisyonan nilang simulan ang konstruksiyon ng isang mas malaking daksipat na gumagamit ng *infrared light* dahil hindi ito nahaharangan ng mga *dust cloud*, na

magreresulta sa mas malilina, makukulay, at maliliwanag na mga imahe. Next Generation Space Telescope ang orihinal na pangalan nito subalit nanaig ang JWST pagkatapos ng samot-saring diskurso at pagtatalo na umusbong dahil sa kagustuhang ipangalan ito kay James Webb, isang prominenteng dalub-agham sa larangan ng *astronomy* at ang NASA administrator ng mga nagdaang Mercury, Gemini, at Apollo *programs*.

Binubuo ang JWST ng apat na pangunahing parteng matatagpuan sa *observing side* ng teleskopyo: Integrated Science Instrument Module (ISIM), *primary mirror*, *secondary mirror*, at *sunshield*. Matatanaw sa ISIM ang apat na instrumento: Near-Infrared Camera, Near-Infrared Spectrograph, Mid-Infrared Instrument, at Fine Guidance Sensor/Near Infrared Imager and Slitless Spectrograph. Naituring na puso ng JWST ang ISIM, *main payload* pa nga ang bansag ng mga inhinyero dito, dahil ang apat na ito ay ang nagde-*detect* ng liwanag sa sansinukob. Ang *primary mirror* naman ay yari sa 18 magkakadikit na *hexagonal mirrors* na bumubuo ng isang malaking *concave hexagon* na may butas sa gitna. Ang bawat salamin ay umaabot sa mahigit anim na metrong lapad at gawa sa *beryllium*, isang magaan na metal na kayang labanan ang *thermal expansion* o ang paglaki o pagliit ng isang bagay dahil sa temperatura ng kapaligiran nito. Mayroong halos 100-*nanometer gold coating* ang bawat salamin upang mag-*reflect* ng *infrared light* mula sa mga galaksiya kahit 13.5 *billion light years* pa ang layo nito sa daksipat. Ang na-*reflect* na liwanag ay ma-*absorb* naman ng *secondary mirror*. Dinirekta nito ang liwanag sa mga instrumentong ginagamit ng mga astronomo upang makabuo ng larawan ng kalawakan. Ang dalawang salamin na ito ay pinoprotektahan ng limang layer ng *aluminum sunshield* na kasing laki

ng isang *tennis court* mula sa init ng araw. Ang mga parteng ito ang dahilan kung bakit nagkakaroon tayo ng detalyadong imahe ng sansinukob.

Ang tunguhin ng JWST ay galugarin ang kalawakan upang malaman kung paano ito nabuo at mapag-aralan ang iba pang mga makikita sa sansinukob. Sa kasalukuyan, nasulyapan na ng teleskopiyong ito ang apat na pinakamalalayo at pinakamatatandang galaksiya. Ito rin ang kauna-unahang daksipat na naka-kuha ng *direct image* sa isang *exoplanet* o mga planeta sa labas ng *solar system*—ang HIP 65426 b. Dahil din sa teleskopiyong ito, nakakita, sa unang pagkakataon ng *carbon dioxide* sa isang *exoplanet* na tinatawag na WASP-39b, isang planetang umiikot sa isang bituin sa konstelasyong Virgo. At dahil sa *infrared light* ang ginamit sa JWST, nakakuha ang mga astronomo ng mas detalyadong larawan ng Pillars of Creation, sikat na imahe mula sa Hubble, na mas makapagpapaintindi kung paano nabubuo ang mga bituin. Ilan lamang ito sa mga prominenteng nadiskubre ng teleskopiyong ito.

Tila nadinig ng NASA, CSA, at ESA ang hiling ko na makita nang malapitan ang mga nasisilayan sa kalangitan. Ang kalidad ng mga larawang mula sa JWST ang nagpapatunay kung gaano kaunlad ang teknolohiya sa makabagong mundo. Habang tayong mga ordinaryong mamamayan ay tumitingala sa maliliit na puti-puti sa langit tuwing gabi, mayroong isang teleskopiyong maghahandog ng malapitang detalyadong imahe ng mga ito—ang JWST. Dahil dito, mas naging matatag ang pundasyon ng aking pagkahumaling sa pagsapit ng dilim sapagkat ang kalawakan ay hindi na lang mga bituin sa aking paningin, kundi puno na rin ng mga galaksiyang inilalapit ng makabagong daksipat sa akin.

LIWANAG SA KALEIDOSCOPE

Aaliyah Sese Diosana

Bungisngis ako nang bungisngis habang pinagmamasdan ang samot-saring kulay sa loob ng aking *kaleidoscope*—isang laruang hugis-tubo kung saan makakikita ng iba't ibang hugis at kulay sa loob kapag sumilip sa maliit nitong butas. Ito ang malimit kong pinaglalaruan noong bata pa lamang ako sa tuwing sasapit na ang gabi. Hawak-hawak ito ng aking maliliit na mga daliri habang ako'y nakahiga sa gitna ng dilim at ang tanging ilaw ko lamang ay ang aking *flashlight*. Hindi maipinta ang aking mukha sa tuwing pinaglalaruan ko ito sapagkat sa isip ng isang musmos na gaya ko, kahalintulad nito ang sansinukubang napakalawak na pinupuno ng lumulutang na mga tala at makukulay na mga planeta. Matagal na akong interesado sa mga bagay na may kinalaman sa kalawakan, kung kaya parati kong inaabangan ang mga pangyayari dito gaya ng mga nadidiskubrang planeta, iba't ibang penomena, at higit sa lahat, ang pinakahihintay ko—ang paglipad ng mga *rocket* sa kalawakan. Napakarami kong katanungan hinggil sa mga bagay na ito na hindi mabigyan ng kasagutan ng isang paslit na katulad ko. Sa aking paglaki, marami na ang naganap sa aking buhay. Hindi ko na nalaro ang paborito kong *kaleidoscope* at hindi ko na napagtuonan ng pansin ang mga pangyayari sa sansinukob. Nabigo rin akong masaksihan ang paglulunsad ng mga *rocket* na animo'y nakikipagkarera sa liwanag. Ngayong malaki na ako, patuloy pa rin akong nagugulumihanan, may panibagong *rocket* kayang nakaabot sa kalawakan?

Tila pinaglaruan ng tadhana ang aking munting katanungan nang mabalitaan kong noong Nobyembre 16, 2022, inilunsad ng National Aeronautics and Space Administration (NASA) ang *rocket* na nagngangalang Artemis 1 mula sa Kennedy Space Center (KSC). Isa ito sa tatlong Artemis na bahagi ng bagong programang administrasyon. Mayroon itong bilis na 24,581 *miles per hour* at naglakbay ito nang 1.4 na milyong milya. Tinatayang nasa 5.75 milyong *pounds* ang timbang nito noong *lift-off*. Matapos ang ilang araw ay muli ko itong napanood sa balita. Nabasa ko sa mismong *website* ng NASA na tumagal ang misyon nito nang 25 araw, 10 oras, at 53 minuto. Matagumpay itong bumalik noong Disyembre 11 sa Karagatang Pasipiko at dinala ito ng isang *truck* pauwi sa KSC ng NASA noong Disyembre 30. Kailangang mag-*splashdown* muna ang isang *rocket*, kung saan bumababa ang *spacecraft* patungo sa karagatan sa tulong ng mga *parachute*,

bagay ito ibalik sa pinanggalingan nito dahil mas ligtas ang *landing* sa dagat kumpara sa lupa dulot ng *splash* nito na nagbibigay ng madaling paghinto ng *spacecraft*.

Dulot ng aking kuryosidad na nabuo dahil sa mahabang panahong wala akong balita tungkol sa mga *rocket*, nagsaliksik pa ako ng ibang impormasyon ukol sa Artemis 1. Napag-alaman kong isa sa mga layunin ng misyong ito ay ang matiyak kung ligtas ang *crew module entry*, lugar kung saan pansamantalang maninirahan ang mga astronaut. Sa pamamagitan nito, malalaman ng mga dalub-agham kung maaari ding gamitin ang *rocket* na ginamit dito para sa Artemis 2. Kabilang din sa mga layunin nito upang matagumpay na paglunsad at pagbalik nito upang magbigay ng pundasyon sa iba pang mas malalalim na eksplorasyon sa kalawakan at upang malaman kung kaya ba ng mga tao ang mamuhay sa buwan at sa planetang Mars. Ang Artemis 1 din ay magsisilbing pundasyon sa *space economy* na magpapatatag sa mga bagong industriya at teknolohiya. Ito ay magiging daan para magkaroon ng paglago sa mga trabaho at tumaas ang *demand* sa mga manggagawang may mataas na kasanayan.

Namangha ako nang malamang ito ang pangalawang *spacecraft* na binuo sa loob ng Vehicle Assembly Building ng NASA noong Oktubre 20, 2021, sunod sa Saturn V na sinakyan ni Neil Armstrong papunta sa buwan noong 1969. Subalit, hindi lamang nag-iisa ang *spacecraft* na ito noong pinalipad sa kalawakan dahil mayroon itong tatlong elemento. Ang una ay ang Orion *spacecraft* na magdadala sa mga *astronaut* patungo sa lunar orbit at pabalik dito sa ating daigdig. Sunod naman ay ang *space launch system rocket*—ang natatanging *rocket* na kayang dalhin ang Orion, mga *astronaut*, at *cargo* papunta sa buwan sa iisang misyon. Ang huling elemento ay ang *exploration ground systems* na mga estruktura sa lupang kailangan upang masuportahan ang pagpunta at pagbalik ng mga *astronaut*. Sa pamamagitan ng mga ito ay gagawa ang mga dalub-agham ng Artemis Base

Camp sa ibabaw at sa labasan ng *lunar orbit*. Ang mga elementong ito ay makatutulong upang ang mga *robot* at *astronaut* ay higit na makapaglakbay at makagawa ng mas malalalim na pag-aaral ukol sa kalawakan.

Ang liwanag ang nagsisilbing daan upang makakita tayo ng patterns na pabago-bago sa loob ng isang *kaleidoscope* at maihalalintulad ito sa papel na ginampanan ng Artemis 1. Gaya sa isang *kaleidoscope*, ang Artemis 1 ang nagbigay ng kaliwanagan sa ilang katanungang bumabalot sa sansinukob. Sa pamamagitan ng *rocket* na ito, nakalikom ang mga dalub-agham ng bagong datos ukol sa buwan. Isa na rito ang sariwang kaalaman na mas naging maayos ang paglipad ng Artemis 1 patungo sa buwan kumpara sa Saturn V kaya naman mas magiging madali na ang pagpunta ng mga *astronaut* doon sa kanilang mga susunod na misyon. Kabilang sa misyong ito ang dalawa pang *rockets*—ang Artemis 2 na paliliparin naman sa kalawakan sa 2024 na susundan ng Artemis 3 sa 2025. Kinakailangan ang dalawang



rockets na ito upang maisakatuparan ang dalawa pang layunin ng misyon. Ang Artemis 2 ay naglalayong dalhin ang mga tao sa *orbit* ng buwan habang ang Artemis 3 naman ay may layuning dalhin sila sa mismong *surface* nito.

Napakalaki ng kalawakan, higit na malawak sa kaalaman na mayroon tayo ukol dito. Kaya naman, malaking tulong ang mga *spacecraft* na ginagawa ng mga eksperto tulad ng *rocket* na Artemis 1 nang sa gayon ay mas makilala natin ang sansinukob. Kung patuloy ang paggawa ng mga dalub-agham ng samot-saring *rockets* na ilulunsad sa kalawakan, tiyak na mamamangha tayo sa ating mga matutuklasang makapagpapabago sa ating pamumuhay. Higit sa lahat, masasagot na ang mga katanungan ng mga musmos na gaya ko noon ukol sa kalawakan dahil sa *rockets* sa sansinukob na tila liwanag sa *kaleidoscope*.

Maugong na usap-usapan ang pagpirma ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ng Executive Order (EO) No. 07 noong Oktubre 28, 2022. Ito ay naglalayong gawing boluntaryo na lamang ang pagsusuot ng face mask sa indoor at outdoor settings sa buong Pilipinas. Dahil sa implementasyon ng kautusang ito, hindi na mandatory ang pagsusuot ng face mask maliban sa healthcare facilities, medical transport vehicles gaya ng ambulansiya, at lahat ng uri ng pampublikong transportasyon. Gayunpaman, hinihikayat pa ring gumamit ng face mask ang senior citizens, immunocompromised individuals o ang mga taong mayroong mahinang immune system at may sakit, mga buntis, at mga taong hindi pa nababakunahan kontra COVID-19, gayon din naman ang patuloy na pagsasagawa ng minimum public health standards gaya ng paggamit ng alcohol at pagsunod sa social distancing.

Hindi lingid sa kaalaman ng nakararami na ang *healthcare system* sa Pilipinas ay hindi gaanong napagtutuhanan ng pansin kahit noon pa mang normal pa ang lahat. Maraming Pilipino ang hindi nabibigyan ng kalidad na serbisyo pagdating sa kanilang kalusugan at may kakulangan din sa *healthcare workers* pati na sa mga kagamitan ang mga ospital sa maraming lugar sa Pilipinas—patunay na noon pa man, hindi na maganda ang pamamalakad sa sistema ng bansa. Pinaniniwalaang ang bagong EO ay makatutulong upang patuloy na mapabilis ang pagbabalik sa normal na pamumuhay ng mga Pilipino. Subalit kung iisiping maigi, ang utos na ito ay tila ipinatupad nang walang maayos na pag-aaral sa maaaring maging epekto sa mamamayan. Ang EO 07 na tinatanggal ang pangunahing armas natin laban sa krisis ay hindi magdudulot ng benepisyo, bagkus, maghahatid lamang ng sandamakmak na peligro para sa mga Pilipino. Kung tuluyang bibitawan ang armas na ating sandalan sa mahigit dalawang taong pakikipaglaban sa pandemya, malaki ang posibilidad na kailangan na rin nating banggitin ang ating pahimakas sa mas ligtas na Pilipinas.

Magmula nang mabihag sa tanikala ng suliramin ang bansa dahil sa pandemya, samot-saring patakarang pangkalusugan ang kinailangang gawin upang mapabagal ang pagkalat ng virus sa ibang tao. Kabilang na rito ang pagsusuot ng *face mask* at sa mahigit dalawang taong gamit ito ng mga tao, hindi maikukubli ang pagiging una nito sa linya ng depensa ng mga Pilipino kontra sa kalabang hindi nakikita. Kung kaya, hindi nakapagtatakdang maraming eksperto ang sumalungat sa bagong kautusang pinirmahan noong nakaraang taon. Habang nasa isang Laging Handa *public briefing* noong Oktubre 27, 2022, ibinahagi ng dalub-aghams na si Dr. Rontgene Solante na hindi magandang ideya ang pagtanggap ng mandatoryong pagsusuot ng *face mask* lalo na't mayroong na-detect na Omicron XBB at XBC *subvariant* sa bansa. Aniya, kung gagawing boluntaryo na lamang ang pagsusuot ng *face mask*, mas tataas ang posibilidad na kumalat at makahawa ng iba ang virus. Iba't ibang eksperto sa buong mundo ang nagsasagawa ng pag-aaral sa mga *subvariant* ng COVID-19 kaya naman hinihikayat ng mga dalubhasa ang patuloy na

PAHIMAKAS SA PANGUNAHING ARMAS



pagsusuot ng *face mask* upang makadagdag sa proteksiyon mula rito.

Ngayong nagbalik na ang buong bansa sa tradisyonal na *face-to-face classes*, mas mataas na ang posibilidad na bumilis ang paglaganap ng naturang sakit. Kaya naman, pinayuhan ang publiko ni Dr. Anna Ong-Lim, isang *pediatric infectious diseases specialist*, na patuloy na magsuot ng *face mask* at sumunod sa mga patakarang pangkalusugan upang maiwasan ang pagkakaroong ng panibagong surge ng pandemya. Paghahanda ng mga ospital, pamamahagi ng libreng mga gamot, pagsasagawa ng maayos na implementasyon ng protocols, at patuloy na pagbibigay naman ng kaalaman sa mga taong hindi pa bakunado ang binigyang-diin ni Iloilo Representative at *former Health Secretary* Janette Garin sa isang panayam. Ayon sa kaniya, kasabay ng pagluwag sa pagsusuot ng *face mask* dapat ay handa ang pamahalaan sa kung ano ang maaaring maging resulta nito, lalo na't hindi pa natatapos ang laban ng bansa kontra COVID-19.

Batay sa isinaad ng National Library of Medicine, malaki ang papel na ginagampanan ng *face mask* upang maiwasang mahawa sa *virus*. Napag-alamang ibinababa

nito nang humigit-kumulang 80 porsiyento ang posibilidad na mahawa ang isang tao ng *virus*. Patunay kung gaano na lamang kahalaga ang *face mask* bilang kalasag ng bawat mamamayan habang patuloy na nakikibaka sa giyerang mahigit dalawang taon nang nararanasan. Isang masaklap na katotohanan din ito kung bakit hindi magiging benepisyo sa mga tao ang pagtanggap nito bilang proteksiyon mula sa *virus*. Isang pag-aaral ang kumatig sa kahalagahan ng *face mask* ngayong patuloy pa ring nilulumpo ng krisis ang daigdig. Isinalaysay ng mga dalub-aghams mula sa Hopkins Medicine Organization na bukod sa pagsasagawa ng *social distancing*, mahalagang aspeto ang patuloy na pagsusuot ng *face mask* upang hindi maihawa at maiwasang kumalat sa iba ang *virus*. Ang paggamit ng *face mask* ang naging susi upang mapabagal at makontrol ang paglaganap ng *virus* sa daigdig. Katibayan nito ang pag-aaral ng Biological Sciences na inilathala noong Enero 2021 kung saan naitalang umaabot sa 70 porsiyento ang proteksiyon ng mga taong gumagamit ng *face mask* sa mga lugar na kalitimang matao. Binigyang-diin ng nasabing pag-aaral ang kahalagahan ng *face mask* para sa depensa ng

mga mamamayan kontra COVID-19.

Bagaman isinaad ni Health Undersecretary Leopoldo Vega sa isang panayam noong Enero ng nakaraang taon na hindi na nahihirapan ang mga ospital na bigyan ng tulong ang mga taong mayroong karamdaman, hindi pa rin ito sapat na dahilan upang basta na lamang magpasa ng isang utos na pinatatanggal ang *face mask* bilang isa sa mga pangunahing patakarang pangkalusugan. Sapatkat kung sisiyasating mabuti, maraming dalubhasa at eksperto ang sumasalungat sa kautusang ito at sinusuportahan ito ng mga pag-aaral na nagpapatunay kung gaano kahalaga ang paggamit ng *face mask* upang patuloy na mabigyan ng mabisang depensa ang mga tao nang hindi sila makakuha ng karamdamang dulot ng krisis na nararanasan sa kasalukuyan. Bukod dito, hindi maikukubling hindi praktikal ang pagpapatupad ng kautusang ito sa panahon ngayong kung saan patuloy na bumabalik ang Pilipinas sa normal. Hindi kailanman dapat gawing dahilan ang kaunting kaso ng COVID-19 upang ilagay sa alanganin ang kapakanan ng mamamayan at ang kapalaran ng bansa.

Ang pagsusuot ng *face mask* ang animo'y sandata ng bawat Pilipino sa nakalipas

“
Kung tunay na kaligtasan ng bawat mamamayan ang pangunahing layunin ng pamahalaan, nararapat na makinig sila sa mga dalubhasa.
”

na dalawang taon upang hindi mahawa ng nakamamatay na impeksiyong dulot ng COVID-19. Ngayong ipinatupad na ang EO 07, malaki ang posibilidad na magkaroon ng panibagong *surge* o paglala sa pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa. Sa panahong mangyari ito, hindi maikakailang maaaring bumalik ang bangungot na matagal nang nararanasan ng mga Pilipino. Hindi laro ang pagpapatupad ng isang kautusan lalo na't buong bansa ang nakasalalay rito. Ang EO No. 07 ay tila isang patibong sa mga taong kulang na kulang ang armas nang isalang sa giyerang hindi matapos-tapos. Nilalagay ng kautusang ito ang bawat buhay ng mga Pilipino sa peligro sa pamamagitan ng pagtanggap ng unang linya ng depensa ng mga mamamayan. Hindi pa tapos ang laban ng bansa kontra COVID-19, nangangahulugan lamang na patuloy pa ring sinasalanta ng *virus* ang mga tao; marami pa rin ang nagkakasakit at nawawalan ng buhay. Sa kabuoan, hindi maililihim na maghahatid lamang ng iba't ibang suliranin ang kautusang ito.

Malayo pa ang tatahaking landas ng bansa upang matapos ang laban nito kontra COVID-19 — iyan ang katotohanan. Hindi matutuldukan ng EO No. 07 ang hindi mabilang na mga suliraning hatid ng pandemya kung kaya napakalaki ng papel na ginagampanan ng pamahalaan, partikular na sa mga batas na ilulunsad nito para sa kaligtasan ng mga Pilipino. Mainam na magkaroon ng mas maayos na ugnayan ang gobyerno at ang mga dalubhasa upang maayos na makapagpalitan ng mga mungkahi't suhestiyon para sa mga batas na ipatutupad sa mga mamamayan. Marapat siguruhiing mayroong maayos na pag-aaral sa likod ng bawat desisyon at handa ang pamahalaan, pati na ang Kagawaran ng Kalusugan, sa magiging resulta ng kanilang pasiya tulad na lamang ng pagkakaroong ng sapat na pondo para dito. Ipapatuloy rin ang kampanya sa pagbibigay ng mga bakuna, mas lalong paigtingin ang *healthcare system* ng bansa gaya na lamang ng pagsisigurong maayos ang kalagayan ng mga ospital saan mang sulok ng Pilipinas, at maglatag ng mga platapormang naglalayong pangalagaan ang kalusugan ng bawat mamamayan. Tunay na marami pang kakainig bigas ang Pilipinas bago matuldukan ang suliraning dulot ng COVID-19. Upang maisagawa ito nang matagumpay, kinakailangan ang pagkakaroong ng pagtutulungan mula sa pamahalaan hanggang sa mga mamamayan nang sa gayo'y mas mapabilis ang pagbalik ng bansa sa normal. Alin mang kautusan ang ipatutupad ng ating pamahalaan, nararapat na dumaan sa masusi at maiging proseso ang mga ito dahil dito nakasalalay ang kalusugan at kaligtasan ng mga Pilipino.

John Rolan Tasarra Bacero

Nagprotesta ang mga katutubo at grupong pangkapaligiran laban sa kasalukuyang pagtatayo ng New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project sa siyam na araw na pagmamartsa mula Quezon Province patungong Malacañang. Sa kabila nito, ayon sa Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS), walang-tigil ang pagtatayo ng proyektong ito na tutugon sa problema sa tubig sa Metro Manila. Matagal nang tinutuligsa ng mga Pilipino ang proyektong ito buhat ng mga nagbabadyang panganib na dulot nito pangunahin sa kalikasan ng Sierra Madre at mga mamamayan nito.

Ilang dekada nang iginigiit ng MWSS ang Kaliwa Dam upang maibsan ang labis na pagdepende sa Angat Dam—ang pangunahing tagasulap ng tubig sa Metro Manila. Subalit, sa likod ng ambisyon ng proyektong ito, nakaliligtaan ang kalagayan ng kabundukang pagtatayuan nito—ang Sierra Madreng tahanan ng libo-libong hayop at halaman at kalasag ng milyon-milyong mamamayan laban sa mga nagsisilakasang bagyo. Bagaman itinuturing na susi ang Kaliwa Dam sa paglutas sa nakaambang krisis sa sulap ng tubig, binubuwag nito ang bakod nating kabundukan at pinapapasok ang nakababahalang krisis sa kapaligiran na tiyak nang mas magpapahirap sa bansa.

Pagtatayuan ng proyektong ito ang Kaliwa Watershed Forest Reserve—isang protektadong purok sa Sierra Madre na tahanan ng mga endemikong species. Ayon sa Haribon Foundation, isang organisasyong pangkapaligiran, tinatayang 300 ekarya ng Sierra Madre, kasama ang nabanggit na forest reserve, ang babahain para sa proyektong ito. Mahigit-kumulang 126 na species ang mawawalan ng kanilang tirahan, kasama ang kritikal na ganginganib na Philippine Eagle. Maaapektuhan ang *biodiversity* na taglay ng kabundukan, at magkakaroon naman ng mga pagbabago sa ekolohiya nito. Pangmatatag din at hindi na maibabalik ang anumang pinsala ng proyektong ito sa Sierra Madre. Sa simula't sapul, nakapagtataka kung bakit iginigiit ang isang proyektong hahamunin ang kalikasan na mainam na

dapat inaalagaan.

Maliban sa pagiging tahanan ng mga hayop at halaman, ang Sierra Madre ay nagsisilbing kalasag ng milyon-milyong mamamayan sa Luzon laban sa mga bagyong mula sa Karagatang Pasipiko. Matatandaang noong Setyembre 25, 2022, humina ang bagyong Karding nang daanan nito ang kabundukan. Ayon kay Vanessa Torres, isang *weather specialist*, ang kabundukan ay isang *rugged terrain* na nagpapahina sa mga bagyong dumaraan dito. Ang mga matatayog at matitibay na puno rito at ang kalawakan ng kabundukan ang inaasaan ng mga mamamayan sa oras ng bagyo. Bukod pa rito, ang kagubatan ng Sierra Madre, gaya sa ibang mga kagubatan, ay nagpapatatag din ng klima. Ito ay nagsisilbing *carbon sink* na nagbabawas ng lebel ng *carbon dioxide* sa atmospera. Magiging salik pa ang proyektong itong lulubog sa ilang bahagi ng kagubatan sa Sierra Madre sa lumalalang *climate change* na ito ring nagbibigay ng problema sa atin. Kung sakaling maisakatuparan nang lubos ang proyektong ito, ninipis ang kalasag ng mga Pilipino at mahihirapan tayong harapin ang mga pangkapaligirang krisis sa bansa.

Bukod pa sa mga nabanggit, hinaharap din ng proyektong ito ang problema sa *sustainability* nito. Ayon kay Lia Alonzo ng Center for Environmental Concerns (CEC), may ilang mga alalahanin hinggil sa *structural integrity* ng Kaliwa Watershed. Unti-unti nang nasisira ang *watershed* na ito at ang mga lupa nito ay hindi na nakaugat sa mga puno at halaman. Dahil dito, madaling guguho ang lupa at pupunuin ng mga pira-piraso nito ang dam na itatayo rito. Ang prosesong itong tinatawag na *sedimentation* ay isang malaking problema para sa maayos na operasyon ng dam. Ayon sa isang case study ng CEC ukol sa Kaliwa Dam, bunga ng *heavy sedimentation* na mangyayari sa dam, inaasahang tatagal lamang ang dam nang 10 hanggang 20 taon kung hindi

makapagtatayo ng isa pang mas malaking dam. Maliban sa kakulangan sa *sustainability* ng dam, makasisira ang proyektong ito at mas magiging malala lamang ang kalagayan ng Kaliwa Watershed. Sa ngayon, nakalulungkot isiping ang Kaliwa Dam ay magiging simula ng konstruksiyon ng iba't ibang impraestruktura sa purok na nasa rurok ng pagkasira.

Naglipana rin ang mga alalahanin sa mga mamamayang nakatira sa kabundukan. Ayon kay Jill Carriño, lider ng mga katutubong Ibaloi, 1,465 pamilya ang kinakailangang lumipat ng tahanan. Kasama na rito ang mga katutubong Dumagat na nangunguna sa pagtutol sa Kaliwa Dam. Ito ay dahil kaakibat ng kanilang paglipat ang pagpanaw ng mga kultura nila. Bukod pa rito, hindi rin ligtas ang mahigit-kumulang 100,000 residenteng nakatira malapit sa kabundukan mula sa mga pagguho ng lupa, pagbaha, at paglindol na hindi malabong mangyari sa pagtatayo ng dam. Ayon kay Jon Bonifacio ng Kalikasan People's Network for the Environment, nagbabadyang panganib ang pagtatayo ng dam sa dalawang aktibong *faults* partikular ang Philippine Fault Zone at Valley Fault System.

Magiging kalbaryo lamang para sa mga mamamayan ang proyektong ito bagaman makagagamit sila ng tubig, nakapaligid naman sa kanila ang iba't ibang panganib.

Tatamaan din ang ekonomiya ng bansa buhat ng 12.2 bilyong pisong inilaan para sa proyektong ito. Ayon kay Rovik Obanil ng Freedom from Debt Coalition, ang halagang gagamitin sa proyektong ito ay dadagdag sa palobong utang ng bansa. Ang 85 porsiyentong halaga ng pagtayo nito ay inutang mula sa China nang may napakataas na 2 porsiyentong interes ng pautang. Makikitang hindi lamang sa usaping kalikasan at mamamayan umiikot ang mga kumplikasyon sa proyektong ito kundi pati na rin sa pang-ekonomiya. Lalaki lamang ang problemang pinansyal ng bansa para sa proyektong mas may negatibong epekto kaysa benepisyo.

Bagaman ang New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project ay may mabuting hangarin, hindi nabibigyan-katwiran ang mga epekto nito partikular sa kalikasan ng Sierra Madre, mga mamamayan, at maging ekonomiya ng bansa. Sakali mang buwagin ang kabundukang itinuturing nating bakod laban sa mga bagyo at tahanan ng mga mamamayan, hayop, at halaman, hindi magiging ligtas ang bansa sa pagpasok ng mga mas malalalang problemang naghihintay sa atin.



Gayunpaman, hindi nagpapawalang-bisa sa pangangailangang malutas ang problema sa tubig ang pagtutol sa pagtayo ng Kaliwa Dam. Samot-saring anggulo ang dapat tingnan upang masolusyonan ang nakaambang krisis sa tubig.

Dionne Andres Delos Santos Canceran

BUWAG NA BAKOD



Kwento at Iginuhit ni:
Alberto Caintic Torres Jr.



PABABA

1. isang saknong na may apat na taludtod
2. ginagamit sa pagbungkal ng lupa
3. puro at walang dungis
4. tagapayo sa libro na ubod ng talino ngunit napagkakamalang baliw
5. pag-asinta; pagpapaputok ng baril
6. pinuno ng nayon noong panahon ng pananakop ng mga Kastila.

PAHALANG

5. mahinhin at kaibig-ibig na babaeng pilit inilalayo sa kaniyang irog
7. taong nakapiit, nakakulong, o nasa loob ng karsel; preso
8. makapal at tila banig na panlatag sa sahig at karaniwang may dibuho; karpit
10. ang nakapaloob sa sisidlan; kapasidad
11. nakasasalita o nakasusulat sa dalawang wika; bilingguwal
12. sukdulang galit; pagkamuhi

Tadhana

Jesuaiah Micaiah Guzman Dela Cruz

Nagmuni-muni
Pagsamo ko'y dininig
Pusong dalisay
Alay'y dilaw na rosas
Tunay ngang magkaugnay

Sa ating indak
Kasabay ng musika
Galak ay tunay
Basta't ika'y kasama
Wika sa'king isipan

Aking minasdan
Pulseras nating bughaw
Iyong habilin sakín
Nang may ngiti sa labi

Dating karibal
Binago ng panahon
Bukang-liwayway
Hanggang takipsilim pa
Sya'y laging kasama na

Sa pag alpas ng oras
Ika'y kasangga
Simula pagkabata
Hanggang pagtanda
Ito'y ating gunita

Gusto ko Maging...

Symmon Rei Belleza Coliat

Noong bata ako,
Gusto ko maging sundalo!
Gusto kong ipagtanggol ang ibang tao
Sa mga mananamantala sa bayan ko

Noong lumaki-laki ako,
Gusto ko naman maging inhinyero!
Gusto kong lumikha ng oto
Mula sa sarili kong disenyo

Noong nagbinata ako,
Nars ang nais ko
Sa ibang lupain puwede raw ako magtrabaho
Mag-aral lang daw maigi, ako'y lalago

Pero ngayon, 'di ko na alam ang gusto ko
Naliligaw ako sa isang malaking mundo
Walang direksyon, tuliro
Nais ko na lang maging tao.

Maisuot lang ang kalansay ko
Turing na sa sarili ay unipormado,
'Pagkat mahalaga'y matatag loob mo
Ano man ang propesyong para sa iyo

Sa Napakaraming Paano

Lorayne Vacalares Pinili

"Mas mabuti nang kulang kaysa sobra," saad ni Lola habang tinatapik ang kamay ko upang bitawan ang isa pang paldang hawak ko.

"Baka kailanganin ko rin ito," sagot ko naman at binalak kunin muli ito ngunit dumating na si Nanay upang kunin ang basket.

Ako ay pinagbigyang mamili ng damit ngunit si Lola na naisipang sumama ay naisipan na namang mangialam, bakit ang hilig ng matatanda na pangunahan tayo?

"Dalawa lang ang bibilhin mo ngayon, Ellie? Bago 'yon ah," komento ni Nanay at ipinila ang aming mga pinamili sa kahera.

"Sinasanay mo kasi ang mga anak mo na bili nang bili. Maliban sa kalikasan, bulsa mo rin ang kawawa!" singit ni Lola habang tinitingnan ang ibang laman ng aming basket.

"Makatiwiran naman ang pagbili ko, La. Iniisip kong baka makaliitan ko ito agad o mas bagay 'yung isa pang kulay para sa iba kong damit," sagot ko kay Lola dahil sa totoo lang, kailangan niya nang tigilan ang pag-iisip na lagi kaming mali at siya ang tama.

"Kung bumibili ka ng sobra para sa napakaraming posibilidad, paano kungmasira ito bago mo magamit? Paano kung hindi na ito ang uso

kapag nais mo nang gamitin? Paano kung mawala sa isip mong mayroon ka nito at hindi mo ito masuot bago mo makaliitan?" Sunod-sunod na tanong ni Lola na hindi ko alam kung ano ang isasagot.

"May punto ang Lola mo, Ellie. Marami kang posibilidad na iniisip ngunit marami pa rin ang maaaring mangyari. Hayaan mo na ang kinabukasan na mag-alala para sa kaniyang sarili. Sa pagkakataong kulangin ka nga ng damit, bumili ka na lamang sa panahong iyon," dagdag ni Nanay at doon ko napagtanto na baka nga ako ang mali.

"Mas mabuti nang kulang kaysa sobra," pag-uulit ko sa sinabi ni Lola kanina. Nakukuha ko na kung kulang ang aming ipinamili, may pwesto pa ba para bumiling muli? Ngunit kung sobra na, saan pa kami maglalagay ng iba kundi sa kalat ng mundo?

"Ang mga damit na tinatapon mo matapos ang ilang suot ay nauuwi lahat sa bundok-bundok na basura ng mga tao. Sa maraming 'paano' na naiisip mo sa pagbili, isama mo na sa susunod ang 'paano naman ang kalikasan?' pangaral ni Lola habang pinapanood si Nanay na asikasuhin ang pagbabayad ng pinamili.

Natapos ang pamimili ngayong araw na hindi lamang bagong damit ang aking maiuwi. Tinulungan ko si Nanay na magbitbit at humawak ako sa kamay ni Lola sa paglabas ng pamilihan.

Pabaon ng Lansangan

Marie Concepcion Padua Soliven

Buto-buto ng baboy, may atay ng menudo, medyo masabaw, at may nakagat din akong mga butil ng mais. Sarap! Bibihira akong mag-agahan ng tulad sa almusal ko kanina, kapag mas maraming pinaghahalo ay mas sumasarap pala. Minsan lang kami makatagpo ng ganoong karinderya. Sa yang! Sana'y natikman din ni Ekay, kaso hindi naman ata sila kumakain no'n. Mahimbing pa ang tulog niya, habang ako rito'y panay kuskos, kamot, at dila sa katawan pagkatapos mabusog. Mukhang galing na naman sa tambakan ng *vulcanizing shop* ang karton na tinulugan namin.

Maingay at mabigat ang lansangan. "Tatlo pa! Tatlo pa! Aalis na!" sigaw ng barker habang tinutuktok ang bakal ng jeep na kinasasabitan niya. Hapo kong binaybay ang maruming daan, sa ilalim ng init ng araw, sa samyo ng hanging sangkap ang alikabok ng Maynila, sa katawang umaayon sa lugar dahil sa grasa. Kanina pa hinahanap ng mga mata ko ang tamang haba at kapal ng bagay na iyon.

Wala akong mahanap na patpat! Naputol na ang napulot namin noong nakaraan, kawawa si Ekay. Inamoy-amoy ko nang masinsinan ang nakita kong kariton ng bakal bote, nang matagpuan ko ang manipis at mahabang *stick* ay kagat-kagat ko itong nilabas saka naglakad palayo.

Ito ang mata niya sa kanan, at ako naman ang sa kaliwa.

Hiling sa Ginintuang Piging

Deffy Ysabel Borrinaga Jayme

Sa paggising sa umaga
Binilang ko ang salapi,
Napagtantong ang halaga
Kulang at hindi kakampi

'Ano ang dapat ihanda?'
Napatanong sa sarili
Nang karatula'y makita
Mga presyong nag-iimbi

Lumpia o Crispy Pata
Ako'y nag-aatubili
At ngayo'y natataranta
Dahil mahirap mamili

Nang maihain sa mesa
Noche buenang nabili

Kahit luha'y nagbabadya
Sinubukan kong ikubli

"Ama, ayos ka lang po ba?"
Ako'y tumango't ngumiti
Anak ko'y nag-aalala
Ngunit wala 'kong masabi

Hirap na natatamasa
Tila saki'y nakatali
Presyong makabutas-bulsa,
Minsa'y sagad hanggang sukli

Sa pag-awit ng kampana
Ako'y may baka-sakali
Sana'y mala-gintong handa,
Hindi na mangyaring muli

guhitbert
gahin

HUBOG NG TUGATOG

Ika nga nila, ang mga alamat ay nahahasa't nabubuo, sa halip na ipinanganganak. Nahahasa't nabubuo mula sa mga sagupaang kinakailangan ng pagbubuhos ng dugo't pawis sa pagtindig. Nahahasa't nabubuo mula sa mga samot-saring aral ng mga pagkakamali't pagkalugmok na susukat sa tibay ng loob. At higit sa lahat, nahahasa't nabubuo mula sa tagumpay sa kabila ng hirap, sakripisyo, at dami ng mga matang nakamasid kung saan karamihan ay naghihintay ultimo sa katiting na sablay. Ang mga salik na ito ang nag-ukit sa pangalan hindi lamang ng isang tao, kundi ng buong Pilipinas, sa larangan ng *pole vaulting*. Pangalang iniukit, ibinandera, at ipinaglaban ng magiting na manlalarong nagngangalang Ernest John "EJ" Obiena. Kung may sasalamin man sa nasabing pangalan, para sa mga Pilipino, ito'y dalawa lamang—galing at ginto.

Si Obiena, *alumnus* ng Unibersidad ng Santo Tomas, ay ang pambato ng Pilipinas sa iba't ibang dako ng mundo sa *pole vaulting*. Nagbigay-daan ang pagkuha niya sa nasabing isport upang makakuha ng *scholarship* sa kolehiyo, matapos niyang mabigong matunton ang panrehiyong patimpalak sa *hurdles*. Noong 2014, nalaman ni EJ ang pagkakataon na makapag-ensayo sa Italya, mula kay Sergey Bubka, isang Ukrainian *pole vaulter*. Matapos ang ilang buwang ensayo, nagsimula nang

mamayagpag si Obiena sa lingguhang *relays* ng Philippine Athletics Track and Field Association (PATAFA), at agad na lumupig ng maraming rekord sa taon ding iyon. Hindi man sinasadya, itinadhana si EJ na maging bituin sa *pole vaulting*, at tiyak na kikinang pa sa mga susunod na taon.

Nagpakitang-gilas si Obiena sa 2015 Southeast Asian Games matapos ibulsa ang pilak na medalya tangan ang 5.25 metrong rekord. Sa kabila ng pagkakaroon ng problema sa kaniyang *pole*, pinaingay ni EJ ang kaniyang pangalan at iniuwi ang gintong medalya (5.47 metro) sa 2016 Philippine National Games *finals*. Kalaunan ay sumungkit siya ng isa pang gintong medalya (5.76 metro) sa 2019 Summer Universiade at ipinoste ang kaniyang *personal best clearance* (5.81 metro) sa isang *tournament* sa Chiara, Italy upang siguruhin ang kaniyang *slot* sa 2020 Summer Olympics sa Tokyo, Japan. Sa kalagitnaan ng pandemya dahil sa COVID-19, sumabak si Obiena sa Tokyo ngunit nabigong makapasok sa *final round*. Maliban sa pagkabigo sa nasabing kompetisyon, patuloy pang hinamon ng pagsubok si EJ sa hindi inaasahang isyu't pagkakataong pansamantalang dumungis sa kaniyang reputasyon.


Noong Nobyembre 2021, ginulantang ng PATAFA ang publiko matapos maglabas ng *accounting dispute* laban kay EJ patungkol sa huling pagbabayad, na itinanggi naman ng kaniyang *coach* na si Vitaly

Petrov. Gayunpaman, pinabulaanan ng mga senador na *harassment* ang pag-aakusa sa atleta nang walang sapat na ebidensiya. Matapos ang ilang mga *hearing*, napatunayang sira lamang ang *payment system* ng PATAFA. Naging daan ang pagsubok na ito hindi lamang sa hustisya, paglinis ng pangalan, at isasagawang pag-endorso kay Obiena, kung hindi pati motibasyon para sa hinaharap.

Sa kabila ng nakalulugmok na isyu, agad namang bumangon sa putik ang atleta at bumida sa iba't ibang kompetisyon. Patuloy niyang dinala ang kaniyang pangalan at ng bansa sa 2022 World Athletics Championships sa Oregon, USA at sinungkit ang tansong medalya na siyang nagtanghal sa kaniya bilang ikatlong pinakamagaling na *pole vaulter* sa buong mundo (mula ikaanim), habang pinananatili ang kaniyang *top ranking* sa buong Asya tangan ang maraming rekord. Dinagdagan pa ni EJ ang koleksiyon ng kaniyang gintong medalya matapos magbulsa ng dalawa pa mula sa mga paligsahan sa Germany. Dahil dito, pinarangalan si Obiena ng pamahalaan at nangakong susuportahan ito sa 2024 Olympics sa Paris, France. Patunay lamang ang mga karangalang ito na malakas at matatag, hindi lamang ang katawan ng Pinoy *pole vaulter*, kundi pati ang kaniyang damdaming humarap at lumundag sa mga pagsubok.

Hindi maikakailang maituturing na si Obiena bilang isa

sa napakaraming yaman ng bansa sa larangang pampalakasan. Taas-noo niyang ibinandera ang watawat ng Pilipinas saan mang entablado ang kaniyang matuntungan. Bilang isang papausbong na bituin, malayo pa ang tatahakin niyang landas sa parehong lokal at pandaigdigang patimpalak. Sa kaniyang pagtahak, nawa'y patuloy na suportahan ng pamahalaan at taumbayan si EJ anuman ang resulta sa anumang digmaang kaniyang susuungin. Sapagkat ang isang atletang tulad niya ay nararapat lamang na ipagmalaki't handugan ng hiyaw, papuri, at palakpak, bukod pa sa medalya. Ilang beses mang lumipad at lumapag si EJ sa *landing pit*, palagi siyang numero uno at titingalain ng ating mga kababayan. Malinaw na ang patuloy na pagbaluktot ng *pole* ni Obiena sa bawat patimpalak ang nagdadala at naghuhubog sa kaniya patawid sa *crossbar*, at lalong patungo sa tugatog ng *pole vaulting*. Sa madaling salita, mula sa pagtapak ni Obiena sa *runway*, hanggang sa tumalon ito't pumailanlang sa ere, hawak at tangan niya hindi lamang ang *pole*, kundi pati ang puso ng bawat Pilipino.



Bakas ng Kasaysayan

Selina Yvonne Seraspe Peralta

Ibinandera ni Lydia “Diay” De Vega-Mercado ang bandila ng mga kababaihan sa larangan ng pampalakasang kadalasang dinodmina ng kalalakihan. Sa paglipas ng mga taon, nasaksihan ng Pilipinas ang parada ng mga kumikininang na atleta sa iba't ibang larangan. Isa si Lydia sa mga bituing nagningning nang husto sa internasyonal na entablado at nagbigay ng kaluwalhatian at prestihiyo sa ating bansa, bitbit ang limpak-limpak na gantimpala sa *track and field* mula sa kabi-kabilang dako ng mundo. Subalit, nito lamang Agosto 10, 2022 ay ginulantang ni De Vega ang buong Pilipinas sa kaniyang pagpanaw sa edad na 57, sanhi ng *breast cancer* na apat na taon niyang nilaban. Gayunpaman, mananatiling isang inspirasyon at karangalan para sa Pilipinas ang kaniyang lakbayin sapagkat habambuhay na itong nakaakit sa kasaysayan, at ang naipong bakas ng kaniyang pagtakbo ay nag-iwan na ng bukas na pinto para sa mga atletang naghahangad na sumunod sa kaniyang mga yapak at gawing matunog ang kanilang pangalan sa buong daigdig.

Si De Vega ay pinarangalan sa Philippine Sports Hall of Fame noong 2018, “*It was not easy doing all the things that served as the reason for me to be one of the distinguished athletes who are given this honor. I’m happy to be part of the Hall of Fame.*” aniya sa kaniyang talumpati rito. Bagaman kasabay ito ng kaniyang pagkaka-*diagnose* ng *breast cancer*, hindi ito naging hadlang sa pagpapatuloy ng kaniyang karera hanggang sa dulo.

Bilang isang Bulakenyang mataas ang pangarap, si Diay ay tinaguriang Asia’s *fastest sprinter* ng kaniyang panahon matapos makapag-uwi ng isang kahanga-hangang gintong medalya mula sa 100-meter *dash* ng 1982 New Delhi Asiad. Tinalo niya rin

ang Queen of Indian *track and field* na si Pilavullakandi Thekkeraparambil Usha noong 1986 sa Seoul Asiad’s 100-meter *dash* bitbit ang rekord na 11.53 segundo upang masungkit ang isa pang gintong medalya para sa kaniyang koleksiyon. Sa buong kurso ng kaniyang tanyag na karera, nanalo siya ng 24 na medalya mula sa mga internasyonal na kompetisyon tulad ng Southeast Asian (SEA) Games, Asian Athletics Championships, at Asian Games, kung saan nagapi niya ang 15 ginto, anim (6) na pilak, at tatlong (3) tansong medalya.


Nagsimula ang kaniyang rurok ng katanyagan matapos umalingawngaw ang kaniyang pangalan noong 1981 nang siya ay 16 na anyos pa lamang. Sa kaniyang ikalawang paglahok sa SEA Games ay kumamada agad siya ng dalawang gintong medalya, isa sa mga ito ang pagkaripas niya ng takbo sa 200-meter *race* ng *female category* habang nagtatakda ng bagong Asian *record* na 23.60 segundo. Tila ba isang langit na hindi kayang abutin nino man si De Vega nang patuloy siyang mamayagpag sa *track and field* at maitaguyod ang kaniyang sarili bilang *sprint queen* ng kontinente. Ang kaniyang pambansang rekord na 11.28 segundo sa 100-meter *race* ay nanatiling nakaposte nang mahigit tatlong dekada bago ito mabasag ng Filipino-American na si Kristina Knott noong 2020.

Naging usap-usapan siya sa mga kuwentong hindi lamang sa pahayagang pampalakasan mababasa, kundi maging sa panimula, editorial, at mga balita tungkol sa lipunan. Mula sa pagiging panauhin sa mga *sitcom*, bumida rin siya sa isang dokumentaryong halaw sa kaniyang karera bilang isang atleta. Taong 2000, gumanap bilang *co-host* si De Vega sa *D o u b l e*

Team, isang lingguhang programang pampalakasan sa IBC 13. Bukod pa rito, siya rin ay lumabas noong 1982 sa Medalyang Ginto—isang pelikula tungkol sa kaniyang buhay na nagsalaysay ng kaniyang pag-akyat sa panginorin bilang isang internasyonal na kampeon.

Noong mga takipsilim na taon ng Martial Law, binuhay ni Lydia de Vega ang imahinasyon ng isang bansang uhaw sa mga bayani. Habang naninirahan ang kaniyang mga kababayan sa karimlan ng rehimen, siya ay nagsilbing tanglaw bilang isa sa mga pinakamahuhusay na mananakbo sa Asya at pumasok sa *elite racing club* na may isang *string* ng mga gintong medalya at rekord sa rehiyon. Bago siya nagpasiyag magretiro, nanalo siya ng isa pang gintong medalya sa 1993 SEA Games *sprint race* na ginanap sa Singapore. Bilang karagdagan, matapos niyang isampay ang kaniyang mga sapatos na pangkarera ay naging konsehal siya sa Meycauayan, Bulacan at nagsilbing *sports consultant* upang magbahagi ng kaniyang angking talento, husay, at karanasan sa mga *aspiring Filipino sprinters*.

Mapa-metro man o kilometro, mula sa pagtakbo hanggang sa pakikipaglaban, hindi maikakaila ang kontribusyon ng karangalan at tagumpay ni Lydia De Vega sa ating bansa. Bilang isang atletang tinaguriang may *world-class* na talento, hindi malilimutan ang kaniyang husay upang makamit ang tagumpay na tagumpay rin ng sambayanang Pilipino. Ang kaniyang karera sa *track and field* ay patuloy na nagbibigay ng pag-asa sa bawat taong pinapangarap ding maging ehemplo sa parehong larangan kung saan ay nag-iwan siya ng bakas sa kasaysayan ng pampalakasan. Subalit, hindi dapat manatiling bakas lamang ang legasiyang nasimulan niya, bagkus ay mag-iwan ng inspirasyon para ipagpatuloy pa ito.



BATANG MAKSCI, BIBIDA SA ENGAGE 2023

Lheiza Jhoy Juen Caro

Opisyal nang sinimulan ang ikalawang paglunsad ng *esports tournament* sa Makati Science High School (MSHS), ang Engage 2023, sa pangunguna ng Supreme Student Government (SSG) at Information Technology Core Group noong Mayo 19 *thru live streaming* ng MSHS-SSG Facebook (FB) *page*.

Magpapasiklaban ang mga kalahok mula Grade 7 hanggang Grade 12 sa tatlong laro: VALORANT at Mobile Legends: Bang Bang (MLBB) para sa multiplayer battle, at Tetris para sa individual game, mga opsiyong nakalikom ng pinakamaraming boto mula sa mga estudyante, ayon sa sarbey na isinagawa ng SSG sa kada batch ukol sa mga larong inirerekomenda nilang mapabilang sa torneo.

Muling sasabak ang Balorant Minecraft Wortnite mula sa Grade 12 Spectres para depensahan ang kanilang korona sa VALORANT habang susubukan namang bumawi ng Alpha Phenoms mula sa Grade 10 Phenoms at Unli

Blowout (dating CKZ) mula sa Spectres na kinapos sa *first* at *second runners-up* sa nakaraang Engage 2022; tatangkain ding dominahin ni Jazz “Aerobo” Asombrado ng Grade 11 Onse Alas ang Tetris kung saan siya ay itinanghal bilang *first runner-up*.

Lalahukan ng dalawang koponan mula sa bawat *batch* ang VALORANT at MLBB na mahahati sa Cluster 1 at Cluster 2 bago sumabak sa *best-of-three double eliminations*, kung saan kinapapalooban ng pitong *rounds* ang parehong laro.

Samantala, ang mga kinatawan sa Tetris ay sasailalim muna sa *elimination round* upang masala ang *overall* Top 8 bago magharap sa *best-of-three matches*.

Mahigpit na ipinagbabawal ng komite ang pagsali sa mahigit isang kategorya ng kompetisyon upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang mga interesadong lumahok at maiwasan ang pagkakaroon ng *conflict of schedule* sa araw ng laban.



BINASAG NA PANGARAP

ISPORTS EDITORIAL

Ginimbal ng World Athletics (WA) ang mundo ng palakasan nang ideklara nila ang paghihigpit sa *eligibility rules* simula Marso 31, 2023 ng mga lalahok sa *female events* sa internasyonal na entablado ng naglalayong pagbawalan ang pagsali ng mga *trans woman* na sumailalim sa *male puberty*. Ang isyu ay dumaan muna sa isang deliberasyon noong Marso 23, 2023 na dinaluhan ng International Olympic Committee, 40 *national federations*, *human rights groups*, at *trans groups*, bago maaprubahan matapos sang-ayunan ng mayorya. Samantala, ang desisyong ito ay umani ng batikos mula sa madla, partikular sa mga *trans athlete*, at nagpasiklab ng debate ukol sa tunay na ugat ng bagong polisiya.

Ang World Athletics ang ikalawang *international sporting body* na naglatag ng patakaran ukol sa pagbabawal ng mga *trans woman* sa *women's category*, kasunod ng pasiya ng World Rugby noong Oktubre 2021 at World Aquatics noong Hunyo 2022 kung saan una nang nagpahiwatig ng intensiyong gumaya ang WA President na si Sebastian Coe. Batay sa kaniya, pangunahing prayoridad nila ang ikabubuti ng mga kababaihang atleta kung kaya, para mapanatili ang pagiging patas sa *female events* at maprotektahan ang integridad nito ay napagkasunduan nilang *i-exclude* ang mga *trans woman* dahil sa mga tinatayang bentahe nila kontra sa mga biyolohikal na babae. Subalit, wala mang pag-aaral na kumontra sa dahilan ng WA sa pagbabawal ng mga *trans woman*, wala rin namang pananaliksik na sumusuporta rito. Tila nilalagyan natin ng bubog ang daan na gustong tahakin ng mga atletang ito patungo sa tugatog ng tagumpay nang walang dahilan.

Ayon sa World Athletics, ang isinagawa nilang hakbang ay isang *precautionary measure* ng asosasyon ukol sa kasalukuyang kakulangan ng pag-aaral na nagpapatunay na tuluyang natatanggal ang bentahe ng mga *trans woman* kontra mga *cis woman*. Binigyang-diin nila na kinailangan itong gawin upang hindi malagay sa alanganin ang estado ng mga babaeng atleta pagdating sa pakikipagpaligsahan.

"We continue to take the view that we must maintain fairness for female athletes above all other considerations," ani Coe. *"We will be guided in this by the science around physical performance and male advantage, which will inevitably develop over the coming years. As more evidence becomes available, we will review our position, but we believe the integrity of the female category in athletics is paramount."*

Agad naman itong kinontra ng mga *trans athlete* at isinaad na ito ay isang akto ng diskriminasyon laban sa mga *transgender*. Batay sa ulat ng Journal Sports Medicine noong 2017, matapos ang pagsusuri ng ilang pag-aaral ay walang natagpuang direkta at *consistent* na ebidensya ukol sa *athletic advantage* ng mga *trans woman*. Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Harper mula sa Loughborough University noong 2015 kung saan lalong bumaba ang *race time* ng walong *trans women* pagkatapos nilang sumailalim sa *transition period*, isang patunay na wala silang bentahe laban sa mga *cis woman*.

Karagdagan, dahil nga sa *rarity* ng *appearance* ng mga *trans woman* sa internasyonal na kompetisyon, hindi rin nabibigyan ng pagkakataong magsaliksik ukol sa potensyal na bentahe nila sa pisikal na aspeto. Hindi patas ang ginawang *exclusion* sa kanila sapagkat mistulang pinagsaraduhan agad sila ng pinto sa internasyonal na entablado sa kabila ng mahinang pundasyon ng pruwebang sumusuporta sa polisiyang gumigiba sa kanilang mga pangarap.

Sa 19 na *sports governing bodies* sa buong mundo, tatlo na rito ang nagpahayag ng kanilang pagtutol sa *inclusion* ng mga *trans woman* sa kani-kanilang kompetisyon sa loob lamang ng tatlong taon. Ang ganitong aksiyon ay maaaring magkaroon ng *domino effect* kung saan sunod-sunod na pagbabago ng polisiya ang ipatutupad ng mga tagapahamala ng pampalakasan para lamang maging "patas" ang sistema ng mga internasyonal na kompetisyon. Mistulang paatras na naman ang hakbang natin dahil sa kabila ng progresibong pagtanggap ng lipunan sa mga miyembro ng LGBTQIA+, isang *boundary* na naman ang itinatag ng mga nasa itaas upang pigilan silang tuluyang makaangkop sa mundong puno ng mapanghugang mata ng mga tao.

Tila naglalakbay sa isang mabubog at makipot na daan ang mga *trans athlete* dahil sa bulagsak na pamamalakad ng asosasyong dapat ay nangangasiwa sa karera ng mga atleta, kahit pa ito ay *established* na o papalapit pa lamang sa pagkamit ng katanyagan. Dahil sa limitadong oportunidad at walang humpay na balakid sa pag-abot ng kanilang mga pangarap na patuloy na natatanggap ng mga atleta, nagiging mas masalimuot ang bawat yapak nila kumpara sa mga atletang totoy at nene. Huwag sanang hayaan ng mga nasa tuktok na maaksaya at mauwi sa wala ang talentong taglay ng mga atletang ito at maging sanhi ng pagbaba ng kalidad ng isports sa hinaharap. Nawa'y mapakinggan ang boses ng mga *trans advocate* upang maintindihan din ng madla na kailanman ay hindi *exclusion* ang magiging susi sa patas na kompetisyon kung ang tanging pinag-uugatan nito ay hindi siyensya, kundi diskriminasyon sa mga *transgender* na ang tanging hangad ay magkaroon ng platapormang magbibigay-daan upang maibida nila ang kanilang husay at galing sa isports nang hindi nagiging hadlang ang kanilang *gender identity*.

DIAZ, BUMIRA SA 2022 IWF WORLD CHAMPIONSHIPS

Deyzon Christian Crisostomo Entrata

Kumpleto na ang koleksiyon!

Ibinandera ni Olympic *gold medalist* at *world champion* Hidilyn Diaz ang kaniyang husay at nag-uumpapaw na determinasyon sa larangan ng *weightlifting* matapos humakot ng tumataginting na tatlong gintong medalya sa *women's 55-kilogram division* ng International Weightlifting Federation (IWF) World Weightlifting Championships na ginanap sa Bogota, Colombia noong Disyembre 8, 2022.

Muling nagpasiklab si Hidilyn Diaz upang mapasakamay ang matagal na niyang minimithing World Championship crown sa kaniyang koleksiyon na kinabibilangan ng mga gintong medalya mula sa Olympics, Asian Games, at Southeast Asian Games.

Niyanig ni Diaz ang entablado matapos magtala ng dumadagundong na 207 *kilograms total lift*, dahilan na gumapi sa pag-aasam sa ginto ng pambato ng *host country* na Colombia, Rosalba Morales, na kumamada ng 199 na *kilograms* na muntik pang maungusan ng 198 *kilograms* ni Ana Gabriela ng Mexico.

Sinelyuhan na agad ng *world champion* ang una niyang ginto nang pumoste siya ng 93 *kilograms* sa *snatch* na sinundan naman ng 114 na *kilograms* sa *clean and jerk* na

malinaw na sumungkit sa ikalawa niyang ginto.

Bitbit-bitbit ang hangaring magtatag ng *personal best* ng taon, sinubukan pa ni Hidilyn na buhatin ang 117 *kilograms* at 121 *kilograms* ngunit nabigo siya.

"Finally, I win at the World Championships. I'm so happy with that," panayam ni Diaz sa *website* ng IWF.

Matatandaang kinapos sa tansong medalya ang pambato ng Pilipinas sa *women's 53-kilogram division* noong 2015 sa Houston at 2017 sa Anaheim habang sa *women's 55-kilogram division* naman noong 2019 sa Pattaya, Thailand.

Bahagi ang kompetisyon sa Bogota ng *bid* ni Diaz na maging kalipikado para sa Paris 2024, kung saan hinahangad niya ang kaniyang ikalimang paglahok sa Olympics.



PANDAIGDIGANG LAKAS. Buhat ni Diaz ang mahigit 55 kilong barbel at ang pangalan ng Pilipinas nang masungkit niya ang ginto sa IWF World Championships.

NU Lady Bulldogs, nilapa ang DLSU Lady Archers, 76-64

Muling ipinamalas ng National University (NU) Lady Bulldogs ang kanilang bangis sa University Athletic Association of the Philippines (UAAP) Season 85 Women's Basketball Championship sa Mall of Asia Arena noong Disyembre 11, 2022 matapos ang lantarang dominasyon kontra De La Salle University (DLSU) Lady Archers, 76-64, todas ang mga tiradores.

Sinunggaban ng Lady Bulldogs ang kanilang ikapitong sunod na kampeonato, resulta ng malinis na *finals round* laban sa Lady Archers sa pangunguna ni Kristine Cayabyab na nagtala ng mahigit-kumulang 12.5 puntos, 5.5 *rebounds*, 2.5 *steals*, at 1.5 *assists* kada laro na siya ring naging dahilan upang maitanghal ang manlalaro bilang Rookie Finals Most Valuable Player.

Samantala, rumatsada naman si Charmaine Torres, isang beterano at punong arker, sa huling laban ng taon upang pangunahan ang Lady Archers sa kanilang unang

final four appearance makalipas ang higit kalahating dekadang dayukdok, tangan ang 29 na puntos, pitong (7) *rebounds*, at limang (5) *steals* sa kabiguan.

Matatandaang kamakailan lamang nang nasilat ng parehong kalaban ang 108-win *streak* ng Lady Bulldogs matapos maagaw ng Lady Archers ang panalo sa isang dikkidang sagupaan sa *final four*, 61-57.

"Mas naging together kami after namin matalo," ani Cayabyab, ang guwardiyang panagupa ng NU.

Ang makasaysayang 7-peat ng Lady Bulldogs ang naglagay sa koponan sa mapa ng ilan sa mga tinaguriang *winningest* UAAP *women's team* kahanay ng University of Santo Tomas at iba pang mga unibersidad habang napantayan din nila ang rekord na dati nang naisakongkreto ng University of the East Red Warriors mahigit limang dekada na ang nakararaan.

Kim Oliver Mira Santiago



KAGAT NG BULLDOGS. Determinasyon at pagkakaisa, pinairal ng NU Lady Bulldogs laban sa DLSU Lady Archers sa naganap na Season 85 Women's Basketball Championship.



CASEY DE LEON, NASULOT ANG GINTO SA 2022 ASIAN TAEKWONDO CHAMPIONSHIP

Selina Yvonne Seraspe Peralta

Nagpakawala ng mga malakabayong lakas na sipa si Casey De Leon mula sa 10-Faraday ng Makati Science High School matapos humirit ng 7.499 na *average point*, kasama ang *cadet women's team*, para masukbit ang gintong medalya sa 4th Asian Cadet Poomsae Taekwondo Championships 2022 na isinagawa sa Ho Chi Minh City, Vietnam noong Agosto 22, 2022.

Kabalikat ng atleta ang kaniyang mga kasamahan na sina Acey Oglayon at Julianna Uy mula sa Smart/MVP Sports Foundation National Taekwondo team upang sikwatin ang gintong medalya.

"There were times I

wanted to give up. However, since I trained with the best of the best taekwondo athletes, we were taught to pull each other up which is why I was indeed motivated and inspired to work harder and catch up with them," ani Casey na unang beses sumabak sa internasyonal na entablado.

Nagpatikim muna ng 7.732 na puntos sa *first form* ng Poomsae ang koponan bago kumamada ng 7.266 na puntos sa *second form* para tuluyang wakasan ang torneo.

Sa huli, nakamit ng *cadet women's team* ang *average point* na 7.499 na siyang naging tulay upang mapasakamay nila ang

minimithing gintong medalya.

Pinuntirya naman ng Philippine National Cadet & Junior Poomsae team ang pagbibigay-dangal sa Pilipinas matapos masungkit ang limang (5) ginto, dalawang (2) pilak, at apat (4) na tansong medalya mula sa torneo.

Muling namayagpag si De Leon sa larangan ng *taekwondo* buhat ang kaniyang pagkapanalo ng gintong medalya bilang isa sa mga kinatawan ng Makati sa Regional Athletic Meet (NCR Palaro 2023) Taekwondo Poomsae for Girls Secondary Level na ginanap nito lamang Abril 25, 2023 sa Taguig City University.

Yulo, Nagpasiklab sa 51st FIG-AGWC

Nagpakitang-gilas ang *world champion gymnast* na si Carlos Edriel "Caloy" Yulo matapos makasungkit ng tanso't pilak na medalya at tanghalin bilang 8th overall sa *men's all-around finals* ng 51st Fédération Internationale de Gymnastique Artistic Gymnastics World Championships (FIG-AGWC) na ginanap sa M&S Bank Arena ng Liverpool, England noong Nobyembre 4, 2022.

Muling sumabak ang kampeon sa FIG-AGWC sa ikaapat na pagkakataon at nagtangkang bumawi matapos pagkaitan ng puwesto sa nakaraang 50th FIG-AGWC *all-around finals* na ginanap sa Kitakyushu, Japan noong Oktubre 2021, taliwas sa mga nauna na niyang naisukbit na 23rd place at 10th place sa 48th at 49th FIG-AGWC.

Ibinunyag ni Yulo ang kaniyang halos perpektong *pike form* sa *men's vault* upang matamo ang kabuoang puntos na 14.950 at maibulsa ang pilak na medalya, pangalawa lamang kay Artur Davtyan ng Armenia na nakuha naman ang gintong medalya sa puntos na 15.050.

Hindi rin nagpahuli ang Pinoy sa *men's parallel bars* at ipinamalas ang kaniyang husay sa pamamagitan ng kaniyang kagila-

gilalas na *Bhavsar*, magandang *form*, at nakamamanghang *double front half out landing*, dahilan upang mapasakamay niya ang tansong medalya at kabuoang iskor na 15.366 puntos.

Higit pa rito, nagtala si Caloy ng 82.098 puntos sa *men's all-around finals* ng kompetisyon na nagbigay-daan sa kaniya upang maiposte ang titulong 8th overall, isang malaking pag-unlad sa huli niyang pakikipagsapalaran sa 50th FIG-AGWC.

Sa kabilang banda, hinablot naman ni Daiki Hashimoto ng Japan ang gintong medalya sa puntos na 87.198, habang kinapos sa pilak si Zhang Boheng ng China bitbit ang 86.785 puntos at humirit naman sa tanso si Wataru Tanigawa

ng Japan tangan ang 85.231 puntos.

"I am speechless after the six events, because I'm battling with myself. It was really hard. Overall, the experience was really good. I am in the top eight, it's not bad and it's still a big achievement for me," ani Caloy na naging masaya pa rin sa kaniyang nakamit sa kabila ng kaniyang pagkabigong makakuha ng *podium finish*.

Patuloy na aarangkada ang atleta sa paghahangad na mas pagbutihin pa ang kaniyang mga teknik sa 52nd FIG-AGWC na gaganapin sa Antwerps Sportpaleis Arena ng Antwerp, Belgium sa darating na Setyembre 29, 2023.

Josemaria Trinidad Gonzales



LALABAN HANGGANG YULO. Yulo, pinaigting ang puwersa sa kaniyang routine sa 51st FIG-AGWC.



GINASGAS NG GAZZ. Buong-pusong lumaban ang Petro Gazz Angels kontra Signal HD Spikers gamit ang kanilang lakas at pagtutulungan bilang isang koponan.

Petro Gazz, Namayagpag sa PVL Reinforced, 2-0 kontra Signal

Reynald Karl Antonio Vidal

Pusong Kampeon.

Muling pinatunayan ng Petro Gazz Angels na sila ang reyna sa Premier Volleyball League (PVL) Reinforced Conference matapos pataubin ang Signal HD Spikers sa game 2 ng *best-of-three finals*, sa mga iskor na 25-17, 22-25, 25-12, at 25-22 sa PhilSports Arena noong Disyembre 6, 2022.

Nilampaso ng Angels ang HD Spikers sa pangunguna ng kanilang *best import* at Finals Most Valuable Player, Lindsey Vander Weide, na nagpakawala ng lumalagablab na mga palo at matitibay na depensa, dahilan sa kaniyang 19-point *game all out performance*.

Hindi naman nagpahuli ang mga lokal na manlalaro kagaya nina Remy Palma, 2nd Best Outside Spiker na si Myla Pablo, Djanel Cheng, at Shiela "Bang" Pineda na nagtala ng kabuoang 35 puntos at 22 *excellent digs*, kasama ang 26 na *excellent sets* ni Cheng para pangunahan ang umaatikabong atake ng Angels.

"Masaya kasi parang dito lang ako sa team na 'to magkaka-champion. I

mean, ang dami ko nang lipat, tapos bumabalik at bumabalik pa rin talaga dito. So, isa sa happy place ko 'tong team," saad ni Cheng, isang beteranong *setter* na nagbalik noong 2022 sa Angels bilang *starting setter*.

Bagaman bigo ang Signal na makuha ang korona, umangat naman ang kanilang ranggo nang sila ay makahakot ng dalawang magkasunod na *bronze medal finish* sa *open* at *invitational conference* habang ang Creamline Cool Smashers ay lumagapak sa ikatlong puwesto matapos matalo sa *pointing system*, dahilan para mabigo silang makatapak sa *finals*.

Naging kaabang-abang ang torneo at kampeonato ng Petro Gazz dahil ito ang kauna-unahang *volleyball reinforced conference* na ginanap sa Pilipinas matapos ang dalawang taong pagpapaliban nito dahil sa pandemya.

Target ni PVL President Ricky Palou ang mas pinaraming *venue* ng mga laro kagaya sa Cagayan de Oro, Cebu, at Iloilo kung saan umariba ang mga Pilipinong manlalaro noong Pebrero 2023 sa PVL Open Conference.